

Template ng Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Pagdalo (2020–21)

Ang mga tagubilin para sa pagkumpleto ng Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Pagdalo ay available sa <https://www.cde.ca.gov/re/lc/documents/lrngcntntyatndncpln-instructions.docx>.

Pangalan ng Lokal na Ahensyang Pang-	Pangalan at Titulo ng Contact	Email at Telepono
Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Stockton	Connor Sloan, Ed.D. Direktor, LCAP	csloan@stocktonusd.net 1-209-933-7040

Pangkalahatang Impormasyon

[Isang paglalarawan ng epekto ng pandemya ng COVID-19 sa LEA at sa komunidad nito.]

Direktang naapektuhan ng pandemya ng COVID-19 ang buong komunidad ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Stockton (Stockton Unified School District, SUSD) at naapektuhan nito ang buhay ng ating mga mag-aaral, tauhan, pamilya, at komunidad sa paaralan. Dahil sa epekto ng pandemya ng COVID-19, napilitan ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Stockton (SUSD) na isara ang lahat ng mga gusali, tanggapan, at pasilidad mula sa publiko simula Marso 17, 2020, para matiyak ang kaligtasan at kalusugan ng mga mag-aaral, tauhan, at pamilya. Nagkaroon ng sistemikong epekto ang pandemya ng COVID-19 sa lohistika ng pagtuturo at pagpapatakbo sa buong SUSD at nagpakita ito ng mga hamon sa mga mag-aaral at pamilya sa pag-access ng mga pangunahing serbisyo. Sa buong panahon ng pandemya, nagpatuloy ang SUSD sa pagkakaloob ng malayuang pag-aaral, pagbabahagi ng pagkain ng mga mag-aaral, propesyonal na pagpapaunlad, at mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, pakikipagkapwa at emosyon at pisikal na kapakanan para sa mga mag-aaral, tauhan, at pamilya. Dahil sa mga regulasyon sa kalusugan at kaligtasan na iniatas ng estado ng California, ibinigay ng SUSD ang lahat ng mga karanasan sa paaralan sa bakasyon sa tag-araw at propesyonal na pagpapaunlad sa pamamagitan ng mga plataporma para sa malayuang pag-aaral at sinimulan nito ang taong pampaaralan na 2020-2021 nang nagbibigay ng malayuang pag-aaral sa lahat ng mga nakatalang mag-aaral, habang nagbibigay ng mga pagkain sa mga nakatalang mag-aaral at may oportunidad na kunin ang agahan, tanghalian, at hapunan mula sa 28 lugar ng paaralang makikita sa buong hangganan ng pagdalo ng distrito. Lahat ng mga lugar ng paaralan ay may kawani sa lugar tuwing linggo para tugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral at pamilya sa pamamagitan ng appointment at nang sumusunod sa mga patnubay at protokol para sa kaligtasan at kalusugan. Ang mga pagkagambalagang dulot ng pandemya ng COVID-19 ay nakagawa ng mga karanasan ng trauma na kaugnay sa pisikal na paglayo na nagdudulot ng mas maraming kawani, mag-aaral at pamilya na nakakaranas ng pagkabalisa at trauma mula sa pagbubukod at pagdiskonektang kahanay ng pagkakalayo ng mga komunidad ng paaralan mula sa isa't isa sa panahon ng pandaigdigang pandemya.

Bilang tugon sa mga pagsasara ng mga gusali ng paaralan, ginawang available ang mga numero ng hotline para magkaroon ng access ang mga stakeholder sa direktang pakikipag-usap para sa suporta sa Teknolohiya, tulong sa Malayuang Pag-aaral, mga Nars ng Distrito, mga Tagapayo sa Mababa at Mataas na Paaralan, mga Clinician para sa Kalusugan ng Pag-iisip, at kawani para sa Kapakanan ng Bata at Pagdalo. Lubos na naapektuhan ng COVID-19 ang oras ng pagtanggap at pagbabahagi ng mga kinakailangang kagamitan (hal., mga Personal na Pamprotektang Kagamitan (Personal Protection Equipment, PPE), laptop, hot spot ng WiFi, supply para sa pagtuturo, planner para sa organisasyon ng mag-aaral, plexiglass na harang). Patuloy na nagbibigay ang Distrito ng mga pagkakataon para sa mga stakeholder na magbigay ng feedback at input tungkol sa mga pangangailangan at tumugon sa mga pangangailangang ito sa pinakamabilis at pinakamalikhain paraan na makakaya sa loob ng "bagong realidad" na ginawa ng COVID-19 kung saan dapat tayo mabuhay. Nagtulungan ang mga kawani sa pagtuturo sa pagbuo ng mga iskedyul para sa pagtuturo sa malayuang pag-aaral, sistema ng magkakasabay at di-magkakasabay na karanasan sa pag-aaral, virtual na Back to School Night, at binigyan sila ng propesyonal na pagpapaunlad na nakatuon sa paghihikayat ng paglahok ng mga mag-aaral gamit ang de-kalidad at masinsinan na malayuang pag-aaral habang tinitiyak

na may access ang mga mag-aaral at kanilang mga pamilya sa lahat ng mga kurikulum online na nakahanay sa mga pamantayan at access sa kanilang mga pisikal na libro at magagamit na workbook sa pag-aaral. Ang mga pagbabago sa mga programa at mga pagsasara ng mga gusali sa distrito para matugunan ang emergency ng COVID-19 ay nagpakita ng malaking epekto sa mga mag-aaral, kawani, at pamilya.

Ilan sa mga pinakaseryosong epekto ng pagsasara ng mga gusali ng paaralan ay ang mga hamon sa pagtiyak na lahat ng humaharap sa kakapusan ng pagkain ay nabibigyan ng mga pagkain, na mayroong access ang lahat ng mag-aaral sa isang computer/laptop at kakayahang i-access ang internet, sa pagbigay ng indibidwal at panggrupong pagpapayo at mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, sa pagpapanatili ng pakikipag-ugnayan at pagbibigay ng mga direktang serbisyo sa mga pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon na madalas nagbabago ang tirahan at numero sa pakikipag-ugnayan, at pagtiyak na mayroong indibidwal na ugnayan sa mga nasa hustong gulang ang mga mag-aaral na kailangan at nakakatanggap na nito para sa mga serbisyo tulad ng pisikal at occupational na terapiya, terapiya sa pananalita, at suporta sa paggalaw at pisikal na suporta para sa mga mag-aaral na hindi nakakagalaw mag-isa. Ang epekto ng pananatili sa tirahan para sa kaligtasan, malayuang pag-aaral, at hindi pakikisalamuha sa mga kaklase at katrabaho nang personal, karanasan ng pag-aaral sa pamamagitan ng malayuang interaksyon, at pagsali sa mga pagdiriwang sa pagtatapos at simula ng bagong taong pampaaralan, promosyon, at pagtatapos nang virtual, ay nagpakita ng mga epekto sa pakikipagkapwa at emosyon at kalusugan ng pag-iisip na hindi pa natin nararanasan bilang sistema ng paaralan at komunidad. Direktang epekto ng pandemya ng COVID-19 ang: direktang pagtuturo at pag-aaral ng mag-aaral na nangyayari sa loob ng tirahan ng mag-aaral sa harap ng computer, at ang karamihan ng tinuturong pag-aaral at suporta ay nangyayari sa pamamagitan ng mga malayong plataporma, inoobserba bilang isang sistema ang pinalaking pangangailangan para sa access sa mga gawing may kaalaman sa trauma at nagpapanumbalik para sa lahat ng mag-aaral, ginagampanang papel ng pamamahala at pakikilahok ng parehong mga nasa hustong gulang at mag-aaral sa loob ng "bagong realidad" na dala ng pandemya ng COVID-19, hindi pisikal na pananatili sa kuwarto kasama ang kanilang mga guro at pananatili ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan mula Lunes hanggang Biyernes tuwing tradisyonal na oras ng pag-aaral, pag-aaral na nakatuon sa paggamit ng online na malayuang pag-aaral, matagalang pananatili sa harap ng computer ng mga mag-aaral at nasa hustong gulang araw-araw, pagsisikap ng mga magulang at tagapangalaga na suportahan ang pag-aaral ng kanilang anak sa loob ng kanilang tirahan, mas pinalaking pangangailangan para sa pangangalagang may kaalaman sa trauma at pagtuturo at pag-aaral na naaangkop sa kultura at wika, at pagtugon sa lahat ng mga paghihirap na pinansyal, pangkalusugan, pangkaisipan, emosyonal, at panlipunang kaugnay ng pandemya ng COVID-19 at nakahanay sa mga karanasan sa pananatili sa tahanan nang matagal. Napakalawak ng naaabot ng mga epekto ng pandemya ng COVID-19 sa komunidad at ipinakita nito ang kolektibong pakiramdam ng pagkaapura sa pagtugon sa mga pangangailangan sa pakikipagkapwa at emosyon at pangangailangang akademiko ng mga mag-aaral, kawani, at pamilya.

Noong tagsibol at tag-araw ng 2020, nagtrabaho ang SUSD kasama ang mga stakeholder, nagbigay ng mga pagkakataon para sa mga stakeholder na magbigay ng feedback tungkol sa kanilang kagustuhan na maka-access ang mga mag-aaral ng mga aralin sa pamamagitan ng mga ligtas at malusog na modelo ng pagtuturo sa espasyo ng pisikal at/o malayuang pag-aaral, habang nagpaplano para sa mga estratehikong sistema ng pag-aaral at kaukulang aksiyon na kailangang ibigay sa mga mag-aaral para direktang makatulong sa pag-unlad ng mga kasanayan na nakabatay sa mga pamantayan ng bawat baitang, suporta sa kalusugan ng pag-iisip at kalagayan ng pakikipagkapwa at emosyon para matugunan ang mga nararanasang hamon sa pag-access sa pag-aaral noong tagsibol at tag-araw dahil sa mga epekto ng pandemya ng COVID-19. Bilang Distrito, pinapahalagahan namin ang pangangailangan na tugunan ang lahat ng mga layunin sa pag-aaral ng mga mag-aaral at pag-unlad sa pakikipagkapwa at emosyon sa makatarungang paraan, nang nakatuon sa pagtulong sa mga pangangailangan ng ating kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng wikang Ingles, pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, mababa ang kita, at grupo ng mag-aaral na kailangan ng espesyal na edukasyon. Sa pagbibigay ng mga kinakailangang serbisyo para sa akademiko, nutrisyon, pag-iisip at kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyon sa mga mag-aaral, kawani, at pamilya, nakahanay ang aming Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Pagdalo sa mga inaasahan ng lahat ng mga utos sa pampublikong kalusugan ng estado at county para matiyak na tayo bilang Distrito ay ligtas na natutugunan ang mga pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbigay ng anumang antas ng pagtuturo ang pinapahintulutan habang patuloy tayong umaangkop sa bagong realidad na dala ng mga epekto ng COVID-19 at habang kinikilala ang patuloy na nagbabagong katangian ng pandemyang ito.

Pakikilahok ng Stakeholder

[Isang paglalarawan ng mga pagsisikap na ginawa para makakuha ng feedback ng stakeholder.]

Ang kabuuang pagsisikap at proseso para sa pakikilahok ng mga stakeholder na ginawa ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Stockton (SUSD) para sa pagbibigay ng pagkakataon sa pagbibigay ng feedback ng stakeholder para sa mga mayroon at walang access sa internet ay kinabibilangan ng mga survey, pagtatanong sa telepono, talakayan ng komunidad sa virtual na online na paraan at sa pamamagitan ng pagtawag, direktang pagtawag sa mga pamilya, nagtutulungang pagpupulong ng departamento pagdating sa estratehikong pakikipag-ugnayan sa mga pamilyang humaharap sa mga hamon sa pagkonekta, pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng social media, pagpupulong ng tagapayong komite ng magulang/tagapangalaga ng distrito, pamphlet at dokumentong nagbibigay ng impormasyon na ibinibigay sa mga lokal na tindahan sa komunidad, estratehikong pakikipag-ugnayan ng kawani sa pamamagitan ng pagbisita sa tahanan at pagtawag sa mga pamilyang humaharap sa mga hamon sa pagkonekta at komunikasyon, pakikipagsosyo sa mga lokal na organisasyon para sa mga pagsisikap sa pakikipag-ugnayan at pakikilahok, at nagtutulungang talakayan kasama ng SUSD union at mga lider ng departamento. Nagbigay ang SUSD ng mga pagkakataon sa pamamagitan ng mga malayuang plataporma para sa nagtutulungang talakayan tungkol sa iba't ibang iminungkahing ipatupad na modelo ng pagtuturo/pag-aaral na pinapahintulutan sa loob ng iba't ibang antas ng pagtuturo ayon sa kalusugan sa pandemya, kung saan mapipili ng mga kalahok kung sasali sila sa pamamagitan ng computer, telepono, o pagpapadala ng kanilang mga komento at tanong sa Distrito sa pamamagitan ng sulat. Inalok at ibinigay ang mga serbisyo sa pagsasalin/interpretasyon tuwing mga talakayan para sa pakikilahok ng mga stakeholder at ibinigay sa iba't ibang wika ang mga survey. Isang forum para sa pakikilahok ng mga mag-aaral ang isinagawa na may panel ng mag-aaral at nagbigay ito ng mga pagkakataon para maibahagi ng mga mag-aaral ang kanilang iniisip at pangangailangan na nakahanay sa malayuang pag-aaral at pag-access sa mga mapagkukunan para sa kalusugan sa pakikipagkapwa at emosyon at sa kalusugan sa pag-iisip. Nagbigay ng pagkakataon ang SUSD sa Tagapayong Komite ng Komunidad (Community Advisory Committee, CAC), Tagapayong Komite para sa Mag-aaral ng Ingles ng Distrito (District English Learner Advisory Committee, DELAC), at Tagapayong Komite para sa Magulang (Parent Advisory Committee, PAC) para magbahagi ng mga pangangailangan, feedback, at pananaw na nakahanay sa pagbubuo ng Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Pagdalo. Nagsagawa ng mga virtual na town hall, sesyon sa pakikinig, at espesyal na sesyon para sa pag-aaral ng lupon, at nagbigay ang mga ito ng mga pagkakataon para maibahagi ang feedback ng mga stakeholder at ginamit ang mga ito para magbigay ng kaalaman sa Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Pagdalo; ginawa ang mga pagsisikap na ito sa parehong oras na nagsagawa ng mga survey at poll sa telepono bilang mga paraan ng pakikipag-ugnayan at pakikilahok ng mga stakeholder para makapagbigay sila ng mahalagang input na ginamit sa proseso ng pagpapalano ng SUSD para matugunan ang estratehikong pagpaplanong nakatuon sa akademiko, pagdalo, pakikilahok ng mag-aaral at pamilya, kalusugan ng pag-iisip at kalagayan ng pakikipagkapwa at emosyon, kultura at pagkakapantay-pantay, mga serbisyonang nutrisyonal at pangkalusugan, at mga lohistika ng malayuang pag-aaral. Bumuo ng isang gabay na aklat sa Malayuang Pag-aaral sa pakikipagtulungan ng mga kawani at pakikibahagi at input ng mga pamilya, at ibinigay ang gabay na aklat sa mga pamilya at isinalin sa iba't ibang wika. Sinuri ang feedback at input ng mga stakeholder, ginamit ang pagsusuri ng datos para matukoy ang mga trend na lumabas mula sa feedback na natanggap mula sa mga stakeholder, natukoy ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral, kawani, at pamilya, at pinag-isipan ang mga lohistika sa kalusugan, kaligtasan, at pagtuturo para sa pagbibigay ng de-kalidad at masinsinan na pagtuturo, isinagawa ang isang pampublikong pagdinig na nagbigay ng mga pagkakataon para sa feedback ng mga stakeholder tungkol sa mga partikular na kilos at gastos na iminungkahing isama sa Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Pagdalo (Learning Continuity & Attendance Plan, LCP) at ipinaskil sa website ng SUSD at may papel na kopyang makukuha sa tanggapan ng Distrito, sumagot nang pasulat ang superintendente sa mga tinanong tuwing mga pagpupulong ng CAC, DELAC, at PAC, at isinagawa ang isang pampublikong pagdinig sa plano noong pagpupulong ng lupon noong Setyembre 15 bago tapusin at ipatupad ang Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Pagdalo (LCP) sa isang pampublikong pagpupulong ng lupon ng SUSD noong Setyembre 22, 2020. Nagsimula ang SUSD sa paghikayat na sumali ang mga stakeholder noong tagsibol 2020 sa proseso ng pagpapalano sa pagbibigay ng serbisyo sa pagpapatuloy ng pag-aaral bilang pagsisikap na gamitin ang proseso ng estratehikong pagpapalano para matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral, pamilya, at kawani sa pamamagitan ng isang nagtutulungang proseso ng pagbubuo.

[Isang paglalarawan ng mga opsyong ibinigay para sa malayuang pakikilahok sa mga pampublikong pagpupulong at pampublikong pagdinig.]

Isinulong ng SUSD ang pakikilahok ng mga stakeholder sa pamamagitan ng mga tawag sa telepono, mga text message, mga opsyon sa email, pakikipag-ugnayan sa social media, komunikasyon sa lugar ng paaralan sa mga pamilya, pagbabahagi ng mga petsa at paraan para kumonekta at makilahok sa mga pampublikong pagpupulong tuwing mga pagpupulong ng komite para sa magulang/pamilya, pagkakataong ihulog ang nakasulat na feedback o suhestiyon sa tanggapan ng Distrito, at pag-post sa website ng mahahalagang impormasyon at access sa mga mapagkukunang nakahanay sa Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Pagdalo. Ang pagtawag sa telepono at/o pagkonekta gamit ang mga malayuang opsyon sa computer device at pagpapadala ng nakasulat na komento ay ibinigay para sa paglahok sa mga pampublikong pagpupulong at pampublikong pagdinig na nakahanay sa Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Pagdalo (LCP). Lahat ng mga pampublikong pagpupulong ay maaaring i-access ng mga stakeholder na piniling kumonekta sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o sa elektronikong paraan, para obserbahan at kausapin ang Lupon ng Mga Katiwala ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Stockton (SUSD). Nagpadala ng mga email, text message, at tumawag, nang sumusunod sa listahan ng Distrito ng mga nakatalang mag-aaral, para ipaalam sa mga stakeholder ang tungkol sa mga pampublikong pagpupulong at kung paano kokonekta sa mga pagpupulong, pati na rin mga post sa social media na ipinapaalam sa mga stakeholder ang tungkol sa mga pampublikong pagpupulong at mga tuntunin sa kung paano i-a-access ang mga pagpupulong ng Lupon ng SUSDT at mga serbisyo sa pagsasalin para sa mga pampublikong pagpupulong. Ipinalam sa mga stakeholder ang mga pagpupulong na nakatuon sa mga paksang sumusunod sa Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Pagdalo sa pamamagitan ng mga email, pagtawag sa telepono/text, post sa website, at pakikipag-ugnayan sa social media.

[Isang buod ng feedback na ibinigay ng mga partikular na grupo ng stakeholder.]

Ang mga ideya at trend na lumabas mula sa pagsusuri ng feedback mula sa mga stakeholder ay pangunahing nakatuon sa pangangailangan ng access ng mga mag-aaral sa mga laptop at hot spot ng WiFi para matiyak ang pagkonekta mula sa kanilang tirahan, ang pangangailangan para sa pagpapayo at serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na handang matanggap ng mga mag-aaral at bilang suporta sa pagtugon sa kapakanan ng mga kawani at pamilyang konektado sa mga nakaka-trauma na epekto ng pandemya ng COVID-19, mga pag-aaral sa pakikipagkapwa at emosyon na ituturo at ibinigay sa malayuang pag-aaral, propesyonal na pagpapaunlad para sa mga nagtuturong kawani tungkol sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga plataporma sa malayuang pag-aaral at tool sa virtual na pagtuturo, mga workshop at pagsasanay para sa mga pamilya tungkol sa kung paano gumamit ng computer at pagsuporta sa kanilang mga anak gamit ang mga mapagkukunan sa malayuang pag-aaral, pagkakaroon ng direktang access ng mga mag-aaral sa mga guro at na higit na hamon ang malayuang pag-aaral para sa mga mag-aaral na mga nasa unang baitang at mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan, access ng mga mag-aaral sa tulong sa pag-tutor at takdang aralin, at pagtugon sa mga pangangailangan sa pangangalaga ng bata ng mga esensyal na manggagawa. Ilan sa ibang ideya at trend na lumabas ay ang pangangailangan ng mga mag-aaral na magkaroon ng virtual/malayuang espasyo para makipagkapwa, kausapin ang ibang mag-aaral at makipagkaibigan sa oras na hindi para sa akademikong pag-aaral, pagsasanay sa kawani para sa mga serbisyo ng malayuang Personalisadong Programa ng Edukasyon (Individualized Education Program, IEP), inirekord na mga aralin para ma-access ang mga ito ng mga mag-aaral at pamilya para sa nagpapatuloy na pag-aaral at suporta, at ang pagnanais na magbigay ng personal na pagtuturo ang mga paaralan sa mga mag-aaral kapag pinapahintulutan.

Ibinahagi ng mga mag-aaral at pamilya na hamon ang pananatiling konektado sa live na pagtuturo paminsan-minsan dahil nawawalan ng koneksyon ang mag-aaral o guro sa live na pagtuturo at mawawala mula sa grupo ng pagtuturo sa silid-aralan, at kakailanganin nilang mag-log in muli. Ayon sa isang tema ng feedback mula sa mga pamilya, lubos na magpapasalamat sila para sa pasensya at pag-unawa tungkol sa mga problema sa internet at pagkonekta sa live na pagtuturo sa silid-aralan dahil nagsisikap ang lahat para mapagana ito sa kanilang sitwasyon. Ibinahagi ng mga mag-aaral na nagpasalamat sila sa pangangailangan ng pasensya at pag-unawa sa kanila dahil hindi nila laging nagagamit ang kanilang camera dahil sa mga problema sa bandwidth at hindi pag-on palagi ng kanilang mikropono dahil sa mga nakakaabalang bagay na nangyayari sa kanilang paligid sa oras ng malayuang pag-aaral. Isang karaniwang tema sa mga sertipikado at klasipikadong feedback ng kawani ay na mayroong malaki at mabilis na inaasahang kurba sa pag-aaral pagdating sa pakikiangkop sa mga anyo ng malayuang pag-aaral at iba't ibang plataporma, at ang kahalagahan ng hindi pababago-bagong iskedyul sa araw ng paaralan para sa malayuang pag-aaral hangga't maaari para makapagbigay sa mga mag-aaral at pamilya ng hindi pabago-bagong maaasahan tungkol sa kung ano ang hitsura ng paaralan tuwing malayuang pag-aaral. Ibinahagi ng mga kawani ang kahilingan para sa pagsasanay sa paggamit ng mga digital na tool para matiyak na naa-access ng mga mag-aaral ang pag-aaral at hikayatin ang paglahok ng mga mag-aaral. Ibinahagi ng mga pamilya at kawani ang isang magkaparehong tema sa kanilang feedback, na kailangan ng mga pamilya at mag-aaral ng pagsasanay sa kung paano i-access ang mga online na tool sa pag-aaral at paano mag-log on sa virtual na silid-aralan na may mga karagdagang

suporta para sa mga mag-aaral na nahirapang makisali sa pag-aaral sa silid-aralan sa parehong iniaalok na malayuang pag-aaral at personal na pagtuturo. Partikular na ibinahagi ng mga pamilya ang tema sa kanilang feedback na nais nila ng personal na pangangamusta ng mga kawani sa mga mag-aaral na nahihirapan sa malayuang pag-aaral, para malaman kung nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga takdang aralin, kung kailangan ng suporta sa pag-tutor, at kung uamusta ang kanilang pag-iisip habang pandemya ng COVID-19. Pinalakas ng lahat ng feedback ng mga stakeholder ang tema na mas malamang na hamon ang malayuang pag-aaral para sa mga mag-aaral na hindi madaling natututo sa biswal na paraan at mas nasusuportahan ng pakikipagkapwa at na lubos na kailangan ang mga opsyon para sa pag-aaral sa maliliit na grupo at pagkakataon para sa mga mag-aaral na mgtanong sa guro at makatanggap ng tulong mula sa guro. Para sa lahat ng grupo ng mga stakeholder, isang parehong tema na ibinahagi sa feedback ay ang pangangailangan para sa access sa laptop at koneksyon para sa mga mag-aaral at kawani, kailangan na pagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan sa pag-iisip at pakikiagkapwa at emosyon sa mga mag-aaral tuwing malayuang pag-aaral, mga supply sa paglilinis at pagdisimpekta na handang magamit ng lahat ng kawani na nagtatrabaho nang personal sa site, mga workshop para sa pamilya na sumusuporta sa malayuang pag-aaral at mga video na nagpapakita kung paano ma-access ng mga pamilya at mag-aaral ang mga mapagkukunan ng Distrito, at mas maraming pagkakataon para sa mga mag-aaral na makasalamuha ang ibang kklase nang virtual sa hindi akademikong paraan hanggang maging ligtas na para bumalik sa personal na pagtuturo.

[Isang paglalarawan ng mga aspekto ng Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral at Pagdalo na naimpluwensiyahan ng partikular na input ng stakeholder.]

Ang partikular na input ng stakeholder na natanggap mula sa mga pagkakataon sa pakikilahok para sa feedback noong mga buwan ng tagsibol at tag-araw at noong simula ng taong pampaaralan na 2020-2021 ay nagbigay ng direksyon pagdating sa pangangailangan na gumawa ng plano para makatuon sa kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral, kawani, at pamilya, access sa teknolohiya sa pagtuturo at hot spot ng WiFi para matiyak ang pagiging konektado, pagbibigay ng mga opsyon para sa pag-pick up ng pagkain ng mag-aaral sa buong hangganan ng distrito, at pagtitiyak na mayroong araw-araw na live na pagtuturo at interaksyon ang mga mag-aaral sa kanilang mga guro, na may karagdagang suportang binibigay sa mga magulang/tagapangalaga para suportahan ang kanilang anak sa oras ng malayuang pag-aaral. Ang desisyon sa kung paano dapat magbubukas muli ang mga paaralan ay ginawa sa pamamagitan ng kombinasyon ng input mula sa county at komunidad. Nakakuha ang SUSD ng input ng komunidad sa pamamagitan ng poll sa telepono, survey ng mga stakeholder, at nagtutulungang pagpupulong kasama ng mga pamilya at yunit sa pakikipagsundo (bargaining unit). Ayon sa mabilis na pagdami ng COVID-19 batay sa datos sa ating lungsod at county at patnubay na ibinigay mula sa mga pamahalaan ng estado at lokal, nalaman ng SUSD sa sinuring feedback ng stakeholder ang pinalaking pagnanais para sa pag-alok ng ganap na malayuang pag-aaral at isang opsyon na patuloy na iaalok sa mga pamilyang may alalahanin pagdating sa kalusugan at kaligtasan dahil sa pandemya ng COVID-19 sa buong taong pampaaralan na 2020-2021. Isa sa mga unang bahaging nakahanay sa pagpapatuloy ng pag-aaral na naapektuhan ng feedback ng stakeholder pagdating sa mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan dahil sa COVID-19 ay ang pangangailangan na magpatupad ng araw-araw na proseso ng serbisyo para sa COVID-19, araw-araw na pagsusuri ng temperatura, at isang sistema sa pagsubaybay at paghahanap sa mga nakasalamuha na ipapatupad sa mga lugar kung saan may taong positibo para sa COVID-19 saanman sa SUSD. Naimpluwensiyahan ng proseso ng pakikilahok ng mga stakeholder ang pinili sa planadong istruktura para sa iniaalok na personal na pagtuturo, na gumagawa ng hybrid na pinaghalong iskedyul ng pagtuturo kung saan papasok sa paaralan ang mga mag-aaral nang may hindi nagbabagong kasama nang dalawang magkasunod na araw at makatanggap sila ng malayuang pag-aaral sa tatlong araw na hindi sila pisikal na nasa gusali ng paaralan at binibigyan ng personal na pagtuturo; na may fleksibilidad para sa mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan para maka-access sila ng mas maraming karanasan sa personal na pag-aaral na iba-iba para sa bawat lugar. Sa pamamagitan ng mga resulta ng survey, feedback ng stakeholder, at nagtutulungang pagpupulong kasama ang mga lider sa yunit sa pakikipagsundo ng SUSD, napagpasyahan na ang pinakaposibleng maiaalok para sa personal na pagtuturo na makakatugon sa mga pangangailangan sa pag-aaral ng mga mag-aaral habang nagbibigay sa mga lugar ng paaralan ng kakayahan na magpatupad ng mga protokol at proseso para sa kalusugan at kaligtasan ay ang hybrid na pinaghalong modelo ng pag-aaral, habang isinasaalang-aalang ang mga ibinahaging hamon at nais ng mga stakeholder. Habang maraming stakeholder ang nagpapahayag ng mga alalahanin pagdating sa kalusugan at kaligtasan dahil sa pandemya ng COVID-19, nang may pagtuon sa pagpapatuloy ng pag-aaral, pinili ng SUSD na aktibong saliksikin ang kakayahang patuloy na ialok ang malayuang pag-aaral para sa mga mag-aaral kahit na magpanumbalik ang regular na personal na pagtuturo para matugunan ang mga alalahaning ibinahagi ng mga pamilya at kawani. Isang mahalagang pananaw mula sa input ng stakeholder na nakaiimpluwensiya sa pagbuo ng plano ay ang pangangailangan para sa pagbuo ng malinaw na patnubay na naglalarawan sa araw-araw na live na pagtuturo para sa lahat ng mag-aaral araw-araw; kabilang ang sistema ng pagbibigay ng grado at pinakamaikling haba ng pagtuturo kada araw; ang partikular na feedback na ito ay nagbigay-daan para sa paggawa ng Distrito ng

gabay na aklat sa Malayuang Pag-aaral para sa mga pamilya at isang web page na mahahanap sa pamamagitan ng pag-click sa icon na kamay sa home ng web page ng SUSD, na nagbibigay ng impormasyon at mga hyperlink sa lahat ng mga mapagkukunan kung saan nagpakita ng interes ang mga pamilya sa pagkakaroon ng access at kaalaman tungkol sa input at feedback na ibinigay sa buong proseso ng pagbuo ng plano.

Ang pinakamalaking trend sa feedback ng stakeholder na nakaimpluwensiya sa plano ay ang access ng mga mag-aaral at kawani sa mga device at koneksyon. Sa pagtugon sa mga pangangailangang ito, naimpluwensiyahan ng feedback para sa access sa Wifi ang Distrito na mag-order ng mga laptop para matiyak na mayroon ang mga mag-aaral at kawani sa pagtuturo ng access sa gumaganang computer na may camera at nag-order ng hot spot ng WiFi para sa bawat nakatalang mag-aaral at para sa ilan sa mga guro at kawani para sa suporta sa pagtuturo na ibinahagi sa mga resulta ng survey na kailangan nila ng suporta sa mga problema sa pagkonekta mula sa kanilang tahanan dahil sa iba't ibang salik. Dahil marami sa mga esensyal na manggagawa ng SUSD ang nagbahagi na kailangan nila ng suporta sa pangangalaga ng bata, nakipagtulungan ang SUSD sa mga panlabas na ahensya para mag-alok ng mga day care para sa mga bata limang araw kada linggo sa mga campus ng paaralan para sa mga anak ng mga kawani ng SUSD na may edad na nasa TK hanggang ika-8 baitang nang libre, na nakahanay sa epekto sa mga esensyal na manggagawa ng pagbibigay ng modelo ng pagtuturo na ganap na malayuang pag-aaral. Dahil maraming mag-aaral at pamilya ang nagpahayag ng pangangailangan ng karagdagang suportang akademiko at karagdagang oras sa pagtuturo para matugunan ang hamon ng pag-unawa ng mga paksa tuwing malayuang pag-aaral, tumuon ang SUSD sa pagtugon sa mga hamon sa pagkawala ng pagkatuto sa pamamagitan ng mas maraming opsyon sa pag-tutor na iniaalok sa mga mag-aaral at pagbigay ng suporta sa pag-tutor sa pamamagitan ng mga kawani ng Distrito at pakikipagtuwang o sa mga panlabas na ahensya para paramihin ang access ng mga mag-aaral, mas matagal na oras kung kailan maaaring kumonekta ang mga pamilya sa miyembro ng kawani para sagutin ang kanilang mga tanong o tumulong sa mga pangangailangan sa malayuang pag-aaral, pagbibigay ng programa para sa pagbawi ng credit sa lahat ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan, at mas maraming access sa mga programa para sa kaukulang aksiyon sa pagbabasa para sa mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan.

Sa pagtugon sa ibinahaging pangangailangan ng mga stakeholder para sa access sa mga suporta sa loob ng malayuang pag-aaral na nakatuon sa suporta sa teknoholohiya, binuo ang mga mapagkukunan para sa suporta sa mga mag-aaral, pamilya, at kawani sa buong SUSD para matiyak na madaling maa-access ng mga stakeholder ang suporta sa iba't ibang wika. Partikular na pinaunlad ang suporta sa teknolohiya at access sa internet at suporta sa Chromebook, serbisyo ng suporta sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali, at live at nirekord na mga workshop at pagkakataon sa pagsasanay para tumugon sa partikular na mga pangangailangang ipinahayag sa ibinahaging input ng mga stakeholder. Partikular sa pakikilahok ng mga pamilya sa malayuang pag-aaral, nagbigay ang mga lugar ng paaralan sa mga kawani ng access sa mga tanggapan sa mas huling bahagi sa gabi para paramihin ang access ng mga pamilyang may nagtatrabahong magulang sa mga pagkakataon na masagot ang kanilang tanong at malutas ang kanilang mga problemang nauugnay sa malayuang pag-aaral. Nagbigay ang mga kawani ng tanggapan ng Pagpapaulad ng Kurikulum at Wika (Curriculum and Language Development) ng pangkalahatang tulong sa oras ng malayuang pag-aaral, at gumawa ng mga gumagabay na dokumento para sa mga kawani at pamilya na may mga naka-embed na dulugan na naka-hyperlink sa loob ng mga dokumento para maisaayos sa iisang lugar ang access sa mga mapagkukunan at impormasyon para sa mga kawani at pamilya (hal., suporta sa teknolohiya, suporta sa kurikulum, impormasyon sa kalusugan at kaligtasan ng bata, gabay at suporta sa pagdalo, suporta sa kalusugan sa pag-iisip, mga serbisyo sa pagpapayo).

Bilang tugon sa mga pangangailangan ng mga stakeholder pagdating sa nutrisyon sa paaralan at pagkakaroon ng access sa mga pagkain sa paaralan para sa mga mag-aaral, nagbigay ang SUSD ng agahan, tanghalian, at hapunan sa 28 lugar ng paaralan na estratehikong matatagpuan sa mga hangganan ng pinapasukan sa Distrito para sa Lunes, Martes, at Biyernes (pandalawang araw na pagkain ang ibinigay kada araw) at sa apat na pangkalahatang mataas na paaralan. Para matugunan ang mga pangangailangan ng mga iskedyul ng malayuang pag-aaral, naganap ang pagbabahagi ng pagkain dalawang beses kada araw, 6:45-7:30 am at 10:30 am-12:30, tuwing araw ng pagbabahagi ng pagkain para umangkop sa mga sinabing pangangailangan ng mga mag-aaral, pamilya, at kawani na makakuha ng pagkain sa mga oras na hindi nakakaapekto sa mga iskedyul ng malayuang pag-aaral para sa mga mag-aaral sa mga mataas na paaralan. Ang day camp para sa mga anak ng mga esensyal na manggagawa ay inilagay sa may lugar ng paaralan para sa pagabahagi ng pagkain para matiyak na mabibigyan din ng meryenda ang mga batang kasali sa day camp, dagdag pa sa kanilang pang-araw-araw na pagkain sa paaralan. Sa pagkilala ng pangangailangan na magbigay ng mga suportang nakatuon sa pagtugon sa mga hamon sa pag-aaral dahil sa pinatagal na malayuang pag-aaral at access sa mga serbisyo para sa pakikipagkapwa at emosyon at kalusugan sa pag-iisip para matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalagang may kaalaman sa trauma ng mga mag-aaral, naimpluwensiyahan ng proseso ng pakikilahok ng mga stakeholder ang pagpaparami ng mga pagkakataon at serbisyong ibinigay sa mga mag-aaral, pamilya, at kawani sa mga larangan ng access at suporta sa teknolohiya, tulong sa pag-tutor at takdang aralin, pagpapayo at pagpapalano at suporta sa akademikong paggabay,

panggrupong sesyon at workshop para sa kalusugan sa pag-iisip ng mga mag-aaral, pamilya, at kawani, at mga programa sa pag-aaral sa pakikipagkapwa at emosyon na isinama sa mga karanasan sa malayuang pag-aaral para sa mga mag-aaral.

Pagpapatuloy ng Pag-aaral

Mga Iniaalok na Personal na Pagtuturo

[Isang paglalarawan ng mga kilos na gagawin ng LEA para mag-alok ng pagtuturo na gagawin sa silid-aralan kung kailan maaari, partikular para sa mga mag-aaral na nakaranas ng malaking pagbawas sa pagkatuto dahil sa mga pagsasara sa paaralan noong taong pampaaralan na 2019–2020 o nasa mas malaking panganib na makaranas ng pagbawas sa pagkatuto dahil sa mga pagsasara ng paaralan sa hinaharap.]

Noong Hunyo 2020, sinasama ng Distrito ang mga stakeholder sa proseso ng kung ano ang magiging pinakaepektibo at pinakapossible na maiaalok na personal na pagtuturo para sa pagbubukas ng taong pampaaralan na 2020. Dahil sa pagbabago ng datos ng mga positibo para sa COVID-19 sa buong county, lumipat ang Distrito sa pagtuon sa pagsisimula ng taong pampaaralan nang nag-aalok ng ganap na malayuang pag-aaral. Patuloy na nakatuon ang mga kawani ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Stockton (SUSD) sa pagtiyak na ang muling pagbubukas ng mga gusali ng paaralan para sa iniaalok na personal na pagtuturo ay nakasentro sa kaligtasan at nagbibigay ng de-kalidad na unang pagtuturo para sa ating mga mag-aaral. Bagaman hindi pinapahintulutan ng kasakalukuyang mga kondisyong pangkalusugan at utos ng estado ukol sa COVID-19 ang sistematikong personal na pagtuturo, patuloy na mayroong mga proseso para sa estratehikong pagpapalano ang distrito para sa isang hybrid na pinaghalong modelo ng pag-aaral para maging handa ang SUSD na mag-alok ng personal na pagtuturo sa mga mag-aaral kapag nagbigay ang mga opisyal sa kalusugan ng estado at county ng pangkalusugang gabay na ligtas na ito. Nasa anumang antas ng pagtuturo man tayo, nakatuon ang SUSD sa patiyak na ang lahat ng kawani at mag-aaral ay mayroong Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE) na kinakailangan para sa pagtuturo at access sa pag-aaral na sumusunod sa mga patnubay sa kalusugan at kaligtasan na binigay ng mga opisyal sa kalusugan ng lokal at estado.

Habang patuloy naming pinapabuti at binabago ang aming mga plano sa pakikipagtulungan sa Pampublikong Kalusugan ng San Joaquin County (San Joaquin County Public Health) at ng ating Tanggapan ng Edukasyon ng County (County Office of Education), bilang isang Distrito, patuloy naming gagamitin ang bawat kilos na maipapatupad namin para pamahalaan ang mga hamong dala ng COVID-19, nang nakatuon sa pagbibigay ng mga kapaligiran para sa pag-aaral sa pinakaligtas na paraan para sa bawat mag-aaral at miyembro ng kawani, habang nagpapatuloy sa aming gumagabay na misyon para patapusin ang bawat mag-aaral nang handa para sa kolehiyo, karera, at komunidad. Nagpapalano ang SUSD, nang may pagtuon sa kalusugan, kaligtasan at mga pangangailangan ng mag-aaral sa pag-aaral, na mag-alok ng dalawang uri ng pagtuturo na pagpipilian ng mga magulang kapag pinapahintulutan na ang mga personal na pagtuturo; kabilang dito ang isang opsyon para sa 100% malayuang pag-aaral at isang hybrid na pinaghalong modelo ng pag-aaral na may iba-ibang iskedyul para sa hinating personal at malayuang pag-aaral na iniaalok sa mga hindi nagbabagong grupo ng mag-aaral. Kapag lumilipat ang SUSD sa mga iniaalok na personal na pagtuturo ayon sa pinapahintulutan ng pamahalaan ng lokal at estado, magbibigay ito sa ikalawang antas ng hybrid na pinaghalong modelo ng pagtuturo na may iba-ibang oras, kung saan pumapasok ang mga mag-aaral sa personal na pag-aaral sa mga hindi nagbabagong grupo ng mag-aaral, na suportado ng mga karanasan sa malayuang pag-aaral sa mga araw kung kailan wala ang mga grupo ng mag-aaral sa campus para tumanggap ng personal na pagtuturo mula sa guro; patuloy na mag-aalok ng opsyon para sa ganap na malayuang pag-aaral para sa mga pamilya na pinipiling magpatuloy sa 100% malayuang pag-aaral. Ang paglipat sa mga inaalok na personal na pagtuturo ay nakatuon sa pagbibigay ng access sa de-kalidad na unang pagtuturo sa lahat ng mga mag-aaral. Sa parehong iniaalok na pagtuturo, nakatuon ang SUSD sa pagbibigay ng mga pagkakataon para sa mga mag-aaral na makilahok sa live na talakayan naririnig sa parehong oras na ginagawa ito, sa kanilang tirahan at sa pisikal na silid-aralan sa pamamagitan ng iba't ibang suportang teknolohikal kasabay ang mga sistema sa pamamahala sa pag-aaral tulad ng Google Classroom; at bilang resulta ay nagbibigay ng mga pagkakaton para sa mga mag-aaral na nasa malayuan at personal na pag-aaral na makipagtulungan sa kanilang mga kaklase at magkaroon ng acces sa de-kalidad na unang pagtuturo na binigay ng kawani sa pagtuturo. Sa paglipat sa pag-aalok ng personal na pagtuturo, ang pangunahing tuon ay magiging sa mga hakbang para sa kalusugan at kaligtasan. Dahil dito, bilang pagsisikap na epektibong magsagawa ng pagsubaybay ng mga nakasalamuha, nang may koordinasyon sa Pampublikong Kalusugan

ng San Joaquin County, aayusin ang mga mag-aaral sa mga grupo ng cohort, mga itinakdang grupo ng mag-aaral na sabay-sabay papasok sa mga personal na pagtuturo sa parehong araw kada linggo, hangga't maaari. Sa prosesong ito, susundin ang lahat ng mga patnubay ng distrito, estado, at county para matiyak ang kalusugan kaligtasan ng mga mag-aaral, kawani, at pamilya. Makikipagtulungan ang SUSD sa mga kawani ng departamento at mga lider ng union sa pagbuo ng mga sistema para sa paggawa ng mga aralin na tinuturo ng mga guro para i-rekord, na gumagawa ng koleksyon ng mga mapagkukunan sa pagtuturo para sa mga mag-aaral at pamilya na nagbibigay-daan sa mas marami at pinabuting access sa direktang pagtuturo na batay sa mga pamantayan at pagpapaliwanag ng mga konsepto at takdang-aralin na ipinapakita ng guro. Dahil sa mga mapagkukunang ito, magkakaroon ang mga pamilya na may mga magulang na nagtatrabaho na magkaroon ng pleksibilidad sa pagsuporta sa mga kinakailangan sa pag-aaral ng kanilang mga anak at suportahan ang mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan at/o makikinabang sila sa muling panonood ng mga pagtuturo mula sa isang guro sa kanilang baitang. Sa mga panahon kung kailan lahat ng mga mag-aaral ay bahagi ng malayuang pag-aaral sa isang personal na modelo ng pagtuturo, susuportahan ng mga kawani sa pagtuturo ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga inaasahan sa Google Classroom, mga link sa mga takdang-aralan, mapagkukunan sa suporta sa pagkatuto, pakikipagtulungan sa ibang guro gamit ang datos ng mag-aaral sa pagpapalano ng pagtuturo, pag-aalok ng mga oras ng tanggapan kung kailan maaaring kausapin ang mga mag-aaral at pamilya, at suporta para sa maliliit na grupo at indibidwal para sa mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan.

Ipaghahalo ng hybrid na modelo ang harapang pagtuturo at online na pagtuturo. Dahil dito, mababawasan nito ang dami ng mag-aaral sa gusali ng paaralan para sa social distancing o paglayo sa kapwa sa pamamagitan ng paglipat ng ilan sa pagtuturo online gamit ang isang iskedyul ng personal na pagtuturo na nag-iiba. Sa Hybrid na pinaghalong modelo ng pag-aaral at pagtuturo, mababawasan ang laki ng mga klase at estratehikong babaguhin ang posisyon ng mga muwebles sa mga lugar kung saan isinasagawa ang pagtuturo para matiyak na makakagawa ng mga kapaligiran para sa pag-aaral kung saan nakakamit ang social distancing. Magbibigay ng Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE) sa lahat ng mga kawani at mag-aaral na nasa lugar, magkakaroon ng sabon na handang magamit sa lahat ng oras, at maglalagay ng mga istasyon para sa sanitizer sa kamay sa harap ng lahat ng mga paaralan. Estratehikong gagawin ang mga iskedyul para sa pahinga, piskal na edukasyon (PE), at tanghalian para matugunan ang mga patnubay sa kalusugan at kaligtasan kapag may mga mag-aaral at kawani sa campus. Papabutihin ang mga plano ng lugar ng paaralan sa bawat paaralan para mabawasan ang mga sitwasyon ng siksikan o pagtitipon na hindi sumusunod sa mga protokol sa social distancing at paghahalo-halo ng mga grupo ng estudyante. Babawasan ang mga oras para sa pagdaan sa mga mag-aaral sa gitnang paaralan at mataas na paaralan at estratehikong pag-iibahin ang mga ito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga protokol sa paggalaw ayon sa direksyon, para matugunan ang mga protokol sa kalusugan at kaligtasan. Ang pagtatalaga sa panahon ng ikatlong antas ng pagtuturo ay tutugon sa mga pangangailangan sa lohistika ng mga lingguhang access ng mag-aaral sa mga iniaalok na personal na pagtuturo, na may kasamang iniaalok na programa pagkatapos ng klase at pagpapanatili ng mga opsyon sa malayuang pag-aaral para sa lahat ng mga pamilya; sa lahat ng mga iniaalok na personal na pagtuturo, lahat ng pang-araw-araw na protokol para sa kalusugan at kaligtasan ay ipapatupad at susundin nang alinsunod sa gabay mula sa mga propesyonal sa kalusugan sa lokal at estado. Sa mga campus, babaguhin ang paggalaw ng mga mag-aaral at kawani sa isang paraan kung saan ang daloy ng paggalaw ay hindi pasikot-sikot at nagbibigay-daan sa mas kaunting malapit na pakikisalamuha at paggalaw na may kamalayan sa kalusugan para sa lahat ng nasa campus. Titiyakin ng modelo ng iskedyul ng pagtuturo na batay sa silid-aralan ang pagkatuto ng mga mag-aaral at pagpapaunlad ng kasanayan sa pamamagitan ng pagbigay ng mga kinakailangang tagal ng pagtuturo, karaniwang pormatibong pagtatasa na batay sa kurikulum para magamit ng mga guro sa bawat baitang sa kanilang nagtutulungang pagtuturo at oras ng pagpapalano, at titiyakin nito ang isang modelo ng paglipat sa personal na pagtuturo na mayroong mas maliliit na klase sa isang hybrid na pinaghalong modelo ng pag-aaral para matugunan ang mga pangangailangan sa kalusugan at kaligtasan na angkop sa antas sa buhay ng mga mag-aaral na nasa silid-aralan. Ipatatupad ang iskedyul sa pagtatasa ng Distrito nang may pakikipagtulungan sa mga guro at nakatuon sa mga pormatibo at nagbuuod na pagsusuri ng datos ng mag-aaral na magagamit para bumuo ng mga suporta sa pagtuturo para matugunan ang mga hamon sa pag-aaral na nararanasan ng mga mag-aaral dahil sa mga epekto ng COVID-19 at pagpapatupad ng mga kaukulang aksiyon para makapagbigay ng Sistema ng Mga Suporta na May Iba't Ibang Tier (Multi-Tiered System of Supports, MTSS) sa pagtugon sa iba't ibang pangangailangan sa pag-aaral at pakikipagkapwa at emosyon ng mga mag-aaral. Sa oras ng lahat ng mga inaalok na personal na pagtuturo, lahat ng mga mag-aaral at kawani na nasa campus ay makikilahok sa araw-araw na proseso ng pagsusuri sa sarili sa serbisyo sa kalusugan para sa COVID-19, kukunin ang kanilang temperatura, huhugasan at/o gagamitan nila ng sanitizer ang kanilang mga kamay bago pumunta sa campus, at susundin ang mga protokol sa paglayo sa kapwa. Magkakaroon ng mas maraming araw-araw na masinsinang paglilinis at pag-sanitize ng mga lugar na ginagamit ng lahat at mga lugar na pisikal na hinahawakan (hal., hawakan ng pintuan, lamesa, lababo, kagamitan sa palaruan) at hindi na papahintulutan ang paggamit ng fountain ng tubig na ginagamit ng lahat.

Magpapatupad ng mga pang-araw-araw na rutina tuwing pahinga, P.E., at tanghalian para sa kalusugan at kaligtasan. Lahat ng sasakyang pangtransportasyon ng SUSD ay mapapasailalim sa pag-sanitize at paglilinis bago ang pagpasok ng mga mag-aaral sa sasakyan at kapag ibinababa na ang mga mag-aaral sa mga lugar ng paaralan para sa mga ruta sa umaga, lilingan, isa-sanitize, at mananatiling walang tao sa loob ng mga sasakyan nang 30 minuto bago ito gamitin muli para magbigay ng transportasyon sa mga mag-aaral mula paaralan hanggang mga istasyon ng bus na pinakamalapit sa tahanan ng mag-aaral. Dahil patuloy na nagdadala ang pandemya ng COVID-19 ng mga pagbabago sa kakayahan ng SUSD na magbigay ng mga iniaalok na personal na pagtuturo, patuloy na magtatrabaho ang Distrito sa pakikipagtulungan sa mga lokal at pang-estado na opisyal sa kalusugan at mga departamento at susundin nito ang kanilang mga patnubay at utos pagdating sa mga pinahihintulatang iniaalok na personal na serbisyo sa buong akademikong taon na 2020-2021. Susundin ang mga masinsinang proseso sa pagdisimpekta, at magkakaroon ng araw-araw na pagdisimpekta sa mga gamit na madalas hawakan buong araw at regular na masinsinang paglilinis ng mga silid aralan, lugar na ginagamit ng lahat, at patungan at gamit na madalas hawakan. Hihikayatin at bibigyan ang mga kawani at mag-aaral ng mga tuntunin para sa pagsusuri sa sarili para sa mga sintomas sa tahanan, gamit ang isang madaling proseso na magagamit sa mga computer at cell phone. Ang iskedyul para sa iniaalok na personal na pagtuturo ay magbibigay, sa hangganang maaari, ng pagpipilian ng pamilya tungkol sa proseso ng pagpunta ng kanilang anak sa campus (kung aling araw, pagsasabay-sabay ng mga iskedyul ng kapatid o mga kasing-edad na nasa tahanan) at pagbuo ng hybrid na iskedyul na tumutugon sa mga kinakailangan ng mga populasyon ng mag-aaral na may mga natatangi at naiibang pangangailangan, habang gumagawa ng mga nagpapatuloy na pagkakataon para sa koneksyon at interaksyon online para sa malayuang pag-aaral. Isasaalang-alang ng mga iniaalok na personal na pagtuturo ang pangangailangan na maturuan ang mga mag-aaral sa paaralan at tahanan nang sabay. Sa rotasyon kada dalawang araw, ilalagay ang mga mag-aaral sa mga cohort/grupo ng pag-aaral, kung saan ang bawat isa ay nasa campus dalawang araw kada linggo at nasa malayuang pag-aaral sa natitirang tatlong araw; ang mga populasyon ng mag-aaral na may mga pinakamaraming pangangailangan ay bibigyan, sa estratehikong paraan, ng higit na access at pagkakataon para makilahok sa mga iniaalok na personal na pag-aaral. Gagamit ng mga batay sa kurikulum, pansamantala, at nagbuuod na pagtatasa para higit na bigyang-prioridad ang mga pangangailangan sa pagbabasa at pagsusulat at matematika, para maunawaan ang mga inaalalang bahagi ng mga malawak na larangan ng pag-aaral na batay sa pamantayan, at maunawaan ang epekto ng malayuang pag-aaral habang estratehikong nagpapalano ng mga pamamaraan sa pagtuturo ayon sa pagkatuto para tugunan ang mga pangangailangan sa pag-aaral ng indibidwal at buong klase. Magsasagawa ng mga pag-audit ng datos ng mga pangangailangan ng mga mag-aaral na nakahanay sa mga grupo ng mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan para magbigay ng mas maraming access at suporta tulad ng pagtuturo sa maliliit na grupo, mga kasing-edad na mentor, pagpapayo ng pang-akademikong gabay at suporta, edukasyon sa pamilya at pakikipag-ugnayan ng tanggapan sa pakikilahok bilang pagsuporta sa pagpaparami ng kapasidad ng pamilya na suportahan ang mga mag-aaral sa akademikong paraan, pag-tutor at suporta sa takdang aralin pagkatapos ng klase, mga programa ng kaukulang aksiyon sa pagbabasa, at mga programa sa pagbawi ng credit para sa mga mag-aaral sa mataas na paaralan. Magbibigay ng oras para sa nagtutulungang pagtuturo nang hindi bababa sa dalawang beses kada buwan sa mga kawani sa pagtuturo para sa panahong ginugugol sa pagsusuri ng datos ng mga mag-aaral at pagpapunlad ng mga estratehikong plano sa pagtuturo at mga aktibidad para tugunan ang pang-akademikong pag-aaral at mga pangangailangan sa pag-unlad ng pakikipagkapwa at emosyon ng mga mag-aaral.

Susuportahan ang kalagayan ng pakikipagkapwa at emosyon ng mag-aaral sa pamamagitan ng mga ibinibigay na pag-aaral sa pakikipagkapwa at emosyon, mga tagapayo, mga clinician sa kalusugan sa pag-iisip, at mga tagatulong sa pag-uugali na nagtatrabaho kasama ng mga guro at nagbibigay ng mga direktang serbisyo sa mga mag-aaral, kawani, at pamilya. Magpapatupad ng Mga Kaukulang Aksiyon at Suporta para sa Positibong Pag-uugali (Positive Behavior Interventions & Supports, PBIS) sa buong Distrito at magpapatuloy ang propesyonal na pagpapunlad para sa pagtugon sa pangangailangang may kaalaman sa trauma at pagpapatupad ng mga nagpapanumbalik na gawi sa mga estratehiya bilang suporta sa pagbuo ng kapaligiran para sa pantay-pantay na pag-aaral para sa lahat ng mag-aaral. Kapag posible sa mga iniaalok na personal na pagtuturo, magbibigay ng mga karagdagang serbisyo na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga kabataang nasa bahay-alagaan, mag-aaral ng wikang Ingles, pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, at iba pang kilalang grupo ng mag-aaral na, ayon sa datos, ay kailangan ng mga pagsuporta sa pakikipagkapwa at emosyon at pang-akademikong suporta. Patuloy na makikipag-ugnayan at isasama ng SUSD ang mga stakeholder pagdating sa mga plano at paggamit ng input na ibinahagi para patuloy na iangkop ang mga anyo ng pagtuturo para pinakamainam na matugunan ang mga kinakailangan ng mga mag-aaral.

Mga Kilos na Kaugnay ng Mga Iniaalok na Personal na Pagtuturo [maaaring magdagdag ng mga karagdagang hilera at hanay kung kinakailangan]

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
Pinaraming mga protokol sa kalusugan at kalinisan na nakahanay sa pagbibigay ng transportasyon sa mga mag-aaral. (IPI-1)	\$100,000	Hindi
Mga karatula, poster, at nakadikit sa sahig bilang mga nakikitang marka sa buong paaralan para lubos na mapatupad ang social distancing. Makakatulong ang mga marka na ayusin ang daloy ng paggalaw, bawasan ang pakikipagsalamuha sa pagitan ng mga pamilya, at tukuyin ang mga partikular na pasukan/labasan. Palalakasin din ng mga nakikitang marka ang mga protokol sa mga pantakip ng mukha at paghuhugas/pag-sanitize ng kamay. (IPI-2)	\$20,000	Hindi
Pagpapanatili ng mga kawani para sa pangangalaga ng lugar/pagpapanatili sa lugar para, dagdag pa sa karaniwang pagpapanatili at paglilinis, rutinang didisimpektahan ang mga pasilidad sa mga lugar na madalas mahawakan. (IPI-3)	\$2,100,000	Hindi
Plexiglass para maging harang kapag malamang na magkakaroon ng malapit na pakikisalamuha at hindi maaari ang 6 na talampakan na pisikal na distansiya sa kapwa, tulad ng sa front desk. (IPI-4)	\$37,775	Hindi
Mga indibidwal na supply sa pagtuturo para limitahan ang dami ng mga indibidwal na gumagamit ng pinaghahatiang gamit at tiyakin na mayroon ang mga mag-aaral ng mga materyales na kailangan nila para ganap na makilahok sa proseso ng pag-aaral. (IPI-5)	\$433,282	Hindi
Suporta sa paggabay ng bagong guro na nakatuon sa pagbibigay ng mga pagsasanay, workshop, at mapagkukunan sa pagbibigay ng mga iniaalok na personal na pagtuturo. (IPI-6)	\$400,000	Hindi
Mga HVAC filter: Dadalasan ng mga pasilidad ang kanilang pagpapalit ng mga HVAC filter sa mga lugar ng paaralan at gusali ng distrito ayon sa inirerekomenda ng mga kasalukuyang patnubay sa kalusugan at kaligtasan. (IPI-7)	\$253,000	Hindi
Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE): Mga pantakip sa mukha (mga mask, at kung saan naaangkop, panangga sa mukha) para matiyak na ang mga mag-aaral, kawani, at pamilya na pumapasok sa mga lugar ng paaralan at ang mga kawaning nagtatrabaho sa komunidad ay binabawasan ang pagkalat ng mga patak mula sa baga habang nasa campus. Pinaraming supply ng sabon at sanitizer sa kamay, at mga thermometer para suriin ang temperatura ng mga mag-aaral at mga karagdagang supply para tumugon sa mga mag-aaral na nagpapakita ng anumang palatandaan ng sakit. (IPI-8)	\$4,180,277	Hindi

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
Software ng Qualtrics para sa pagsubaybay ng nakasalamuha at pagsusuri ng sintomas ng COVID-19 para sa lahat ng mga mag-aaral, kawani, at pamilya para magamit bilang database at aplikasyon sa kaligtasan para sa kalusugan at kapakanan ng pagbibigay ng mga iniaalok na personal na pagtuturo bilang pagtugon sa pandemya ng COVID-19. (IPI-9)	\$50,427	Hindi

Programang Malayuang Pag-aaral

Pagpapatuloy ng Pagtuturo

[Isang paglalarawan ng kung paano magbibigay ang LEA ng pagpapatuloy ng pagtuturo sa taong pampaaralan para matiyak na may access ang mga mag-aaral sa buong kurikulum na sa pangkalahatan ay may parehong kalidad anuman ang paraan ng paghahatid, kabilang ang plano ng LEA para sa kurikulum at mga mapagkukunan sa pagtuturo na titiyak sa pagpapatuloy ng pagtuturo para sa mga mag-aaral kapag kailangan ng paglipat mula sa personal na pagtuturo patungong malayuang pag-aaral.]

Nakatuon ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Stockton (SUSD) sa pagbibigay ng de-kalidad na malayuang pag-aaral, na ginagabayan ng mga materyales sa pag-aaral na batay sa mga pamantayan at pinagtibay ng distrito, na nakatuon sa mga nilalaman na para sa wastong baitang, habang nagbibigay ng mga pagkakataon sa pag-aaral ng pakikipagkapwa at emosyong tumutugon sa kalagayan ng pakikipagkapwa at emosyon ng lahat ng mga mag-aaral. Ginawa ang isang dokumento na may mga quick link para sa mabilis na pag-access ng mga magulang at mag-aaral para makakonekta sa mga online na materyales sa pag-aaral na pinagtibay ng distrito, at binuo ang isang gabay sa mga mapagkukunan sa teknolohiya para sa magulang at mag-aaral sa iba't ibang wika para suportahan ang pinarami at pinabuting access sa mga mapagkukunan at impormasyon. Gumawa ang departamento ng Kurikulum at Pagtuturo ng mga dokumento para sa mga mag-aaral at pamilya na nagbigay ng access sa lahat ng mga materyales sa pag-aaral na pinagtibay ng distrito (kurikulum) at mga dokumentong panggabay sa mga guro at kawani para sa pagkakaloob ng pagpapatuloy ng pang-edukasyong serbisyo sa mga panahon ng malayuang pag-aaral na nakatuon sa nilalaman sa pagtuturo, mga timeline at protokol sa pagtatasa, mga pangunahing kakayahan na sistematiko at direktang ituturo at suportado ng oras sa pagsasanay sa maliit na grupo, mga pormatibong pagtatasa na gagabay sa mga pagbabago sa pagtuturo, pagpapakilala sa Mga Karaniwang Pangunahing Pamantayan ng Estado (Common Core State Standards, CCSS), at suporta sa pagtuturo para sa mga mag-aaral ng wikang Ingles sa parehong itinakda at pinaghalong Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (English Language Development, ELD). Gumawa ang SUSD ng gabay na Plano sa Pagpapatuloy ng Edukasyon para gamitin ng mga kawani ng distrito bilang mapagkukunan para sa pagiging handa sa pundasyon, panandaliang paghahanda, at pangmatagalang paghahanda sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa pagtuturo habang panahon ng pandemya ng COVID-19.

Sa antas ng lugar, ang mga tagapangasiwa sa lugar ang mangunguna sa proseso ng pagpapalano at paggawa ng iskedyul para sa pagbabahagi ng mga materyales para sa pag-aaral ng mga mag-aaral, at makikipagtulungan ito sa mga guro, mga pangkat sa bawat baitang, at pangkat para sa bawat paksa tungkol sa istruktura ng paggawa ng mga folder sa lugar para sa pagtutulungan at pagbabahagi ng mga mapagkukunan na magagamit sa mga klase (mga pinagbabahagiang drive, Google Classroom, website ng paaralan/klase, atbp.). Ang mga iskedyul sa pagtuturo para sa bawat paksa araw-araw at sistema para sa pagtukoy ng mga aralin at mapagkukunan na kokolektahin sa mga pinagbabahagiang folder ay binuo bilang suporta sa malayuang pag-aaral. Gagawa ang mga tagapangasiwa ng lugar ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa paglutas ng problema at ipapaalam nila ito sa mga pamilya at kawani para sa suporta sa teknolohiya, suporta sa kurikulum, kalusugan at kaligtasan ng bata, mga isyu sa pagdalo, mga petsa ng virtual na pagpupulong at workshop, at iba pang mahalagang impormasyon. Magkakaloob ang mga guro ng araw-araw na live na interaksyon para sa pagtuturo, pagsubaybay ng pag-unlad, at pagpapanatili ng pagiging konektado sa paaralan sa pamamagitan ng magkakasabay at di-magkakasabay na paraan ng pagtuturo.

Para sa baitang K-12, magaganap ang mga pagtatasa sa buong taong pampaaralan kasunod ng mga inaasahan ng SUSD para sa mga pagtatasa na nakatukoy para sa mga trimester (para sa mga mag-aaral sa K hanggang ika-8 baitang) at mga quarter/term (para sa mga mag-aaral sa ika-9 hanggang ika-12 baitang); magtutulungan ang guro para sa pangkalahatang edukasyon at mga espesyalista sa espesyal na edukasyon gamit ang sabay na oras ng pagpapalano para estratehikong matugunan ang paggamit ng mga espesyal na paraan ng pagtuturo para sa lahat ng mga mag-aaral na kailangan ng espesyal na tulong sa mga pagtatasa. Gaganapin ang malayuang pag-aaral para sa espesyal na edukasyon sa pamamagitan ng pagtuturo gamit ang iba't ibang teknolohiya para magbigay-daan sa komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral. Magbabahagi ang mga guro ng pang-araw-araw na materyales sa pag-aaral at magpapanatili ng regular na komunikasyon sa mga magulang sa pamamagitan ng mga direktang pagtawag, mga email, mga text, Google Classroom, SeeSaw, Classdojo, Reminds, Padlet, Kami, Zoom, mga regular na oras ng tanggapan, at iba pang online na plataporma.

Pangangasiwaan ng SUSD ang mga diyagnostikong pagtatasa na batay sa mga pamantayan ng baitang sa lahat ng mga nakatalang mag-aaral at magtutulungan ang mga kawani sa pagtuturo sa pagsusuri ng mga resulta ng datos mula sa pagtatasa at estratehikong magpapalano ng pagtuturo para matugunan ang mga natukoy na puwang sa kakayahan at kaalamang akademiko. Gagamit ang mga kawani sa pagtuturo ng mga sistema sa pamamahala ng pag-aaral (hal., Google Classroom, SeeSaw, Classdojo) para magbigay ng mga materyales sa pagtuturo na batay sa mga pamantayan at takdang-aralin habang nagbibigay ng buong access sa mga mag-aaral sa online na kurikulum na ipinagtibay ng distrito at mga pisikal na kopya ng mga libro para sa pag-aaral ng mag-aaral sa panahon ng malayuang pag-aaral. Magkakaloob ng magkakasabay at live na pagtuturo sa pagitan ng mga mag-aaral at guro araw-araw. Ang live na pagtuturo ay magmomodelo ng isang totoong silid-aralan hangga't sa maaari sa loob ng malayuang pag-aaral, magbibigay ng mga pagkakataon para magtanong ang mga mag-aaral at makatanggap ng feedback, maghihikayat sa ang mga mag-aaral na lumahok sa mga nagtutulungang karanasan sa pag-aaral, gagabay sa mga mag-aaral sa pag-access ng online na kurikulum at pagtatasa, at magbibigay ng suporta sa pagtuturo sa maliliit na grupo at indibidwal. Sa di-magkakasabay na pag-aaral, natututo ng pare-parehong mga materyales ang mga mag-aaral ngunit sa iba't ibang oras/lugar, iaayon ang mga ito sa live na pag-aaral at pagtuturo, makakapagbigay ng feedback ang guro at makakapagtanong ang mga mag-aaral sa live na pagtuturo o sa pamamagitan ng malayuang uri ng komunikasyon (hal., email), at magagawang makipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa nilalaman ng pag-aaral sa bilis na nais nila, at nagbibigay-daan ito sa mas maraming pleksibilidad pagdating sa paggawa ng iskedyul. Bibigyan ang mga mag-aaral ng mga takdang-aralin sa pag-aaral na dapat kumpletuhin nang live habang nakikipag-ugnayan sa kanilang guro at sa mga panahong offline, at sinusubaybayan ng mga guro ang mga takdang-aralin sa kanilang mga libro ng baitang. Ang pagtuturo sa malayuang pag-aaral ay ibabatay sa pinagtibay na kurikulum ng SUSD: Benchmark, Steps to Advance, Attainment, Pearson, at iReady Math, na may online na access sa buong kurikulum. Itatala ng guro ang araw-araw na pagdalo at magpapatuloy ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga guro, mag-aaral at magulang at/o tagapangalaga bilang suporta sa pagtiyak na mayroong pagpapatuloy ng pagtuturo para sa mga mag-aaral. Nilinisan at ipinamahagi ang mga instrumentong pangmusika sa mga mag-aaral para sa term/taon ayon sa mga gabay sa kaligtasan ng Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Center for Disease Control and Prevention, CDC). Noong Tagsibol ng 2020, kung kailan unang tinugunan ng Distrito ang epekto sa pagtuturo ng COVID-19, gumawa at nagbigay ang SUSD sa mga kawani ng Plano sa Pagiging Handa sa Pagpapatuloy ng Edukasyon na puno ng mga mapagkukunan para sa pagkakaloob ng de-kalidad na malayuang pag-aaral at bumuo ito ng dokumentong panggabay sa guro na nakatuon sa pang-araw-araw na pag-iskedyul ng pagtuturo, kung paano gumamit ng Google Classroom, Google Hangout, Google Meet, at mga mapagkukunan sa Zoom para sa mga guro at mag-aaral. Gumawa ang SUSD ng Gabay sa Malayuang Pag-aaral na maaaring i-access ng mga stakeholder sa iba't ibang wika at ipinamahagi noong simula ng malayuang pag-aaral na iniaalok para sa taong pampaaralan na 2020-2021. Ipinagkaloob ang mga Back to School night at Title 1 Parent Presentation sa pamamagitan ng mga virtual na plataporma para makadalo at makilahok ang mga pamilya at makapagtanong sa mga kawani ng paaralan at magbahagi tungkol sa mga bagay na nangangailangan ng suporta sa malayuang pag-aaral. Bumuo ng isang gabay sa Mapagkukunan sa Teknolohiya ng Magulang at Mag-aaral, na makikita sa home page ng SUSD at mahahanap pagkatapos mo i-click ang icon na kamay para sa mga pamilya, na nagbibigay ng mga link na maaaring i-click at mapagkukunan para sa live na pagsasanay ng magulang/tagapangalaga, impormasyon sa paggamit ng Google Chrome, mga mapagkukunan tungkol sa iba't ibang sistema ng pamamahala sa pag-aaral (learning management systems, LMS) na ginagamit sa malayuang pag-aaral, mga plataporma para sa live na pagtuturo gamit ang video, ipinagtibay na kurikulum ng distrito, G Suite by Google, Illuminate at Synergy, mga mapagkukunan ng media mula sa library, at iba pang sangguniang mapagkukunan.

Alinsunod sa Patakarang ng Lupon ng SUSD 5121, "ang mga marka ay dapat na ibatay sa walang kinikilingan at patuloy na obserbasyon sa kalidad ng gawain ng mag-aaral at ng kanyang kahusayan sa mga nilalaman at nilalayan ng kurso. Magkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataon na ipakita ang kahusayang ito sa pamamagitan ng iba't ibang paraan tulad ng pakikilahok sa silid-aralan, takdang-aralin, mga pagsusuri, at mga portfolio." Ang patakarang ng SUSD sa pagbibigay ng marka para sa baitang na TK hanggang ika-6 na baitang ay ibabatay sa mga marka ayon sa gabay sa pagmamarka (rubric scale) na 1, 2, 3, 4 sa mga report card at ang mga nasa ika-7 hanggang ika-12 baitang ay makakatanggap nga titik na marka A (90%-100%), B (80%-89%), C (70%- 79%), D (60%-69%)

at Walang Marka (pinapalitan ang F, 0-59%, hindi makakaapekto sa GPA) sa mga report card. Dahil nakikilahok ang lahat ng baitang ng mga nakatalang mag-aaral sa programa sa malayuang pag-aaral, nagbigay ang mga iskedyul sa pagtuturo ng mga pagkakataon para sa pleksibilidad ng mga modelo ng pagtuturo para sa bawat lugar ng paaralan, magsama ng mga pahinga, at magbigay ng balanse sa pagitan ng live na pagtuturo at pag-aaral na ginagabayan ng mag-aaral sa pagitan ng buong klase at suporta sa pag-aaral sa pagtuturo sa maliit na grupo. Ang malayuang pag-aaral noong tagsibol ng 2020 ay isang karanasang nagbigay ng aral sa lahat ng kalahok at sa pamamagitan ng feedback ng stakeholder na sinuri ng Distrito, gumawa ng mga pagbabago at pagpapabuti para paramihin ang access ng mag-aaral sa direktang pagtuturo mula sa kanilang mga guro, mga aktibidad para sa pakikilahok sa pag-aaral, access ng pamilya sa mga online na mapagkukunan at pagsasanay na pangsuporta sa malayuang pag-aaral, na may pangkalahatang pagtuon sa pinaraming pakikipag-ugnayan ng mag-aaral at mga pagkakataon para aktibong makilahok sa kanilang mga karanasan sa malayuang pag-aaral. Tiniyak ng Distrito na sa malayuang pag-aaral, dapat matanggap ng lahat ng mga mag-aaral ang hindi bababa sa minimum na tagal ng pagtuturo na iniatas ng Panukalang-batas ng Kapulungan 98: 180 minuto ng pagtuturo kada araw para sa Transitional Kindergarten (TK) at Kindergarten, 230 minuto ng pagtuturo kada araw para sa una hanggang ika-3 baitang, at 240 minuto ng pagtuturo para sa ika-4 hanggang ika-12 baitang; pagkatapos tiyaking ang tagal ng pagtuturo kada araw, estratehikong gumawa ng mga istruktura ang mga guro para sa mga natitirang minuto ng malayuang pag-aaral para sa araw. Pangunahing pinagtutuunan ng SUSD ang access at pagiging available ng kurikulum sa mga mag-aaral anuman ang paraan ng pagtuturo. Nagbigay ng mga laptop sa lahat ng mga mag-aaral na nangangailangan ng access sa kanilang tirahan at nagbigay ng mga hot spot ng WiFi sa lahat ng mga mag-aaral na nangangailangan ng koneksyon ng internet sa kanilang tirahan. Habang nasa proseso ng paghihintay para sa pagtanggap ng Distrito at paglalagay ng mga kinakailangang filter sa mga hot spot ng WiFi, nagtrabaho ang mga kawani ng paaralan sa pakikipagtulungan ng mga pamilya ng mga mag-aaral para magbigay ng mga opsyon para sa mag-isang pag-aaral para sa mga mag-aaral at binigyan sila ng mga kinakailangang pisikal na materyales sa pag-aaral na magagamit habang hinihintay ang pagdating ng kanilang mga hot spot ng WiFi. Karaniwang pahayag noong pakikipag-ugnayan sa mga stakeholder para sa kanilang input ang kakayahan ng mga mag-aaral at pamilya na makipag-ugnayan sa mga guro para sa mga tanong at suporta, at naglagay ng mga sistema sa mga lugar ng paaralan para magpanatili ng bukas na mga pagkakataon para sa komunikasyon, tulad ng oras ng tanggapan sa mga tinukoy na oras, para magpanatili at magpaunlad ng mga makabuluhang pakikipagsosyo sa pagitan ng mga kawani ng paaralan at mga pamilya.

Access sa Mga Device at Koneksiyon

[Isang paglalarawan kung paano titiyakin ng LEA ang access sa mga device at koneksiyon para sa lahat ng mga mag-aaral para suportahan ang malayuang pag-aaral.]

Magche-check out ang SUSD ng Chromebook na laptop sa sinumang nakatalang mag-aaral na kailangan ng computer para maka-access ng malayuang pag-aaral at kumpletuhin ang itinalagang takdang-aralin. Para matiyak na may access sa internet ang ating mga mag-aaral sa oras ng malayuang pag-aaral, unang tinukoy ng SUSD na ang mga pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon at mga mag-aaral na nasa bahay-alagaan ay binigyan ng hot spot ng WiFi, ang mga pamilyang nakakumpleto ng survey at ibinahagi na wala silang access sa internet sa kanilang tirahan at hindi pa nakatanggap ng hot spot ng WiFi noong Tagsibol ng 2020 ay binigyan ng hot spot ng WiFi, at na binigyan ang mga mag-aaral ng wikang Ingles at ibang mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan ng hot spot ng WiFi sa proseso ng pagbibigay ng SUSD ng kahit isang hot spot ng WiFi para sa tirahan ng bawat mag-aaral para suportahan ang pagiging konektado ng mag-aaral sa mga karanasan sa malayuang pag-aaral, at kapag napatunayan na ang bawat sambahayan ay binigyan na ng hot spot ng WiFi, sisimulan ng SUSD ang proseso ng pagtiyak na ang bawat mag-aaral ay mayroong hot spot ng WiFi; nag-order ang SUSD ng sapat na hot spot ng WiFi para sa pagbabahagi sa bawat nakatalang mag-aaral at ilang sobra para sa mga miyembro ng kawani sa pagtuturo na kailangan ng suporta sa pagiging konektado. Nagsagawa ng survey ang SUSD tungkol sa pagiging konektado noong tagsibol ng 2020, tag-araw, at sa simula ng taong pampaaralan na 2020-2021 para matukoy ang mga pamilyang nangangailangan ng hot spot ng WiFi hot spot at computer, nagbigay ng impormasyon tungkol sa kung saan makakakuha ng libre at mas murang internet na hindi mula sa mga provider ng Distrito, at ipinagpatuloy ang suporta sa teknolohiya at pakikipag-ugnayan sa paglutas ng problema mula sa mga pamamaraang isinagawa sa huling bahagi ng pagsasara ng mga gusali ng paaralan noong taong pampaaralan na 2020 dahil sa pandemya. Mananatiling patuloy na nakikipag-ugnayan ang mga lugar ng paaralan sa mga mag-aaral at pamilya at tutulungan nila ang mga pamilya sa pagtugon sa mga problema sa access sa koneksiyon sa pamamagitan ng pag-check out ng mga bagong teknolohiya sa mga mag-aaral kung nasira o hindi na gumaganang mabuti ang mga computer, at magkakaroon ng tech cadre team sa lugar ng paaralan para lutasin ang mga problema sa teknolohiya para malaman kung problema ito sa user o sa teknolohiya, at makikipagtulungan sila sa mga departamento ng suporta sa kurikulum at teknolohiya sa pagtuturo para matiyak na ang mga teknolohikal

na pangangailangan ng mga mag-aaral ay natutugunan at mayroong access sa mga device at koneksiyon. Nagtrabaho ang mga kawani sa lugar ng paaralan kasama ang mga pamilya para matukoy ang mga ligtas at posibleng oportunidad para makakuha ang mga mag-aaral ng koneksiyon sa internet para makalahok sila sa malayuang pag-aaral hanggang dumating ang mga hot spot ng WiFi at ma-install ang mga kinakailangang filter. Ginawang digital ang mga form at proseso ng pagpirma para paramihin ang access at mga madaling gamitin na plataporma para kumpletuhin ng mga pamilya ang mahahagalang form na nagbibigay ng impormasyon na iniaatas ng SUSD. Magpapatuloy ang mga pagbisita sa tahanan para sa pakikipag-ugnayan at suporta sa mga pamilya ng mga mag-aaral kung saan hindi pa rin naaabot ng SUSD ang mag-aaral o miyembro ng pamilya pagkatapos ng ilang pagsubok.

Pakikilahok at Progreso ng Mag-aaral

[Isang paglalarawan ng kung paano susuriin ng LEA ang pag-unlad ng mag-aaral sa pamamagitan ng mga live na pakikipag-ugnayan at magkakasabay na pagtuturo, at paglalarawan ng kung paano susukatin ng LEA ang pakikilahok at halaga ng oras ng gawain ng mag-aaral.]

Tiniyak ng SUSD na sinusunod ng lahat ng mga paaralan ang pinakamababa man lamang na tagal ng pagtuturo ayon sa iniaatas ng Panukalang-batas ng Kapulungan 98, na binibilang ang araw-araw na live na pagtuturo at mga karanasan sa malayuang pag-aaral. Gumawa ang bawat site ng paaralan ng iskedul sa pagtuturo para sa bawat paksa na para sa malayuang pag-aaral, nagtala ng bilang ng live na pakikipag-ugnayan at magkakasabay na pagtuturo sa pang-araw-araw na pagdalo, di-magkakasabay na pag-aaral at kinumpletong pang-araw-araw na form sa pakikilahok ng mag-aaral, at binigyan ang mga tagapangasiwa ng lugar ng digital na paunti-unting pag-access sa pamamaraan ng bawat guro pagdating sa malayuang pag-aaral para magaya ang mga normal na pagbisita sa pisikal na silid-aralan. Magaganap buong taon ang mga pagtatasa na sumusuri kung paano umuunlad ang mga mag-aaral sa mga pangunahing larangan ng Sining ng Wikang Ingles (English Language Arts, ELA), Matematika, at Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (ELD) at gagamit ang mga kawani sa pagtuturo ng mga pagtatasa na batay sa kurikulum at mga karaniwang pormatibong pagtatasa para masubaybayan ang progreso ng mag-aaral at iangkop ang pagtuturo para matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral. Magkakaroon ng live na pagtuturo sa oras ng malayuang pag-aaral, na may estratehikong pagsama ng mga aktibidad para sa buong klase, maliliit na grupo, one-on-one, at aktibidad para sa pag-aaral nang mag-isa. Marami sa parehong mga estratehiya para sa pagtuturo na ginagamit sa iniaalok na personal na pagtuturo ay gagamitin para sukatin ang paglahok at halaga ng oras ng gawain ng mag-aaral, tulad ng pagtiyak ng pag-unawa, mga takdang-aralin na batay sa kurikulum, mga proyekto, mga presentasyon, mga pagtatasang batay sa kurikulum, mga nagbubuod na pagsusuri, at mga produkto ng gawain ng mag-aaral, tulad ng mga tala, nakasulat na takdang-aralin, at aktibidad na ginawa ng guro. Gagamitin ng mga kawani ang mga gawi sa pormatibong pagsusuri para matukoy ang indibidwal at batay sa klase na batay sa pamantayan na pangangailangan sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Patuloy na magkakaroon ng mga pakikipagtuwang sa pagitan ng mga guro at magulang/tagapangalaga habang pinag-uusapan ang mga inaasahan sa malayuang pag-aaral, layunin, at pag-unlad ng mag-aaral. Ang StudentVue at ParentVue ay mga mapagkukunan para gamitin ng mga pamilya at mag-aaral para masubaybayan ang pagdalo at mga marka. Gagamit ang mga mag-aaral ng iba't ibang paraan ng komunikasyon para magbigay ng madalas at patuloy na pakikipag-ugnayan at komunikasyon sa mga mag-aaral at pamilya, habang ibinabahagi ang pag-unlad ng mag-aaral na sumusunod sa mga patakaran sa pagmamarka ng SUSD para panatilihin ang koneksiyon sa pagitan ng tahanan at paaralan.

Inaasahan ang lahat ng mag-aaral na makilahok sa online na live na pagtuturo kada araw at ang sinumang mag-aaral na hindi nakikilahok araw-araw sa malayuang pag-aaral (magkakasabay at/o di-magkakasabay) ay mamarkahang lumiban para sa bawat araw ng paaralan para sa hindi pakikilahok, at magsisikap ang mga kawani ng lugar ng paaralan para makipag-ugnayan sa pamilya at mag-aaral at magtanong kung bakit wala ang mag-aaral, at kung paano masusuportahan ng paaralan ang araw-araw na pagpasok ng mag-aaral sa malayuang pag-aaral. Itatala ng mga guro ang pagdalo sa araw-araw na live na pagtuturo (magkakasabay) at pag-aaral ayon sa bilis ng mag-aaral (di-magkakasabay). Ang pagdalo sa live na pagtuturo ay batay sa pananatili ng mag-aaral sa plataporma ng malayuang pag-aaral at ang pag-aaral ayon sa bilis ng mag-aaral (di-magkakasabay) ay magiging batay sa ilang sukat ng mga produkto sa pag-aaral ng mag-aaral, tulad ng mga tala ng pag-log in sa mga sistema ng pamamahala sa pag-aaral (Google Classroom), takdang-aralin na tinapos ng mag-aaral, at iba pang online na aplikasyong ginagamit ng guro para sa pagsumite ng mag-aaral ng mga takdang-aralin sa guro. Ang inaasahan ay maitatala araw-araw ang pagdalo/pakikilahok sa sistema ng impormasyon ng mag-aaral (Synergy), na may pang-araw-araw na tala ng pagdalo at paglahok ng mag-aaral, at pakikipag-ugnayan ng parehong mga kawani mula sa lugar ng paaralan at departamento ng Kapakanan ng Bata at Pagliban sa Pagdalo (Child Welfare and Attendance) sa mga pamilya ng mga mag-aaral na lumiban at/o hindi dokumentado bilang nakikilahok sa mga

pang-araw-araw na oportunidad para sa malayuang pag-aaral. Magpapanatili ang mga guro ng tala ng pakikilahok ng mag-aaral para sa bawat linggo, na may dokumentasyon tungkol sa magkakasabay at di-magkakasabay na paglahok ng mag-aaral sa paaralan araw-araw; na tinutukoy ang pakikilahok ng mag-aaral sa live na pagtuturo at pagkumpleto ng mga takdang-aralin. Magtatalaga ang mga guro, bilang kawani sa pagtuturo na mayroong kredensiyal, ng halaga ng oras sa mga takdang-araling ibinigay sa mga mag-aaral sa kanilang mga klase/kurso na nakahanay sa pag-aaral na ginagabayan ng mag-aaral (di-magkakasabay). Ang pamamaraang ito sa pagtatalaga ng guro ng halaga ng oras sa mga takdang-aralin para sa pag-aaral ay magbibigay-daan sa mga pagkakaiba para matugunan ang mga binagong pamamaraan sa pagtuturo at pag-aaral ng takdang-aralin na nakahanay sa mga natatanging pangangailangan ng mga mag-aaral at suportado ng mga pagtatasa at obserbasyon ng guro.

Propesyonal na Pagpapaunlad sa Malayuang Pag-aaral

[Isang paglalarawan ng propesyonal na pagpapaunlad at mga mapagkukunan na ibibigay sa mga kawani para suportahan ang programa ng malayuang pag-aaral, kabilang ang teknolohikal na suporta.]

Ang propesyonal na pagpapaunlad at mapagkukunan na ibinigay sa mga kawani para suportahan ang programa ng malayuang pag-aaral ay ang mga nagpapatuloy na magkakasabay at di-magkakasabay na oportunidad na nakatuon sa mga plataporma sa malayuang pag-aaral, paghikayat sa mga mag-aaral na makilahok sa isang virtual na kapaligiran, mga pamamaraan sa pangangalagang may kaalaman sa trauma pagdating sa pagsuporta sa mga mag-aaral, mga aralin sa pag-aaral sa pakikipagkapwa at emosyon, paggamit ng itinalaga at ipinagsamang Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (ELD) sa malayuang pag-aaral, pag-access at paggamit ng mga online na mapagkukunan sa kurikulum na batay sa mga pamantayan ng distrito, at paggamit ng mga sistema sa pamamahala ng pag-aaral (LMS), tulad ng Google Classroom, Synergy, at Illuminate. Mag-aalok din ang SUSD ng serye ng mga propesyonal na pagpapaunlad na tinatawag na Educators Thriving para sa lahat ng mga nagtuturo sa SUSD, at nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga nakatapos ng programa na makatanggap ng 3 yunit mula sa Teachers College of San Joaquin; and programa ay isang programa ng pagpapaunlad sa sarili na batay sa pananaliksik para matulungan ang mga nagtuturo na makamit ang mabuting kalagayan, ganap na iniaalok online, at mararanasan nang magkakasabay kasama ng maliit na grupo ng mga nagtuturo. Patuloy na nagbibigay ang SUSD ng mga serye para sa propesyonal na pagpapaunlad sa iba't ibang panahon sa buong taong pampaaralan at mga buwan ng bakasyon sa tag-araw para matugunan ang pagbuo ng kakayahang pang-edukasyon ng lahat ng mga kawani sa pagtuturo, para matugunan ang iba't ibang pangangailangan pagdating sa kultura at wika ng mga mag-aaral na pinagsisilbihan sa buong SUSD. Ang departamento ng Kurikulum at Teknolohiya sa Pagtuturo ay nagbigay ng pagsasanay na propesyonal na pagpapaunlad sa mga kawani at gumawa ito ng virtual at propesyonal na koleksyon ng mga rekording ng mga sesiyon tungkol sa: Agham, ELA, ELD, Matematika, 4 na C ng Teknolohiya (the 4C's of Technology), Pagsisimula ng Taon sa Tamang Paraan (Starting Off The Year Right), Pangkalahatang-ideya ng Unibersal na Disenyo sa Pag-aaral (Overview of Universal Design For Learning), Paggamit ng mga Biswal na Suporta para sa Istruktura at Pagbibigay-diin sa Tahanan (Utilizing Visual Supports for Structure and Reinforcement at Home), Virtual na Pagkakaiba/Interbensiyon sa Matematika (Virtual Differentiation/Intervention Math), Pagtuklas sa Mga Karaniwang Pangunahing Pamantayan (The Common Core Standards), Mga Aktibidad sa STEM, Mga Agham Panlipunan, Interpersonal na Pagtutulungan at Pagpapangkat para Suportahan ang Access sa Malayuang Pag-aaral sa mga Layunin ng IEP (Interpersonal Collaboration & Teaming To Support Distance Learning Access to IEP Goals), Mga Suportang Idinisenyo para sa Espesyal na Edukasyon (Special Education Designed Supports), Paggawa ng Video na Nilalaman para sa Online na Pagtuturo (Creating Video Content for Online Teaching, Building A Virtual Classroom), Pagtaguyod ng Kaalaman sa mga Disiplina (Building Knowledge in the Disciplines), Pagsasanay sa Tagapagturo at Magulang: Ang Proseso at mga Estratehiya (Educator and Parent Coaching: The Process and Strategies), I-Google Lahat (Google Everything), Pagtuturo ng mga Kasanayan sa Buhay sa Tahanan (Teaching Life Skills At Home), Paggamit ng Teknolohiya (Utilizing Technology), Pagsuporta sa mga Bago at Nagsisimulang Guro (Supporting New & Beginning Teachers), Pag-aaral na Batay sa Proyekto (Project Based Learning), Pagbibigay ng Grado para sa Pagiging Makatarungan (Grading for Equity), Mga Virtual na Estratehiya para sa Mag-aaral ng Ingles (English Learner Virtual Strategies), Pagtaguyod ng Mabuting Ugnayan, Kultura, at Pangangasiwa (Building Rapport, Culture, & Management), at Nagtutulungang Pagtuturo para Tiyakin ang Katarungan para sa Lahat (Collaborative Teaching To Ensure Equity for All). Nagpatupad ng proseso para sanayin ang mga pamalit na guro tungkol sa mga epektibong stratehiya sa pagtuturo at paghikayat sa mga mag-aaral na lumahok sa malayuang pag-aaral at kung paano i-access at gamitin ang mga tool sa pagtuturo sa Google Classroom na ginagamit ng mga guro para sa live na pagtuturo at pag-aaral ayon sa bilis ng mag-aaral (di-magkakasabay).

Nagbigay ng teknolohikal na suporta sa lahat ng mga kawani sa pangasiwaan ng lugar at kawani sa pagtuturo, sa pamamagitan ng pagbigay sa kanila ng mga laptop, at binigyan ng hot spot ng WiFi ang mga sumagot ng survey at nagsabing kailangan nila ng suporta sa koneksiyon at dahil sa anumang dahilan ay hindi makapunta sa campus ng paaralan para kumonekta sa network ng WiFi ng Distrito. Nagbigay ang mga departamento ng Kurikulum at Pagtuturo at Serbisyong Pang-impormasyon ng direktang suporta sa teknolohiya at paglutas ng problema para matugunan ang anumang isyu sa computer o pag-access na hinaharap ng mga kawani sa pagtuturo. Nagbigay ng mga pagkakatong sa propesyonal na pagpapaunlad buong tagsibol, tag-araw at may mga plano para sa buong taong pampaaralan para matugunan ang pagbuo ng kakayahan, mga kasanayan, at kaalaman pagdating sa malayuang pag-aaral,

pagsusuri ng datos ng mag-aaral, paghimok sa mga mag-aaral na makisali sa pamamagitan ng de-kalidad na unang pagtuturo na batay sa mga pamantayan, at pagsasama ng mga karanasan na may kaugnayan sa kultura at wika at tumutugon na karanasan ng gurio at sa pag-aaral sa loob ng pagtuturo. Nagbigay ng propesyonal na pagpapaunlad at suporta sa mga kawani sa pangangasiwa at pagtuturo tungkol sa kung paano gagamitin ang malayuang pag-aaral at mga virtual na pamamaraan para makipag-ugnayan at hikayatin ang mga magulang, tagapangalaga, at pamilya bilang mga katuwang sa pag-aaral at pag-unlad ng pakikipagkapwa at emosyon ng ating mga mag-aaral. Magbibigay ng pagsasanay tungkol sa pangangalaga at mga gawing nagpapanumbalik na may kaalaman sa trauma sa mga kawani sa buong distrito at magkakaroon ng tulongan pagdating sa pagsusuri ng datos ng mga mag-aaral para magbigay ng kaalaman at estratehikong magplano para sa mga karanasan sa pag-aaral na sumusuporta sa pagpapatupad ng Sistema ng Mga Suporta na May Iba't Ibang Tier na tumutugon sa iba't ibang pangangailangan, dahil sa kultura at wika, sa pag-aaral at pakikipagkapwa at emosyon ng lahat ng mag-aaral.

Mga Papel at Responsibilidad ng Mga Kawani

[Isang paglalarawan ng mga bagong papel at responsibilidad ng mga apektadong kawani bilang resulta ng COVID-19.]

Ang pandemya ng COVID-19, ang pagsasara ng mga gusali ng paaralan, paglipat sa malayuang pag-aaral, at pagpapalano para sa iniaalok na hybrid na pinaghalong pagtuturo ay nagkaroon ng napakalaking epekto sa mga papel at responsibilidad ng mga kawani at sistemang pang-operasyon ng kawani ng SUSD. Bilang tugon sa pandemya ng COVID-19, kinailangang umangkop ng mga kawani at baguhin ang kanilang mga papel at responsibilidad habang patuloy na nagbabago ang buong sistema para matugunan ang mga pangangailangan dahil sa pagbabago na alinsunod sa kalusugan, kaligtasan, at pag-aaral. Ipagpapatuloy ng mga kawani sa Kapakanan ng Bata at Pagliban sa Pagdalo na nasa malayuang pag-aaral at anumang iniaalok na personal na pagtuturo sa hinaharap ang kanilang mga pagsisikap sa pakikipag-ugnayan at mga serbisyo ng departamento. Gayunpaman, binago ang ilang partikular na papel sa malayuang pag-aaral para magbigay ng direktang suporta sa mga lugar ng paaralan na nakaranas ng mas maraming pagliban ng mag-aaral dahil sa mga epekto ng pandemya ng COVID-19. Patuloy na magtatala ng pang-araw-araw na pagdalo ang mga guro sa lahat ng mga modelo ng pagtuturo, susubaybay sa pakikilahok ng mag-aaral gamit ang ilang panukat, at makikipag-ugnayan sa mga mag-aaral at magulang tungkol sa pagdalo ng mag-aaral at mga inaasahan sa pag-aaral. Sa malayuang pag-aaral, nagbibigay ang mga guro ng live na pagtuturo sa pamamagitan ng magkakasabay na karanasan sa pag-aaral at sumusubaybay sa di-magkakasabay na pag-aaral na ayon sa bilis ng mag-aaral, sa pamamagitan ng pagkumpleto ng mga takdang-aralin, aktibidad sa pag-aaral at komunikasyon sa Google Classroom at iba pang sistema sa pamamahala ng pag-aaral, nang may pakikipagtulungan sa ibang pinagsang-ayunan na anyo at paraan ng pakikipag-ugnayan na mayroon sa mga lugar ng paaralan. Sa buong distrito, magpapatuloy sa kanilang mga papel ang mga kawani na may mga serbisyong sumusuporta sa mga mag-aaral na may kapansanan, sa pamamagitan ng pagbigay ng mga serbisyong malayuan at personal para sa mga mag-aaral at pamilya na kahanay ng mga layunin, pangangailangan ng pagtatasa, at serbisyo na nasa Personalisadong Programa ng Edukasyon (Individualized Educational Program, IEP) ng bawat mag-aaral. Nagtalaga ng mga kawani para sa Kalusugan at Mabuting Kapakanan sa lahat ng mga lugar ng paaralan para pamahalaan ang araw-araw na proseso ng pagsusuri ng sarili ng serbisyong pangkalusugan para sa COVID-19, pagsunod sa mga protokol para sa kalusugan at kaligtasan sa mga campus ng paaralan at sa oras ng pagbabahagi ng pagkain, at pagtulong sa komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa mga pamilya. Inako ng tanggapan ng Pamamahala ng Panganib (Risk Management) ang papel ng pamamahala, kasama ng tanggapan ng Serbisyong Pangkalusugan (Health Service), sa mga protokol sa pagsubaybay sa mga nakasalamuha dahil sa COVID-19. Kumuha ang SUSD ng tagapag-ugnay ng COVID-19 para isaayos at pangunahan ang iba't ibang sistema at prosesong konektado sa mga responsibilidad sa pagtugon sa mga epekto sa kalusugan at kaligtasan ng pandemya ng COVID-19 sa SUSD at mga komunidad na pinagsisilbihan namin.

Ang mga pagbabago na ginawa at gagawin sa mga papel at responsibilidad ng mga kawani para matugunan ang pang-akademikong pangangailangan at mga pangangailangan sa pakikipagkapwa at emosyon ng mga mag-aaral habang tinitiyak ang kalusugan at kaligtasan ng mga kawani at mag-aaral ay:

- Binago at iniangkop ang mga oras ng trabaho dahil sa kalusugan at kaligtasan pati na rin bilang pagtugon sa mga pinalaking pangangailangan sa pag-access ng mga pamilyang may mga nagtatrabahong magulang.
- Ang mga guro na parehong nagtatrabaho nang malayo mula sa kanilang tahanan o mula sa kanilang silid-aralan sa oras ng mga iniaalok na malayuang pag-aaral at sa oras ng hybrid na pinaghalong modelo ay susuporta sa personal na pag-aaral ng mag-aaral parehong sa mga suporta sa personal na pagtuturo at di-magkakasabay na pag-aaral. Susuportahan ng mga guro ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng malinaw na pagtuturo, pagmomodelo, at pagbibigay-diin sa mga pag-iingat sa kalusugan at pamantayan sa kaligtasan,

nang nakatuon sa araw-araw na pagsusuri sa sarili at mga protokol sa temperatura, pananatili sa sariling lugar ng trabaho, paggamit ng mga indibidwal na supply, mga protokol sa social distancing, regular na paghuhugas ng kamay at pag-iwas sa paghawak sa mga patungan at gamit na ginagamit ng lahat, mga proseso sa pagdisimpekta, at iba pang responsibilidad na nakahanay sa pag-aangkop ng pagtuturo at pag-aaral sa loob ng isang pandaigdigang pandemya. Makikipag-ugnayan ang mga guro sa mga pamilya at magbibigay ng mga pagkakataon para sa patuloy na pakikilahok ng mga pamilya sa pag-aaral ng kanilang anak sa pamamagitan ng mga iniaalok na virtual at personal na pagtuturo buong taon. Ilimbitahan ang mga tagapagsanay sa pagtuturo na sumali sa mga Google Classroom para sa mga nagtutulungang modelo ng paggabay, at dadalo ang mga tagapangasiwa ng lugar sa mga live na pagtuturo para magbigay ng nakatutulong at obhetibong feedback sa pag-aaral at suporta sa pagtuturo.

- Magbibigay ang mga espesyalista ng programa ng direktang suporta sa mga kawani sa pagtuturo pagdating sa mga lohistikong kabilang sa pagpapalano, pag-set up, at pagpapatakbo ng parehong virtual at personal na pagpupulong para sa IEP, habang tinitiyak na nasusunod ang mga hakbang para sa kalusugan at kaligtasan, at nabibigyan ang mga magulang/tagapangalaga ng mga pagkakataong maging aktibong kalahok sa pagpupulong habang tinutugunan ang lahat ng mga kinakailangang dokumentasyon sa isang pagpupulong para sa IEP na virtual, sa pamamagitan ng telepono at/o personal.
- Magbibigay ang mga tagatulong sa pagtuturo ng suporta para sa indibidwal at maliliit na grupo sa live na pagtuturo, magkakasabay na pag-aaral at susuportahan nito ang mga guro na tumutulong sa mga mag-aaral sa mga hiwalay na kuwarto (breakout room) at iba pang paraan ayon sa naaangkop.
- Nagtalaga ng mga pamalit na guro sa lahat ng mga lugar ng paaralan para magbigay ng estratehikong suporta sa pagtuturo para sa mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan sa mga oras ng magkakasabay na pag-aaral.
- Susuportahan ng mga mapagkukunan na guro at mga espesyalista sa pagsasama (inclusion specialist) ang mga serbisyong kaugnay ng malayuang pag-aaral at mga pagkilos na nakatuon sa pinag-iba-ibang pamamaraan sa pagtugon sa mga estratehikong pangangailangan ng mga mag-aaral na may kapansanan. Kabilang sa mga kilos at serbisyo na ito ang pagsuporta sa proseso ng pagtatasa, pagsasaayos ng mga serbisyo sa pag-uugnay na nakahanay sa mga IEP ng mag-aaral sa araw-araw na iskedyul ng pagtuturo ng guro, pagsubaybay sa progreso ng pag-aaral sa anumang modelo ng pagtuturo, at pakikipagtulungan sa mga tagatulong sa pagtuturo para matiyak na estratehikong naibibigay ang access sa suporta sa mga mag-aaral.
- Magsasagawa ang mga kawani ng serbisyong pangkalusugan ng pang-araw-araw na pagsusuri ng kalusugan para sa COVID-19 sa mga kawani at nakipagtulungan sila para gumawa ng plano bilang pagtugon ng SUSD sa pandemya ng COVID-19 gamit ang mga rekomendasyon galing sa Tanggapan sa Edukasyon ng San Joaquin County (San Joaquin County Office of Education), Pamublikong Kalusugan ng County (County Public Health), Departamento ng Kalusugan ng California (California Department of Health), Departamento ng Edukasyon ng California (California Department of Education, CDE), at Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC).
- Nagbibigay ng patnubay ang mga kawani para sa suporta sa mag-aaral at serbisyong pangkalusugan sa mga lugar ng paaralan tungkol sa pagtugon sa matataas na inaasahan pagdating sa paglilinis at pagdisimpekta ng mga patungan at mga kapaligirang pantrabaho/para sa pag-aaral.
- Dagdag pa sa kanilang mga karaniwang responsibilidad, aktibong sinusuportahan ng mga tagapangasiwa ng lugar ang lahat ng mga kinakailangang hakbang para sa pampublikong kalusugan sa mga campus ng paaralan, habang estratehikong nagpapalano para sa mga plano ng paglipat mula sa malayuang pag-aaral patungong personal na pagtuturo, pinapamahalaan ang mga kawani sa campus na nagtatrabaho mula sa malayo, tinitiyak na nagbibigay ang kawani sa pagtuturo ng de-kalidad na malayuang pag-aaral sa pamamagitan ng live na pagtuturo at mga pagkakataon sa pag-aaral na di-magkakasabay, paghikayat sa mga pamilya na lumahok at pagtiyak na sinusubaybayan ng mga kawani ang araw-araw na pagdalo sa buong paaralan at pakikilahok ng mga mag-aaral sa napapanahon at tumpak na paraan.
- Nagtatrabaho ang mga kawani sa tanggapan kasama ng mga tagapangasiwa para aktibong suportahan at tiyakin na lahat ng mga hakbang ng pampublikong kalusugan ay nasusunod at na dumadating sa campus ang mga sumusuportang kawani, mag-aaral, pamilya, at lahat ng iba pa nang nakikipagtulungan sa kawani ng mga serbisyong pangkalusugan ng paaralan at nagsusuot ng mask at sumusunod sa mga protokol sa kaligtasan.
- Sinusuportahan ng mga kawani ng pambatang nutrisyon at serbisyong pagkain ang lahat ng mga hakbang ng pampublikong kalusugan habang nagpapatupad ng ligtas na paggalaw ng mga mag-aaral, kawani, at pamilya sa buong proseso ng pagbibigay ng pagkain, at pag-scan ng mga bar code para matiyak na nadodokumento nang tumpak ang pagbibigay ng pagkain sa mga nakatalang mag-aaral. Sa pakikipagtulungan sa mga kawani ng serbisyong pangkalusugan, tinitiyak nila na lahat ng lugar ng trabaho ay mayroong Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE) at mga mapagkukunan at supply para sa paglilinis/pagdisimpekta.
- Aktibong susubaybayan at susuportahan ng mga kawani ng mga serbisyong pangkalusugan, pamamahala ng panganib at mga serbisyo ng suporta sa mag-aaral ang lahat ng mga kinakailangang hakbang, kinakailangan, at proseso sa pagsubaybay sa nakasalamuha para sa pampublikong kalusugan. Magbibigay ang mga kawani ng mga patuloy na update at pagsasanay sa mga kawani at magbibigay ng impormasyon sa mga pamilya tungkol sa mga bagong proseso at inaasahan sa pagpapatakbo na iniaatas ng departamento ng kalusugan bilang resulta ng pagsubaybay sa nakasalamuha at proseso ng pagsusuri ng sarili ng serbisyong pangkalusugan para sa COVID-19.

- Susubaybayan at susuportahan ng mga kawaning pantransportasyon ang lahat ng kinakailangang hakbang ng pampublikong kalusugan na nakahanay sa transportasyon at mga proseso sa paglilinis/pagdisimpekta ng mga sasakyan habang tinitiyak na ang sapat na pagsasaayos ng upuan para sa social distancing ay inaayos sa mga serbisyo ng pagpapatakbo ng transportasyon. Sa panahon ng malayuan pag-aaral sinuportahan ng mga kawani sa transportasyon at mga Tagasubaybay at Tagatulong sa Seguridad sa Campus (Campus Security Monitors and Assistants, mga CSM at CSA) ang mga lugar ng paaralan na nagbabahagi ng pagkain sa pamamagitan ng pagsasaayos ng daloy ng tao at lohista ng direksyon ng paggalaw ng mga dumating para sa pagbabahagi ng pagkain. Ipatatupad ang isang sistema, sa pakikipagtulungan sa mga kawani sa serbisyong pangkalusugan, para tiyakin na magsasagawa ng araw-araw na pagsusuri sa sarili para sa COVID-19 ang mga mag-aaral para suportahan ang ligtas at malusog na pagpapatakbo ng transportasyon para sa lahat.
- Aktibong sinusubaybayan at sinusuportahan ng mga kawani para sa mga kabataang nasa bahay-alagaan at mga pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon ang lahat ng iniaatas na hakbang para sa pampublikong kalusugan at mga kinakailangang lohista pagdating sa pag-access ng pag-aaral, pagkain, kalusugan ng pag-iisip at mabuting kapakanan, at iba pang kinakailangang serbisyo para sa mga mag-aaral at pamilya. Nagaganap ang pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng mga pagpupulong sa telepono at virtual na pagupulong at ibang anyo ng komunikasyon sa mga mag-aaral at pamilya.
- Aktibong susundin at susuportahan ng mga kawani sa Pagpapatakbo, Pagpapanatili, at Pag-aalaga ng lugar ang lahat ng kinakailangang hakbang para sa pampublikong kalusugan habang sumusunod sa sistema ng rutina at masinsinang paglilinis at pagdisimpekta sa lahat ng mga lugar na madalas hawakan at hinahawakan ng lahat araw-araw. Titiyakin din ng mga kawani na ang lahat ng mga lugar ng paaralan at gusali ay mayroong mga supply at gumaganang dispenser, para sa paghugas at pag-sanitize ng kamay. Magpapanatili rin ang mga kawani sa lugar ng Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE) para magbigay-daan at matiyak ang pagiging handa sa pagsunod sa lahat ng mga hakbang para sa pampublikong kalusugan, habang nagtatrabaho sa departamento at pagpapatuloy ng komunikasyon pagdating sa mga protokol at proseso sa pag-order para matiyak na maio-order ang mga karagdagang supply sa tamang oras ayon sa kailangan.

Ang sistema ng pagbigay ng mga serbisyong pang-edukasyon ay patuloy na babaguhin ang mga papel at responsibilidad ng mga kawani para matugunan ang mga pangangailangang akademiko at pangangailangan sa pakikipagkapwa at emosyon ng mga mag-aaral, habang tinitiyak na ang lahat ng mga mag-aaral, kawani, at pamilya ay ligtas, malusog at na patuloy na sinusubaybayan at sinusuportahan ng lahat ng mga kawani ang lahat ng kinakailangang hakbang para sa pampublikong kalusugan. Nakatuon ang mga kawani ng SUSD sa pagsuporta sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral, pagsuporta sa mga lugar ng pag-aaral na makatarungan para sa lahat, at pagpapaunlad ng mga makabuluhang pakikipagtuwang na nakatuon sa pagtatapos ng mga mag-aaral nang handa para sa kolehiyo, karera, at komunidad. Naapektuhan ng mga pagsasara ng gusali ng paaralan ang lahat ng mga kawani at nagdala ng mga hamon sa pagpapatakbo na direktang nakakaapekto sa pisikal, mental, emosyonal, panlipunan, at pang-edukasyong pangangailangan ng ating mga mag-aaral at nagdulot ng maraming stress sa lahat ng mga pamilya at kawani. Patuloy na magbibigay ang SUSD ng mga pagkakataon para sa pagbibigay ng feedback para matuto at makatugon sa mga pangangailangan ng mga kawani, at makipagtulungan sa mga lider ng manggagawa para suportahan ang kapakanan ng lahat ng mga esensyal na manggagawa.

Mga Suporta para Mga Mag-aaral na May mga Natatanging Pangangailangan

[Isang paglalarawan ng mga karagdagang suporta na ibibigay ng LEA sa panahon ng malayuang pag-aaral para tulungan ang mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan, kabilang ang mga mag-aaral ng wikang Ingles, mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan na pinagsisilbihan sa lahat ng mga placement, mag-aaral na nasa pansamantalang pangangalaga, at mag-aaral na nakakaranas ng kawalan ng tahanan.]

Ilan sa mga karagdagang suporta na ibibigay ng SUSD sa oras ng malayuang pag-aaral para tulungan ang mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan ay ang mga suporta sa pagtuturo sa maliliit na grupo at pang-indibidwal, pag-tutor pagkatapos ng oras ng klase at suporta sa takdang-aralin, pagbibigay sa mga mag-aaral ng hot spot ng WiFi at laptop para matiyak ang access sa malayuang pag-aaral, at access sa mga tagapayo at clinician para sa kalusugan ng pag-iisip para masuportahan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na pamahalaan ang kanilang kalusugan ng pag-iisip at kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyon sa oras ng malayuang pag-aaral. Mag-aalok ng pagsasanay sa mga kawani tungkol sa pangangalagang may kaalaman sa trauma, mga gawing nagpapanumbalik, implicit bias (hindi namamalayang pagkikiling/pagtatangi), katarungan, at pagkakaiba-iba para pabutihin ang kakayahan ng mga kawani na tugunan ang mga pangangailangan ng kanilang pinagsisilbihan na populasyon ng mga mag-aaral na iba't iba ang kultura at wika. Isang gabay na aklat para sa mga magulang/tagapangalaga ang inilathala sa iba't ibang wika na nagbibigay sa mga pamilya ng mga mapagkukunan at impormasyon tungkol sa malayuang pag-aaral at mapagkukunang magagamit ng mga mag-aaral at pamilya.

Kabilang sa mga akademikong suporta na idinisenyo para tugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral ng wikang Ingles ang pagtatasa ng kahusayan sa wikang Ingles, suporta para ma-access ang kurikulum, kakahayang muling maturing bilang may ganap na kakahayan sa wikang Ingles, at kung naaangkop, suporta para sa pag-aaral sa dalawang wika. Binibigyan ang mga mag-aaral ng wikang Ingles ng suporta sa malayuang pag-aaral sa pamamagitan ng mga bilingguwal na tagatulong at pagtuturo sa maliliit na grupo na nakatuon sa itinakdang Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (ELD). Nagbibigay ang mga espesyalista at tagapagsanay sa wika ng pagsasanay at suporta sa mga kawani sa pagtuturo na nakatuon sa mga estratehiya sa pag-aaral na nakahanay sa Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (ELD) sa plataporma ng malayuang pag-aaral. Nagbibigay ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Stockton (SUSD) sa mga guro sa baitang K hanggang 12 ng de-kalidad na propesyonal na pagpapaunlad at pagsasanay upang parehong matutunan at mabuo ang kanilang kaalaman at mga kasanayan para epektibong suportahan ang mga Mag-aaral ng Ingles (English learner, EL) na nakikibahagi sa pinagsama at nakatalagang pagtuturo sa oras ng virtual na pag-aaral. Binuo at ipinatupad ang mga sesyon ng propesyonal na pagpapaunlad upang mag-alok sa mga guro ng oportunidad upang magtamo ng kaalaman sa pagtuturo, maliwanag na mga rekomendasyon na may kinalaman sa mga pinakamahusay na gawi na batay sa pananaliksik, at kung paano isinasama ang teknolohiya sa loob ng malayuang pag-aaral. Kasabay nito, naghandog din ng pagsasanay sa pagtuturo bilang mga oportunidad upang mag-isip nang malalim at magnilay tungkol sa kanilang mga karanasan bilang isang paraan para bumuti sa kanilang gawin at makapagbigay ng makabuluhang pagtuturo. Bukod pa rito, naghandog sa mga guro ng suporta at mga mapagkukunan sa kurikulum na sumuporta sa virtual na pag-aaral para sa mga EL. Nagbibigay sa mga magulang ng mga EL ng mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon bilang paraan upang matiyak ang makabuluhang komunikasyon at magkaroon ng makatarungang access sa impormasyong may kinalaman sa paaralan na kailangan nila upang gumawa ng mga desisyong batay sa impormasyon tungkol sa edukasyon ng kanilang mga anak at maging nakatutulong na kalahok dito, sa parehong iniaalok na malayuang pag-aaral at personal na pag-aaral. Nagbibigay ng propesyonal na pagpapaunlad sa mga kawani sa pagtuturo at magpapatuloy ito sa buong taong pampaaralan nang nakatuon sa paghimok sa mga mag-aaral ng wikang Ingles na makilahok sa pamamagitan ng mga pinag-iba-ibang estratehiya sa pagtuturo, pagbibigay sa mga mag-aaral ng iba't ibang paraan para mag-access at makipag-ugnayan sa mga nilalaman ng pag-aaral, mga interaktibong estratehiya sa pagtuturo sa malayuang pag-aaral at personal na pag-aaral, at pagbibigay ng mga aktibidad na nagpapakita ng ilang paraan para mapakita ng mga mag-aaral ang kanilang natutunan at pag-unawa sa mga nilalaman na batay sa pamantayan. Mag-aalok ng mga online na serbisyo sa pag-tutor para sa mga kwalipikadong mag-aaral ng wikang Ingles.

Nakikipagtulungan ang mga guro ng espesyal na edukasyon kasama ng mga guro ng mga pangunahing nilalaman sa mga virtual na plataporma para makibagay sa mga karanasan sa pag-aaral at matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa isang kapaligiran ng malayuang pag-aaral. Gagamitin ang mga kaukulang aksiyon sa pagtuturo kasama ang mga karagdagang mapagkukunan para matiyak na natutugunan ang mga kinakailangan at indibidwal na layunin ng Personalisadong Programa ng Edukasyon (IEP). Gagabayan ng mga patnubay ng Departamento ng Edukasyon ng California (CDE) sa pagtugon sa mga inaasahan kapag nagkaroon ng pisikal na pagsasara ng mga paaralan (nang higit sa sampung araw) ang pagpapasiya sa mga serbisyo sa panahon ng mga pagbabago na direktang makakaapekto sa mga iskedyul ng paaralan o opsiyon sa pagbibigay ng serbisyo; nalalapat ito sa mga sitwasyon ng quarantine at/o pagbubukod sa sarili dahil sa pandemya ng COVID-19. Patuloy na magbibigay ang departamento ng Espesyal na Edukasyon ng SUSD ng estratehikong suporta sa mga kawaning nagbibigay ng serbisyo sa espesyal na edukasyon para matiyak na lahat ng mag-aaral na nakakatanggap ng espesyal na edukasyon ay naisasama sa mga iniaalok na malayuan at personal na pag-aaral. Gagamitin ng mga kawani sa espesyal na edukasyon ang proseso ng IEP sa pakikipagtuwang sa mga pamilya para baguhin ang karanasan at suporta sa pag-aaral sa estratehikong paraan ayon sa kinakailangan, para matugunan ang mga pangangailangang akademiko at pangangailangan sa pakikipagkapawa at emosyon ng mag-aaral. Magbibigay ng mga personal na pagtatasa at suporta alinsunod sa mga panuntunan sa kalusugan at kaligtasan na iniaatas at mga protokol ng Distrito. Gagamitin ang pagtuturo sa grupo kasama ng mga guro sa pangkalahatang edukasyon, pagtuturo sa maliliit na grupo, at pakikilahok sa ibinabahaging virtual na plataporma para sa pag-aaral para tiyakin na lahat ng mga indibidwal na mag-aaral ay may access sa pangunahing kurikulum nang may layunin na nasa tamang landas ang lahat ng mga mag-aaral para makapagtapos mula sa mataas na paaralan. Mag-aalok ang SUSD ng mga opsiyon sa pagpupulong para sa Personalisadong Plano/Programang Edukasyon (IEP) na may pleksibilidad, tulad ng mga virtual na pagpupulong, sa pamamagitan ng teleconference, personal na pagpupulong na sumusunod sa mga guideline sa kalusugan ng county at estado, at mga hybrid na pagpupulong para matugunan ang mga pangangailangan ng mga pamilya. Ang mga guro ay gagawa ng mga video kada linggo para panoorin ng mga mag-aaral tungkol sa mga larangan ng pagtuturo, magbibigay ng mga aktibidad kada linggo, susuriin ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa online na pag-aaral at magbibigay ng karagdagang materyales ayon sa kinakailangan, at gagawa ng mga indibidwal na aralin para sa mga mag-aaral batay sa kanilang IEP. Magbibigay ang Pathologist sa Pananalita at Wika ng indibidwal na pagtuturong nakahanay sa IEP ng mag-aaral, kabilang ang nakarekord o nasa virtual na plataporma ng pag-aaral, makikipag-ugnayan ang mga sikolohista ng paaralan sa mga mag-aaral na nakakatanggap ng mga serbisyo ng pagpapayo para sa pahintulot na magkaroon ng mga virtual na sesyon ng pagpapayo, makikipag-ugnayan ang mga occupational at pisikal na therapist sa mga pamilya para magbigay ng gabay para sa pagpapatupad ng mga estratehiya sa tahanan at bumuo ng mga materyales na masusunod sa tahanan, at magbibigay ang mga sertipikadong tagasuri ng pag-uugali ng mga estratehiya at paraan para sa pamamahala

ng pag-uugali sa tahanan para sa mga pamilya batay sa mga indibidwal na pangangailangan ng bawat mag-aaral. Mag-aalok ng mga online serbisyo sa pag-tutor sa mga kwalipikadong mag-aaral ng espesyal na edukasyon.

Nagsimula ang mga suporta sa pag-aaral para sa malayuang pag-aaral para sa mga mag-aaral sa mga pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, nang may karagdagang pakikipag-ugnayan sa mga pamilya at mag-aaral para tugunan ang mga pangangailangan sa kalusugan, kaligtasan, at malayuang pag-aaral noong simula ng pandemya noong tagsibol. Nagtrabaho ang tanggapan ng Families In Transition kasama ng ibang departamento ng SUSD para matiyak na ang mga pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon at kabataang walang tumatayong magulang ay inuna para makatanggap ng mga laptop at hot spot ng WiFi para matiyak ang pagiging konektado sa internet at access sa mga iniaalok na malayuang pag-aaral. Patuloy na natitiyak ng mga pangangamusta sa mga pamilya at mag-aaral na may access sila sa malayuang pag-aaral at mga iniaalok sa kalusugan ng pag-iisip at pakikipagkapwa at emosyon. Kapag nag-ulat ang mga guro ng kawalan ng pakikilahok ng mga mag-aaral na nasa mga pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon o kabataang walang tumatayong magulang, magsasagawa ang mga kawani para sa mga pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon ng pangangamusta sa pamilya at mag-aaral para sa pagsusuri ng pangangailangan at gagawa ng follow-up sa tagapayo ng paaralan at tagapamahala ng kaso ng Kapakanan ng Bata at Pagliban sa Pagdalo para makapagbigay ng mga mapagkukunan at suporta sa pamilya at mag-aaral. Nagaganap ang pakikipagtulungan at komunikasyon sa mga lokal na shelter at kawani ng SUSD para suportahan ang mga mag-aaral sa pag-access ng malayuang pag-aaral at nagbibigay ng mga ibinabahaging mapagkukunan mula sa mga ahensya para sa mga walang tahanan para paramihin ang kaalaman tungkol sa mga serbisyo na magagamit nila. Binigyan ang mga kabataang walang tumatayong magulang at mag-aaral ng mga pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon ng backpack na puno ng mga supply para sa pag-aaral, nakakargang charger ng baterya para sa mga laptop, at headphones kung kinakailangan para pabutihin ang kanilang access sa mga karanasan ng malayuang pag-aaral. Ialok ang mga online na serbisyo sa pag-tutor para sa mga kwalipikadong mag-aaral ng mga pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon.

Partikular sa mga pangangailangan ng mga kabataang nasa bahay-alagaan na nasa malayuang pag-aaral, malapitang sinubaybayan ng SUSD ang pagpasok at pakikilahok ng mga kabataang nasa bahay-alagaan, at nagkaroon na malapit na komunikasyon mula sa mga kawani ng bahay-alagaan ng mga kabataan patungo sa Kapakanan ng Bata at Pagliban sa Pagdalo, kawaning tagapayo, at clinician ng kalusugan ng pag-iisip para direktang kumonekta sa mga mag-aaral at magbigay ng anumang kinakailangang tulong at karagdagang suporta. Nakipag-ugnayan ang mga kawani ng mga bahay-alagaan ng kabataan sa lahat ng mga kabataang nasa bahay-alagaan at/o foster na magulang/tagapangalaga para matiyak na nakatanggap ng laptop at hot spot ng WiFi ang bawat kabataang inaalagan. Ang mga update sa mga ibinigay na serbisyo at ang mga inaasahan sa pagtuturo ay ibinahagi at patuloy na ibabahagi buong taon sa mga kabataang nasa bahay-alagaan kaugnay ng mga iniaalok na pagtuturo at pagbabago. Ang mga patuloy na pangangamusta ng mga kawani sa mga kabataang nasa bahay-alagaan sa pamamagitan ng telepono, email, at ibang paraan ng komunikasyon ay magaganap buong taon. Makikipagtulungan ang mga kawani sa mga departamento ng SUSD at panlabas na ahensya para sa access sa mga karagdagang suporta at mapagkukunan ayon sa kinakailangan. Binigyan ang mga mag-aaral na kabataang nasa bahay-alagaan ng backpack na puno ng mga supply para sa pag-aaral, nakakargang charger ng baterya para sa mga laptop, at headphones kung kinakailangan para pabutihin ang kanilang access sa mga karanasan ng malayuang pag-aaral. Mag-aalok ng mga online serbisyo sa pag-tutor sa mga kwalipikadong mag-aaral na nasa bahay-alagaan.

Binuksan ng SUSD sa pakikipagtuwang sa Community Medical Center, ang Sutter Creek Medical center sa gusali ng SUSD Central Enrollment noong Mayo 4. Nagbigay ang klinika ng mga pagkakataon para sa mga mag-aaral ng wikang Ingles, kabataang nasa bahay-alagaan, at mag-aaral mula sa pamilyang mababa ang kita na maka-access ng mga libreng medikal na mapagkukunan, pagsusuri sa katawan para sa pagbalik sa paaralan, pagsusuri sa katawan para sa sports at kinakailangang bakuna ng Tdap at iba pa. Bumuo ang departamento ng Mga Serbisyo ng Suporta para Kalusugan ng Pag-iisip Pag-uugali ng distrito ng form ng pagtatasa para sa panganib sa pagpapakamatay dahil sa pagsasara ng paaralan at isang plano sa kaligtasan at mabuting kalusugan, sa wikang Ingles at Espanyol, para matiyak ang pagsubaybay sa parehong dami at uri ng pagtatasa sa panganib na ginagawa, pati na rin bilang paraan ng paggawa ng karagdagang pag-follow up sa mga mag-aaral at pamilya ayon sa kinakailangan sa oras ng malayuang pag-aaral at personal na pagtuturo. Nagbigay ng estratehikong pakikipag-ugnayan para sa bakuna na Tdap at suporta sa lahat ng mga mag-aaral na nasa ika-7 baitang na nangailangan ng suporta sa pag-access sa bakuna para makilahok sa pang-araw-araw na pagtuturo.

Binigyan ang mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan ng pahayagan para sa bawat baitang sa iba't ibang wika para masubaybayan ang pakikilahok sa mga aralin na batay sa baitang at magbigay ng mga estratehiya at mapagkukunan para sa mga magulang at tagapangalaga sa pagsuporta sa kanilang mga anak sa oras ng malayuang pag-aaral. Magkakaroon din ng access ang mga mag-aaral at pamilyang may mga natatanging pangangailangan sa Destiny Discover; dito binibigay ng Silid-aklatan ng Estado ng California (California State Library) ang mga libreng database (ProQuest, Britannica, Teachingbooks.net) at mapagkukunan, at mahahanap dito ang mga quick link para sa mga mag-aaral ng SUSD para magbigay ng maraming access sa mga mapagkukunan sa pagbabasa at pagsusulat at pag-aaral online.

Sa pamamagitan ng SORA, ang aming online na library ng mga eBook at audio book, at kung saan ang mga libro ay magagamit sa mga Chromebook ng mga mag-aaral, may access ang mga mag-aaral sa higit 300,000 eBook at audio book sa iba't ibang wika nang walang singil sa pagbabalik nang huli. Sa unang linggo ng malayuang pag-aaral, higit 9000 eBook ang inilabas ng mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan at higit 1,000 libro ang naka-hold dahil sa kasikatan ng libro at dami ng mag-aaral na nais basahin ang libro. Inayos ang lahat ng mga mapagkukunan na ito para sa madali at iisang pag-sign in gamit ang account sa Google ng mag-aaral at guro, kung saan maaaring mag-log in ang mga mag-aaral mula sa kanilang tahanan para magkaroon ng access sa higit 300,000 eBook at audio book na mapagpipilian.

Mga kilos na kaugnay ng Programa sa Malayuang Pag-aaral [maaaring magdagdag ng mga karagdagang hilera at hanay kung kinakailangan]

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
Ipagpapatuloy ng mga laptop ang proseso ng siklo ng pag-refresh at titiyakin na ibibigay ang mga ito sa bawat mag-aaral na nakatala sa SUSL. (DLP-1)	\$3,007,365	Oo
Pagbigay ng hot spot ng WiFi sa tirahan/sambahayan ng bawat mag-aaral (37,000 hot spot ng WiFi) (DLP-2)	\$4,531,000	Oo
Mga mapagkukunang tumutulong tiyakin at suportahan ang paggamit at pag-access ng mga mag-aaral ng mga naaangkop at ligtas na internet at mga website kapag gumagamit ng mga computer. (DLP-3)	\$65,000	Oo
Pagtalaga ng mga pamalit na guro sa mga lugar ng paaralan para suportahan ang karanasan ng magkakasabay na pag-aaral para sa mga mag-aaral. (DLP-4)	\$2,000,000	Hindi
Pagtatabi ng badyet ng lugar ng paaralan para suportahan ang pagtugon sa mga pangangailangan sa pag-aaral ng mag-aaral, paggawa ng ligtas at pantay-pantay na kapaligiran para sa pag-aaral, at pagbuo ng mga makabuluhang pakikipagtuwang sa mga mag-aaral at pamilyang pinagsisisilbihan nila. (DLP-5)	\$8,165,760	Oo
Mga laptop para sa mga tagapangasiwa, guro, at kawani para sa suporta sa pagtuturo. (DLP-6)	\$1,390,000	Oo
Tumutulong na teknolohiya para sa Mga Mag-aaral na May Kapansan para maka-access ng pagtuturo sa malayuang pag-aaral mula sa kanilang tirahan. (DLP-7)	\$100,000	Hindi

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
Panatilihin ang pagkuha ng kawani ng suporta para sa sentralisadong library ng distrito upang matiyak na nagbibigay ng access sa mga eBook at audio book sa lahat ng mag-aaral at kawani at nagbibigay ng suporta sa pagsasanay at mapagkukunan sa proseso ng pag-check in at pag-check out ng teknolohiya at kurikulum sa loob ng malayuang pag-aaral. (DLP-8)	\$194,798	Oo
Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Wika (Language Development Office): Panatilihin ang pagkuha ng kawani para sa mga bilingguwal na tagatulong, mga tagapagsanay sa Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (English Language Development, ELD), espesyalista sa mag-aaral ng Ingles, interpreter/tagasalin, at tagasuporta na partikular na tinutugunan ang mga pangangailangan ng Mag-aaral ng Ingles kabilang ang pagpapatupad ng nakatalagang/pinagsamang ELD, mga programa para sa mga baguhan, at mga programa sa pagbababad sa wika. (DLP-9)	\$1,686,294	Oo
Oras ng Pagtutulungan, Mga Araw para sa Propesyonal na Pagpapaunlad, at Pakikibahagi ng Pamilya: Ipagpatuloy ang buwanang oras para makipagtulungan ang mga guro sa kanilang mga kasamahan ukol sa mga pamamaraan sa pagpapabuti ng tagumpay ng mag-aaral. Habang nasa malayuang pag-aaral at/o hybrid na modelo, higit na nagtuon ang pagtutulungan sa pagsuri at pagtugon sa pagkawala ng kaalaman at pagtugon sa mga natukoy na pangangailangan ng mga mag-aaral, partikular na ang mga pinakabulnerable sa mga lubos na epekto kumpara sa iba bilang resulta ng COVID at pakikibahagi ng mga pamilya sa mga suporta sa oras ng operasyon at mga kumperensiya ng pamilya kasama ang mga guro. (DLP-10)	\$11,443,348	Oo
Sentral na Sentro ng Pagpapatala (Central Enrollment Center): Tiyakin na ang mga patuloy na serbisyo na nauugnay sa mga proseso ng pagpapatala ng SUSD at/o paglipat sa loob ng distrito ay suporta ng pagkuha ng mga kawani upang mahusay na mailipat ang mga mag-aaral sa sistema ng paaralan at sa pagitan ng mga lugar ng paaralan, habang nagbibigay ng online na pagpapatala at pagpapatala sa personal sa pamamagitan ng appointment. (DLP-11)	\$1,101,606	Oo
Pagkuha ng mga kawani para sa pinahabang oras ng tanggapan para sa pamilya na inaalok sa huling bahagi ng gabi upang mapataas ang access sa para sa mga pamilya at mag-aaral upang ipagbigay-alam ang mga pangangailangan at suporta mula sa kawani ng lugar ng paaralan na nakahanay sa mga lohistika at sistema ng malayuang pag-aaral. (DLP-12)	\$3,000,000	Oo
Nakatuon ang mga oportunidad sa propesyonal na pagpapaunlad at pagtutulungan sa panahon ng bakasyon sa tag-araw na ibinibigay sa mga kawani ng pangasiwaan at pagtuturo sa pagbuo ng kakayahan sa pagbibigay ng de-kalidad na masinsinang unang pagtuturo at hindi magkakasabay na oportunidad sa pag-aaral sa loob ng malayuang pag-aaral na inilalahok ang mga mag-aaral at tumutugon sa magkakaiba-ibang pangangailangan ng mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, at mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan. (DLP-13)	\$1,800,000	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
Ang gabay na aklat sa Malayuang Pag-aaral ng Magulang at Tagapag-alaga na inilathala sa iba't ibang wika bilang suporta sa mga serbisyo, impormasyon, at mga mapagkukunan na ibinibigay sa lahat ng mga pamilya ng SUSD. (DLP-14)	\$20,000	Oo
Mga lisensiya ng Zoom upang matiyak ang mga serbisyo ng tagapangasiwa ng lugar at suporta sa mag-aaral para lumikha ng mga virtual na platform para sa pakikipag-ugnayan at workshop para sa mga pamilya bilang suporta sa pagbuo ng mga pakikipagtuwang, pag-uunawaan, at kakayahan ng pamilya upang tulungan ang pag-access ng mga bata at pagiging matagumpay sa loob ng malayuang pag-aaral. (DLP-15)	\$92,635	Oo

Pagkawala ng Kaalaman ng Mag-aaral

[Isang paglalarawan ng kung paano tutugunan ng LEA ang pagkawala ng kaalaman na nagreresulta mula sa COVID-19 sa panahon ng mga taong pampaaralan 2019–2020 at 2020–21, kabilang ang kung paano susuriin ng LEA ang mga mag-aaral upang masukat ang katayuan ng pagkatuto, partikular na sa mga larangan ng sining ng wikang Ingles, pagpapaunlad ng wikang ingles, at matematika.]

Gagamit ang SUSD na mga pagsusuri na batay sa kurikulum, batayang akademikong datos ng mag-aaral, karaniwang pormatibong pagsusuri, nagbuod na pagsusuri, at datos sa pagdalo upang masubaybayan ang pagsulong ng mga-aaral sa progreso na batay sa mga pamantayan sa antas ng baitang at estratehiko nitong tutugunan ang mga nakaantas na suporta batay sa mga resulta ng mag-aaral na nakahanay sa pamamaraan ng Sistema ng Mga Suporta na May Iba't Ibang Tier. Magbibigay ang mga guro ng mga pagsusuri sa parehong mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal na nakahanay sa mga patakaran sa pagmamarka ng SUSD. Dapat asahan ng mga pamilya na makikibahagi ang kanilang mga anak sa mga akademikong pagsusuri sa nilalaman na batay sa mga pamantayan sa antas ng baitang sa buong taong pampaaralan na nagbibigay ng mga datos sa progreso ng pag-aaral ng mag-aaral at kakayahang gamitin ang mga akademikong kasanayan na itinuro sa kanila; magbibigay ang mga siklo ng pagsusuri na ito ng mga datos na ginagamit ng mga guro upang magbigay-alam sa kanilang pagtuturo at estratehikong pagpapalano para matugunan ang mga hamon sa pag-aaral at pagpapanatili ng kaalaman na nauugnay sa epekto ng mga pagsasara ng mga gusali ng paaralan dahil sa pandemya ng COVID-19. Magtutuon ang mga anyong ito ng pagsusuri at mga siklo ng mga sama-samang datos ng pagsusuri at estratehikong pagpapalano sa mga bahagi ng nilalaman ng pagtuturo ng Sining ng Wikang Ingles (English Language Arts, ELA), Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (ELD), at Matematika.

Sa panahon ng tagsibol ng 2020, tinugunan ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Stockton (SUSD) ang mga hamon sa pag-aaral ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas pinataas na access sa mga eBook at audio book, pagbubukas ng mga oportunidad sa pag-tutor sa AVID sa lahat ng mag-aaral sa mataas na paaralan, pagbibigay ng suporta sa pag-tutor at takdang-aralin sa pamamagitan ng mga malayuang platform, pagbibigay ng mga programa sa pagbawi sa credit gamit ang computer para sa mga mag-aaral sa mataas na paaralan, pagpapataas ng mga pangungumusta ng tagapayo sa mga mag-aaral upang magbigay ng akademikong gabay at suporta sa pakikipagkapwa at emosyon, at pagbibigay ng mga karanasan sa malayuang pag-aaral sa paaralan tuwing bakasyon sa tag-araw para sa mga mag-aaral.

Sa simula ng taong pampaaralan 2020-2021 sa loob ng malayuang pag-aaral, nangasiwa ang lahat ng lugar ng paaralan ng mga paunang pagsusuri gamit ang mga pagsusuri na pinagtibay ng distrito upang magkolekta ng mga batayang datos bilang suporta sa mabisang pagtukoy ng mga guro sa mga pangangailangan sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa loob ng kanilang klase, oras para sa pagtutulongan sa antas ng baitang para estratehikong magtutulongan ang mga guro para estratehikong magplano ng magkakaiba-ibang aralin sa loob ng mga bahagi ng nilalaman ng ELA, ELD, at Matematika, magbigay ng mga pakikipag-ugnayan sa mga pamilya habang nagbabahagi ng mga inaasahan sa malayuang pag-aaral sa pamamagitan ng patuloy na komunikasyon at presentasyon na ibinabahagi tuwing Back to School Night at Title 1 Parent Night, at pagbubuo ng mga komunidad sa silid-aralan sa pamamagitan ng pagsasama ng panlipunan-pandamdaming pagkatutuo at Mga Kaukulang Aksiyon at Suporta para sa Positibong Pag-uugali (PBIS) para makabuo ng makatarungang kapaligiran ng pag-aaral na kasama ang lahat ng mag-aaral. Sa buong taong pampaaralan 2020-2021, ang mga kawani sa pagtuturo ay gagamit ng mga pormatibong pagsusuri at pagsusuri na batay sa kurikulum upang alamin ang pagkaunawa sa panahon ng mga magkakasabay na sesyon ng pag-aaral, gagamit ng mga gawain sa pagganap tulad ng mga proyektong isinasagawa ng mag-aaral, video, at iba pang malikhaing anyo ng pagpapakita at paggamit ng mga mag-aaral sa kanilang mga natutuhan, at gagamitin ang mga nagbubuod na pagsusuri na batay sa mga pamantayan nang hindi nagbabago-bago sa lahat ng mga lugar ng paaralan upang magbigay-daan sa mga talakayan ng Komunidad ng Propesyonal na Pag-aaral (Professional Learning Community, PLC) at mga hakbang sa pangkalahatang paglago. Magkakaroon ng mga mas pinataas na aksiyon at serbisyo sa mga larangan ng ELA, ELD, at Matematika sa buong mga taon na nakatuon sa mga oportunidad para sa mas pinataas na access ng mag-aaral at pamilya sa mga kawani sa pagtuturo, sesyon ng pag-tutor, oportunidad at mapagkukunan sa tulong sa takdang-aralin, at sesyon sa propesyonal na pagpapaunlad.

Patuloy na tinutugunan ng Mga Serbisyo sa Suporta sa Mag-aaral ang mga hamon sa pag-aaral sa pamamagitan ng nakahanay na pamamaraan. Nagpapatuloy ang Tier 2 na mga karagdagang serbisyo habang nakikilahok ang mga mag-aaral sa malayuang pag-aaral. Bumubuo at gumagamit ang Mga Tagapayo ng Paaralan ng mga tumutugong kaukulang aksiyon tulad ng mga plano para sa kaligtasan ng mag-aaral, estratehiya sa indibidwal na paglutas, pag-check in at pag-check out, suporta ng kasama sa isa't isa, pamamaraan na may kaalaman sa trauma, bukod pa sa ibang estratehikong pamamaraan ng suporta. Bumuo ng malayuang form ng may kabatirang pahintulot para sa mga serbisyong ito. Kasalukuyang binubuo ang pagsasalin ng form na ito sa wikang Espanyol. Nagbibigay ang mga tagapayo ng paaralan ng mga pagpapayo sa pag-iisip at edukasyon para sa indibidwal/maliit na grupo upang matugunan ang mga pangangailangan na batay sa mga datos, magpaunlad ng mga kasanayan, at mapataas ang ugnayan sa paaralan at mga kasama. Nakikipagtutulongan ang mga tagapayo ng paaralan sa mga provider ng suporta (hal., mga nars, psychologist/social worker ng paaralan at mga clinician) upang suportahan ang mga pangangailangan ng mag-aaral. Bilang karagdagan, sinusubaybayan ng mga tagapayo ng paaralan ang pagsulong ng mag-aaral sa panahon at pagkatapos ng mga kaukulang aksiyon at sumasangguni sa mga panlabas na mapagkukunan ayon sa naaangkop. Nagpapatuloy rin ang mga masinsinang serbisyo ng Tier 3 habang nakikilahok ang mga mag-aaral sa malayuang pag-aaral. Nagbibigay ang mga tagapayo ng paaralan ng pagpapayo sa krisis at panandaliang solusyon na nakatuon sa indibidwal na pagpapayo habang ginagamit (o pinalalakas) ang mga nagpapanumbalik na gawi na may kaalaman sa trauma. Ipinasasangguni nila ang mga mag-aaral sa mga clinician ng kalusugan ng pag-iisip na nakabase sa paaralan o (mga) katuwang ng ahensiya sa komunidad para sa mga pangmatagalang isyu na may kinalaman sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali at sinusubaybayan ang pagsulong sa panahon ng kaukulang aksiyon at mga serbisyo pagkatapos ng kaukulang aksiyon.

Mga Estratehiya sa Pagkawala ng Kaalaman ng Mag-aaral

[Isang paglalarawan ng mga aksiyon at estratehiya na gagamitin ng LEA upang matugunan ang pagkawala ng kaalaman at mapabilis ang pagsulong ng pagkatuto para sa mga mag-aaral, ayon sa kinakailangan, kabilang ang kung paanong magkakaiba-iba ang mga estratehiyang ito para sa mga mag-aaral na mga mag-aaral ng Ingles; may mababang kita; kabataan sa bahay-alagaan; mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan; at mga mag-aaral na nakakaranas ng kawalan ng tirahan.]

Ang magkakasabay na pag-aaral at aktuwal na oras na pagtuturo ay ang magiging pangunahing tuon ng pagtugon sa mga hamon sa pag-aaral at pangangailangan para sa pagpapabilis ng pagsulong gamit ang kasalukuyang propesyonal na pagpapaunlad na inaalok na nakatuon sa paghahatid ng de-kalidad na unang pagtuturo sa loob ng mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal. Tatanggap ang lahat ng mag-aaral ng direktang pagtuturo na batay sa mga pamantayan, at sinusuportahan ng mga akademikong gawain na batay sa kurikulum, at nakatuon sa kahusayan sa nilalaman sa antas ng baitang. Magbibigay ang de-kalidad ng unang pagtuturo sa mga mag-aaral ng direktang pagtuturo, nakamodelong halimbawa ng mga guro, at oportunidad para makibahagi ang mga mag-aaral sa mga kasanayan, konsepto, at bokabularyo na batay sa mga pamantayan sa antas ng baitang na nauugnay sa lahat ng mga bahagi ng pangunahing nilalaman para sa pagkatuto. Inalok ang oportunidad sa suporta sa pag-aaral sa paaralan sa bakasyon sa tag-araw sa mga kabataan sa bahay-alagaan, pamilya na dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, mag-aaral ng Ingles, may mababang kita, at mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan.

Nagbigay ng mga oras ng tanggapan na pinangungunahan ng mga guro para sa access ng mag-aaral sa pagtanggap ng karagdagang suporta sa pagtuturo at tulong sa takdang-aralin. Nagbigay ng mga oportunidad sa tulong sa pag-tutor at takdang-aralin sa mga kabataan sa bahay-alagaan, pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, mag-aaral ng Ingles, may mababang kita, at mag-aaral na may natatanging pangangailangan. Nagsilbi rin ang mga programa pagkatapos ng klase sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na ito at nagbibigay ng mga karanasan sa pakikipagkapwa, tulong sa takdang-aralin, pag-tutor, at mga karanasan sa pagpapaunlad. Nag-alok ng access sa Rosetta Stone sa mga mag-aaral ng Ingles upang suportahan ang mga aktibidad sa pagkatuto ng wikang Ingles at pagpapalawak ng bokabularyo. Nagbigay sa lahat ng lugar ng paaralan ng mga serbisyo sa mga mag-aaral sa TK hanggang ika-8 baitang ng isang pang-araw-araw na umiikot na kahaliling guro at sa mga mataas na paaralan ng dalawang umiikot na kahaliling guro na estratehikong nakibahagi sa malayuang pag-aaral sa loob ng mga natukoy na silid-aralan na nagsisilbi sa mga kabataan sa bahay-alagaan, pamilya na dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, mag-aaral ng Ingles, may mababang kita, at mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan upang mapataas ang suporta sa pagtuturo, at suporta sa pag-aaral ng sa maliit na grupo at one-on-one na ibinibigay sa mga mag-aaral sa loob ng mga karanasan sa magkakasabay at di-magkakasabay na pag-aaral sa panahon ng malayuang pag-aaral. Ginamit ang mga programa sa pagbawi sa credit at pag-dropout sa antas ng mataas na paaralan upang magbigay ng karagdagang hanay ng suporta para sa mga natukoy na grupo ng mag-aaral na nagbibigay ng oportunidad na makabawi sa mga credit, makakuha ng mga pamantayan sa antas ng baitang, at magtamo ng mga credit upang mapunta sa tamang landas sa pagtatapos na nakahanay sa pagkumpleto ng kurso sa A-G. Ipinatupad ang mga programa sa isang ganap na malayuang modelo at sinuportahan ng mga guro ang mga mag-aaral sa proseso ng pagbawi sa credit na may mas pinataas na kaukulang aksiyon na suporta sa pagtuturo. Susuportahan ng mga espesyalista sa pagsasama ang mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan, pangunahin ang mga mag-aaral na may Autism, sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo sa konsultasyon sa mga guro, tagapangasiwa ng lugar, at kawani ng suporta sa proseso ng pagtatakda ng mga sistema at pagpapatupad ng mga estratehiya para mapataas ang kakayahan para magkaroon ng access at makibahagi ang mga mag-aaral na may mga kapansanan sa malayuang pag-aaral at matagumpay na lumipat sa mga inaalok na pag-aaral sa personal. Magtutuon ang mga guro na nagbibigay ng suporta sa pagtuturo para sa maliit na grupo sa mga kabataan sa bahay-alagaan, pamilya na dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, mag-aaral ng Ingles, may mababang kita, at mag-aaral na may natatanging pangangailangan sa pagpapataas ng mga lalim ng kaalaman at kakayahan para praktikal na gamitin ang mga kasanayang lubos na kailangan na batay sa mga pamantayan na kinakailangan para sa akademikong tagumpay sa mga baitang at kurso sa A-G sa hinaharap na kinakailangan para makapagtapos ang mga mag-aaral mula sa mataas na paaralan na handa para sa mga karanasan sa kolehiyo at karera. Bibigyan ang mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan ng access sa programa sa kaukulang aksiyon sa pagbabasa na inangkop sa kanilang mga partikular na pangangailangan sa personalisadong kasanayan sa pagbabasa at tuloy-tuloy na pagsusuri batay sa kasanayan upang mapabilis ang kakayahan ng mag-aaral na lumipat sa at makuha ang mga kakayahan at kasanayan sa pagbabasa sa antas ng baitang. Magkakaroon ng patuloy na komunikasyon sa pagitan ng mga guro at pamilya at magbabahagi ng mga layunin sa pag-aaral, akademikong pagsulong, mga estratehiya at kasanayan na gagawin at pagtutuunan, mga online na mapagkukunan na batay sa kurikulum na gagamitin upang suportahan ang pag-aaral ng mag-aaral sa labas ng araw ng klase, at mga detalye tungkol sa mga takdang-aralin at kung paano gamitin ang ParentVue upang masubaybayan ang mga marka ng mag-aaral. Patuloy ang propesyonal na pagpapaunlad at suporta sa pag-aaral para sa mga kawani sa pagtuturo para suportahan ang proseso ng pagtugon sa mga hamon ng pag-aaral at mapabilis ang pagsulong sa pag-aaral para sa lahat ng mag-aaral gamit ang mga estratehikong nakahanay na pamamaraan na pangunahing nakadirekta tungo sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga kabataan sa bahay-alagaan, pamilya na dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, mag-aaral ng Ingles, may mababang kita, at mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan. Sa pagtugon sa pagpapabilis ng pag-aaral ng mag-aaral, makikibahagi ang mga kawani sa pagtuturo sa hindi bababa sa dalawang beses kada buwan na mga nakatalagang oras ng pagtutulungan sa antas ng baitang sa Komunidad ng Propesyonal na Pag-aaral (Professional Learning Community) kung saan nakatuon ang mga siklo ng mga datos sa pagsuri ng mga datos ng mag-aaral, pagtukoy sa mahahalagang paunang kinakailangang kasanayan at kaalaman sa loob ng mga bahagi ng pag-aaral ng mga pangunahing nilalaman at estratehikong pagpapalano sa pagsubaybayan ng pagsulong sa pag-aaral ng mag-aaral sa mga larangan ng Sining ng Wikang Ingles (ELA), Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (ELD), at Matematika, pagtukoy sa mga magkakaiba-ibang pangangailangan sa pag-aaral para sa suportang nakahanay sa mga pinagtibay na pagsasaoras ng saklaw at pagkakasunod-sunod na batay sa kurikulum, habang binubuo ang mga karaniwang pormatibong pagsusuri para magbigay-alam sa mga gawi sa pagtuturo. Magbibigay ang mga tagapagsanay sa pagtuturo ng tuloy-tuloy na suporta sa pagtuturo sa lugar sa pagtugon sa mga magkakaiba-ibang estratehiya sa pagtuturo at pagsasama ng mga mapagkukunan na batay sa kurikulum para suportahan ang pagtugon sa mga puwang sa pagkatuto at pagpapabilis ng mga pangangailangan ng mga mag-aaral dahil sa mga epekto ng COVID-19 sa mga serbisyo sa pagtuturo na ibinibigay sa buong panahon ng mga pagsasara ng gusali ng paaralan at sa mga inaalok na pagtuturo sa personal.

Nangangailangan ang malayuang pag-aaral ng koneksiyon sa internet pati na ng device para ma-access ang pagtuturo. Upang makatulong sa pagtiyak na mayroong access ang lahat ng mag-aaral sa device, tumulong ang mga tagapayo ng paaralan sa kanilang mga lugar na mamahagi ng mga Chromebook at nagsulong para sa mga hot spot ng WiFi sa lahat ng pamilyang walang access sa internet. Tinugunan din ng mga tagapayo ng paaralan ang mga kahilingan ng mga magulang at tagapag-alaga para sa suporta sa paggamit ng teknolohiya. Sa tagsibol, gumamit ang mga tagapayo ng paaralan ng mga virtual na tool (kabilang ang mga survey sa Google) para isangguni ng mga guro ang mga mag-aaral na hindi nakibahagi sa malayuang pag-aaral o huminto sa pakikibahagi

sa anumang punto ng panahon. Gumawa ang mga tagapayo ng bawat pagsisikap upang makipag-ugnayan sa mga pamilya ng mga mag-aaral na hindi nakikilahok para tumulong na suportahan sila at tukuyin ang kanilang mga pangangailangan (iyon ay ang maayos na gumaganang device, koneksiyon sa internet, kawalan ng kakayahang kumonekta sa Google Classroom, atbp.). Gumamit ang mga tagapayo ng paaralan ng iba't ibang estratehiya sa pakikibahagi upang makipag-ugnayan at kumonekta sa mga mag-aaral. Ang mga tagapayo ng paaralan ay nagpapadala ng mga lingguhang email at video, nag-oorganisa ng mga virtual na lunch bunch (pagsasama tuwing tanghalian) upang panatilihin ang mga koneksiyon at ugnayan, at gumawa ng mga karagdagang pagsisikap upang makipag-ugnayan sa mga mag-aaral na hindi dumadalo/nakikilahok, tulad ng pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng social media at suporta ng kasama bilang dagdag sa pakikipag-ugnayan sa pamilya. Nagsama ang mga tagapayo ng paaralan at ang mga Espesyalista sa Programa ng Tagapayo ng Paaralan ng ilang akademikong mapagkukunan sa mga website ng paaralan at distrito upang mag-alok ng karagdagang suporta sa mga mag-aaral sa matematika, pagbabasa, at marami pang ibang bahagi ng asignatura.

Bisa ng Ipinatupad na Mga Estratehiya sa Pagkawala ng Kaalaman ng Mag-aaral

[Isang paglalarawan ng kung paano susukatin ang bisa ng mga serbisyo o suportang ibinibigay para matugunan ang pagkawala ng kaalaman.]

Susukatin ang bisa ng mga serbisyo at/o mga suportang ibinibigay upang matugunan ang mga hamon sa pag-aaral sa pamamagitan ng mga tuloy-tuloy na pagsusuri ng pagsulong ng mag-aaral, mga datos sa pakikipag-ugnayan ng mag-aaral, at mga pang-araw-araw na datos ng pagdalo. Kasama sa mga anyong ito ng mga tuloy-tuloy na pagsusuri ang mga karaniwang pormatibong pagsusuri, pagsusuri na batay sa kurikulum, at pansamantala at batayang pagsusuri para sa ELA, ELD, at Matematika na pinapangasiwaan sa buong panahon ng taong pampaaralan 2020-2021. Isasaalang-alang din ang mga datos sa survey sa kalagayan ng paaralan sa pagsukat ng bisa ng mga serbisyo at suportang ibinibigay sa mga mag-aaral.

Mga Aksiyon para Matugunan ang Pagkawala ng Kaalaman ng Mag-aaral [maaaring magdagdag ng mga karagdagang hilera at aksiyon ayon sa kinakailangan]

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
Nagbigay ng pag-tutor pagkatapos ng klase, tulong sa takdang-aralin, at gawain sa pagpapaunlad sa pamamagitan ng mga platform sa malayuang pag-aaral (PLL-1)	\$2,222,825	Oo
Nagbigay ng programa sa kaukalang aksiyon sa pagbabasa na Read 180 sa mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan upang matugunan ang pangangailangan para sa mas pinataas na nakahanay na pagtamo ng kahusayan sa pagbasa at pagsulat at mga kasanayan sa pagbabasa (PLL-2)	\$115,248	Oo
Nagbigay ng programa sa pagbawi sa credit at pag-dropout sa mataas na paaralan sa lahat ng mag-aaral sa mataas na paaralan na may pagtuon sa mga junior at senior na nangangailangan ng access sa mga oportunidad sa pagbawi sa credit (PLL-3)	\$885,732	Oo
Programang virtual na pag-aaral para sa paaralan sa bakasyon sa tag-araw na pinapatakbo ng mga lugar ng paaralan sa buong SUSD (PLL-4)	\$485,168	Oo

Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
Susuportahan ng mga tagapagsanay sa pagtuturo ang pagsasama ng mga suporta na batay sa pananaliksik sa loob ng pagbibigay ng de-kalidad at masinsinang unang pagtuturo sa panahon ng mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal. (PLL-5)	\$6,960,631	Oo
Panatilihin ang programa ng Pagsulong sa pamamagitan ng Indibidwal na Pagtukoy (Advancement via Individual Determination, AVID) bilang suporta sa pagbibigay ng programa na batay sa pananaliksik na pinagsasama ang modelo ng mga sistema, kultura, pagtuturo, at pamumuno para makibahagi ang mga guro at mag-aaral sa mga kasanayan sa pagsusulat, pagtatanong, pagtutulungan, at pagbabasa na nakatuon sa paghahanda ng mga unang henerasyon na mag-aaral sa loob na kanilang pamilya para makapagtapos mula sa mataas na paaralan at makadalo sa kolehiyo. (PLL-6)	\$700,000	Hindi

Kalusugan ng Pag-iisip at Kapakanan sa Pakikipagkapwa at Emosyon

[Isang paglalarawan ng kung paano sinusubaybayan at sinusuportahan ng LEA ang kalusugan ng pag-iisip at kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyon ng mga mag-aaral at kawani sa panahon ng taong pampaaralan, kabilang ang propesyonal na pagpapaunlad at mga mapagkukunang ibibigay sa mga mag-aaral at kawani upang matugunan ang trauma at iba pang epekto ng COVID-19 sa komunidad ng paaralan.]

Ang lahat ng mga suporta at serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyon na ibinibigay sa mga mag-aaral, pamilya, at kawani ay sa pamamagitan ng mga direktang personal at malayuang (tele-health) paraan. Ibinibigay ang mga suporta sa pamamagitan ng pamamaraan ng sistema na may iba't ibang tier mula sa mga pangkalahatang suporta na maaaring pakinabangan ng lahat ng mag-aaral hanggang sa mga higit na masinsinang personalisadong suporta na natatangi para sa mag-aaral at nakaangkop sa mga partikular na alalahanin. Ibinigay ang mga survey sa mga mag-aaral, kawani, at pamilya upang matukoy ang mga pangangailangan sa kagalingan na nakahanay sa kalusugan ng pag-iisip. Makikipagtulungan ang mga tagapag-ugnay ng pamunuan sa iba't ibang departamento at sangay ng karunungan upang masubaybayan at mapag-ugnay ang panlipunan-pandamdaming pagkatuto (social-emotional learning, SEL), kalusugan ng pag-iisip, at mga mapagkukunan at suporta sa pag-uugali. Nagbigay ng Mga Kaukulang Aksiyon at Suporta sa Positibong Pag-uugali (PBIS) sa mga lugar ng paaralan sa pamamagitan ng mga aralin sa panlipunan-pandamdaming pagkatuto, kamalayan sa kalusugan ng pag-iisip, at itinalaga ang mga tagapagsanay ng PBIS sa mga paaralan upang tumulong na gabayan at subaybayan ang mga suporta, at magbigay ng pagsasanay sa pagpapaunlad ng mga kultura ng paaralan sa loob ng malayuang pag-aaral na nililina ang mga ugnayan sa mga mag-aaral at lumilikha ng ligtas at may respetong espasyo para sa mga mag-aaral, habang nagbibigay ng mga tuloy-tuloy na pagsusuri para sa mga kinakailangang suporta. Itinalaga ang isang clinician sa kalusugan ng pag-iisip at tagapamahala sa suporta sa pag-uugali sa bawat lugar ng paaralan upang tumulong na subaybayan at gabayan ang mga suporta sa kalusugan ng pag-iisip. Binuo ang mga protokol sa krisis sa kalusugan ng pag-iisip sa buong distrito upang magbigay ng pagsasanay sa mga protokol ng pagtugon sa krisis sa kalusugan ng pag-iisip sa mga direktor, tagapangasiwa, at kawani ng mga serbisyo sa mag-aaral sa lugar. Ginabayan ng mga kawani ng suporta sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali, sa pamamagitan ng konsultasyon at pagtutulungan, ang mga lugar ng paaralan hinggil sa mga umiiral na sistema ng mga suporta sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali upang matugunan ang mga pagtugon ng pangangalaga na may kaalaman sa trauma para sa mga mag-aaral, kawani, at pamilya, at nakilahok sa mga sistema ng pag-check in/ pag-check out ng lugar na paaralan at aktibong sinubaybayan ang mga interaksyong ito sa mga mag-aaral para sa mga karagdagang pangangailangan at potensiyal na alalahanin para makapagbigay ng mas pinataas na oportunidad sa kaukulang aksiyon. Nagbigay ng mga indibidwal na pagsusuri ng kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali ng mga mag-aaral, mga pagpupulong sa pag-uuri ng karamdaman (triage) upang suriin at tasahin ang bisa ng mga kaukulang aksiyon at muling suriin ang pangangailangan sa mga karagdagang suporta para sa mga mag-aaral, at nagbigay ng mga direktang serbisyo sa pamamagitan ng terapiya para sa indibidwal at grupo, at mga masinsinang serbisyo sa pag-uugali na sumusuporta sa mga kapaligiran ng pamilya at mag-aaral at akademikong kapaligiran sa panahon ng pagtatapos ng taong pampaaralan, sa buong bakasyon (panahon ng tag-araw), at magpapatuloy sa taong pampaaralan 2020-2021.

Sa buong taong pampaaralan, magbibigay sa mga mag-aaral, pamilya, at kawani ng mga direktang serbisyo, access sa terapiya para sa indibidwal at grupo, mga pakikipag-ugnayan at pangangamusta sa mga mag-aaral, kawani, at pamilya, mga mapagkukunan, mga workshop para sa pamilya, mga naka-record na mga sesyon ng workshop at mapagkukunan na tinatawag na "Insta-Coffee Chats", mga pagsusuri, mga pakikipag-ugnay sa mga panlabas na ahensiya, tuloy-tuloy na pagsubaybay ng mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip, maagap na pakikipag-ugnayan at pagtugon sa mga krisis sa kalusugan ng pag-iisip. Patuloy na nakatuon ang Departamento ng Suporta sa Kalusugan ng Pag-iisip at Pag-uugali (Mental Health and Behavioral Support Department) sa pagpapataas ng kamalayan sa kalusugan ng pag-iisip at pakikipagkapwa at emosyon at kapakanan sa emosyon sa mga kawani ng distrito. Nagbigay at patuloy na magbibigay ng propesyonal na pagpapaunlad, pagsasanay, at mga mapagkukunan sa buong taon; isinaayos at maaaring isaayos ang mga oportunidad sa propesyonal na pagpapaunlad upang saklawin ang lahat ng aspekto ng mga pangangailangan ng mga kawani, mag-aaral, at pamilya ayon sa magagamit sa pagtuturo sa personal, malayuang pag-aaral, at hybrid na pinaghalong pag-aaral. Ang propesyonal na pagpapaunlad na naibigay na ay: pagsasanay sa mga silid-aralan na tumutugon sa trauma, mga praktikal na estratehiya upang matugunan ang mga karaniwang sintomas ng kalusugan ng pag-iisip sa silid-aralan, mga panlunas na kaukulang aksiyon, pamamahala sa krisis at ang modelo ng stress, mga buwanang pahayagan sa kalusugan ng pag-iisip, mga pundasyon ng edukasyon na may kaalaman sa trauma, panlipunan-pandamdaming pagkatutuo at regulasyon ng sarili para sa mga guro sa pre-school, pagsasanay na may kaalaman sa trauma para sa mga facilitator ng mga programa pagkatapos ng klase, at paunang lunas para sa kalusugan ng pag-iisip ng kabataan. Ang mga oportunidad sa propesyonal na pagpapaunlad na ibibigay ay: mga buwanang pahayagan sa kalusugan ng pag-iisip, mga pundasyon sa edukasyon na may kaalaman sa trauma, pagsasanay na may kaalaman sa trauma para sa mga kawani ng pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon at mga kabataan sa bahay-alagaan, mga mindful Monday, pagbabalik sa paaralan na may kaalaman sa trauma, mga video sa channel sa YouTube para ma-access ng mga stakeholder sa anumang oras, pagsasanay sa mga kasanayan sa regulasyon, kapakumbabaan sa kultura na may klinikal na kaalaman, mga oras ng tanggapan para direktang ma-access ng mga stakeholder ang mga clinician at masagot ang kanilang mga tanon, at mga presentasyon na partikular sa lugar ng paaralan na tumutugon sa mga populasyon ng mag-aaral na pinagsisilbihan sa lugar ng paaralan.

Maagap na tinutugunan ng mga tagapayo ng paaralan ang kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyon ng mga mag-aaral sa pangunguna ng mga aralin (virtual at sa aktuwal na oras) na sumasaklaw sa iba't ibang paksa, na nakaiskedyul sa buong taong pampaaralan. Ang Programa ng Tulong sa Mag-aaral (Student Assistance Program, SAP) na May Iba't Ibang Tier ay ang sistemang ginagamit ng mga tagapayo ng paaralan upang subaybayan ang mga pangangailangan ng mag-aaral, kabilang ang kanilang kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyon. Magpapatuloy ang mga tier ng SAP na Referral at Konsultasyon, Pangkat para sa Alalahanin, Pagsuri, Pagtugon, at Pagtatasa (Concern, Assessment, Response, Evaluation, CARE), at Pangkat para sa Suporta sa Mag-aaral (Student Support Team, SST) sa panahon ng malayuang pag-aaral upang maipagpatuloy ng mga guro na ipagbigay-alam ang mga alalahanin sa mga tagapayo ng paaralan para maipatupad ang kaukulang aksiyon/suporta para sa mga mag-aaral na iyon. Sa panahon ng malayuang pag-aaral, sinusubaybayan ng distrito ang online na aktibidad ng mag-aaral at kapag natutuklasan ng elektronikong sistema ang mga senyales ng pagkabalisa, inaabisuhan ang mga tagapayo ng paaralan at nagpa-follow up sila sa mag-aaral at pamilya, nagbibigay ng suporta sa pamamahala ng stress, paglutas ng hidwaan, pagtatanong tungkol sa banta, o kaukulang aksiyon sa pagpapakamatay kung kinakailangan. Nag-aalok ang mga tagapayo ng paaralan ng Mga Oras ng Kapihan kasama ang Magulang (virtual at aktuwal na oras) upang suportahan ang mga magulang at magbigay ng espasyo para sa boses at suporta ng magulang para sa mga magulang na may mga alalahanin para sa kanilang mag-aaral. Nakikilahok ang mga tagapayo ng paaralan sa mga pagpupulong sa lugar at hinihikayat na magbigay ng mga estratehiya sa pangangalaga ng sarili sa mga kawani. Magpapatuloy kami sa pagsubaybay sa mga datos ng Mga Survey sa Kalagayan ng Paaralan at Survey sa Malulusog na Bata ng California ng Mga Kasamahang Lider na Pinagkakaisa ang mga Mag-aaral (Peer Leaders Uniting Students, PLUS) at pana-panahong magpapadala ng mga pagsusuri sa mga pangangailangan sa parehong mag-aaral at kawani. Magpapatuloy ang mga tagapayo ng paaralan sa pagbibigay ng mga propesyonal na pagpapaunlad sa mga kawani sa mga paksa sa pakikipagkapwa at emosyon na kabilang ang mga estratehiya sa pagtuturo na may kaalaman sa trauma at pamamahala ng klase, mga gawing nagpapanumbalik at pangangalaga sa sarili. Magpapatuloy ang mga tagapayo ng paaralan na mabigay ng suporta para sa kapakanan ng ating mga kawani gamit ang mga sumusunod na pamamaraan: pagsusuri sa mga pangangailangan ng kawani, mga package para pagtanggap muli (welcome back package), aktibidad sa kalagayan ng kawani at pagbuo ng komunidad, pati na ang pagbibigay ng pagpapaunlad ng kawani.

Kabilang din sa kalendaryo ng mga kaganapan para sa kamalayan at pag-iwas ng tagapayo ng paaralan at Mga Kasamahang Lider na Pinagkakaisa ang mga Mag-aaral (PLUS) ang maraming suporta sa pakikipagkapwa at emosyon tulad ng: buwanang katangian ng pagkatao, Buwan ng Kamalayan sa Pagdalo, Buwan ng Pag-iwas sa Pagpapakamatay, Buwan ng Paglaban sa Pambu-bully at Araw ng Pagkakaisa, araw ng Walang Kumakain nang Mag-isa, at mga kaganapan sa pag-iwas sa paggamit ng alak, sigarilyo, at iba pang droga (alcohol, tobacco, and other drug use, ATOD). Nagbibigay ang mga kaganapang ito ng mga pambuonang paaralan at pambuonang bata na pamamaraan sa kagalingan at pagbuo ng mga positibong kalagayan ng paaralan. Magpapatuloy sa virtual na paraan ang mga kaganapan sa pag-iwas at kamalayan na ito sa pamamagitan ng mga kampanya sa social media, naka-record na aralin, virtual na aktibidad, at sa pamamagitan ng mga malikhaing platform. Ang Programang Mga Kasamahang Lider na Pinagkakaisa ang mga Mag-aaral (PLUS) ay nagpapatakbo sa batayan na kapag ang mga mag-aaral ay mayroong damdamin ng pagiging kabilang, masaya na nasa paaralan, bahagi ng komunidad ng paaralan, tinatrato nang makatarungan, at ramdam na ligtas, ang mga positibong koneksiyon sa paaralan na ito ay mga pamprotektang salik para sa mga alalahanin sa pakikipagkapwa at emosyon.

Ginagamit ng Programang PLUS ang 1,300 sinanay na mga lider na mag-aaral upang tumulong na tasahin ang mga koneksiyon sa paaralan at emosyonal na kalagayan ng kanilang mga kasama. Nagtataguyod ang kurikulum ng PLUS at kurikulum ng Mga Kasamahang Tagapagtaguyod (Peer Advocates) na ginagamit ng ating mga pangkat ng PLUS ng mga kahusayan sa pakikipagkapwa at emosyon, mga gawi na may kaalaman sa trauma, mga gawing nagpapanumbalik, at nakapagpapabagong pamamaraan sa edukasyon. Ginagamit ng programang PLUS ang mga survey sa kalagayan ng paaralan 3 beses kada taon para sa lahat ng mag-aaral sa ika-4 hanggang ika-12 baitang upang masukat ang bilang ng mga karanasan ng mag-aaral na may kinalaman sa pagiging konektado sa paaralan, kaligtasan ng paaralan, at iba pang emosyonal na aspekto sa paaralan. Isasaayos ang mga survey na ito para sa malayuang pag-aaral at mga virtual na kampus upang maisama ang mga tanong tungkol sa kanilang mga online na karanasan, mga online na ugnayan sa mga kasama at kawani, at iba pang salik na may kinalaman sa tahanan na nakakaapekto sa tagumpay sa pakikipagkapwa at emosyon at akademikong tagumpay. Ang mga survey ng PLUS ay hindi lamang ginagamit ng mga pangkat ng PLUS, kundi ginagamit din ng mga pangkat ng pamunuan ng lugar at distrito upang masuri ang pangangailangan ng mag-aaral. Estrategikong susuriin ang mga survey na ito ayon sa lahi/etnisidad, sitwasyon ng pamumuhay, wika, kasarian, at antas ng baitang upang tukuyin ang mga pangangailangan ng ating mga espesyal na populasyon at upang magbigay ng mga higit na naka-target na suporta. Ginagamit rin ng mga pangkat ng PLUS ang mga forum o talakayan ng PLUS bilang isang mekanismo upang buuin ang komunidad, pataasin ang suporta ng kasama sa isa't isa, at magtipon ng mga maiuuring datos sa boses ng mag-aaral. Ginagabayang ng mga pangkat ng PLUS ang kanilang mga kasama sa isang nagpapanumbalik na proseso ng pagbuo ng komunidad, pagtukoy sa mga mahalagang isyu, at paglikha ng mga solusyong pinangungunahan ng mag-aaral sa mga isyu ng mag-aaral. Magpapatuloy ang mga nagpapanumbalik na oportunidad na ito sa virtual na paraan at magpapatuloy ang mga pangkat ng PLUS sa paggamit ng parehong mga maiuuri at mabibilang na datos upang magpatupad ng mga makabuluhang aktibidad na tumutugon sa mga isyu ng mag-aaral. Bilang mga tagapagturo at tagapagtaguyod ng kasama, gumagamit din ang mga mag-aaral ng mga platform ng social media upang itaguyod ang kapakanan, pag-iwas sa pagpapakamatay, pag-iwas sa paggamit ng alak, sigarilyo, at iba pang droga, pati na ang pagbuo ng isang online na komunidad na maaaring mapabilang sila. Ang mga pangkat ng PLUS ay ang mga Digital na Unang Tagatugon sa ating mga virtual na kampus. Alam nila kung paano alamin at iulat ang mga isyu na nakakaapekto sa kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyon.

Upang matugunan ang epekto ng COVID-19 sa mga kawani, mag-aaral, at komunidad ng paaralan, kumilos ang mga Departamento ng Mga Serbisyo ng Suporta sa Mag-aaral upang matiyak na naglalaman ang mga website ng distrito at paaralan ng mahalaga at kasalukuyang impormasyon para tulungan ang mga mag-aaral, pamilya, at kawani. Bumuo at nag-post ng mga serbisyo sa pagpapayo tulad ng mga pagpupulong para sa pangungumusta ng maliit na grupo at kalusugan ng pag-iisip pati na ng mga online na aralin para ma-access ng mga magulang at pamilya. Lumikha ng virtual na silid para sa pagpapakalma para sa sinumang nangangailangan ng virtual na lugar na may kaalaman sa trauma. Muling idinisenyo ang mga serbisyo upang matiyak na naa-access ang mga mapagkukunan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga pamilya sa panahon ng malayuang pag-aaral at na natanggap ng mga mag-aaral ang suporta sa pakikipagkapwa at emosyon na kinakailangan sa mahirap at nakapagbubukod na panahong ito. Lumikha ang departamento ng Mga Serbisyo ng Suporta sa Mag-aaral ng isang website at isang linya ng tulong para makagawa ng madaling access sa mga mapagkukunan sa paaralan at komunidad para sa mga batayang pangangailangan, akademikong suporta, at kalusugan ng pag-iisip lalo na ang mga napapanahon at agarang pagtugon na kinakailangan sa oras na magpakita ang mga mag-aaral ng krisis at kumilos para makipag-ugnayan sa mga mag-aaral na hindi nakikibahagi sa mga malayuang pag-aaral sa maraming kadahilanan. Naging lubos na epektibo ang linya ng tulong na nilikha ng distrito upang magbigay sa mga magulang ng access sa mga tagapayo ng paaralan at clinician ng kalusugan ng pag-iisip pati na sa mga suporta sa teknolohiya, at maraming magulang ang tumatawag araw-araw para kumuha ng suportang kinakailangan nila.

Kumilos din ang mga tagapayo ng paaralan upang bumuo ng mga online na mapagkukunan na nag-a-update sa mga page ukol sa pagpapayo ng paaralan at mga mapagkukunan sa website ng paaralan, lumilikha o nag-a-update ng mga Google classroom, at gumagawa ng access sa telepono o oras ng tanggapan o iba pang sistema para makatanggap ang mga magulang at mag-aaral ng suporta. Kadalasan, gumanap ang mga tagapayo ng paaralan bilang mga one stop na sentro ng mapagkukunan para sa mga magulang, at sinuportahan ang mga pamilya sa lahat ng bagay mula sa mga pananghalian sa paaralan, hanggang sa teknolohiya, sa mga mapagkukunan sa kalusugan at kaligtasan, bilang dagdag sa akademikong suporta at suporta sa pakikipagkapwa. Tumugon din ang mga tagapayo ng paaralan sa mga digital na hudyat na babala at nagbigay ng pag-follow up sa mga mag-aaral at pamilya, kabilang ang mga pagtawag na pangangamusta, suporta sa pamamahala ng stress, paglutas ng hidwaan, pagtatanong ukol sa banta, at kaukulang aksiyon sa pagpapakamatay. Sa panahon ng malayuang pag-aaral, nagpatuloy ang mga tagapayo ng paaralan sa pagtiyak ng suporta sa mag-aaral at lugar sa larangan ng panlipunan-pandamdaming pagkatuto, akademikong tagumpay, at pagpapaunlad at kahandaan sa kolehiyo/karera upang mapaunlad ang mga mentalidad at pag-uugaling kinakailangan ng mga mag-aaral para magkamit ng tagumpay. Sinamahan ng mga tagapayo ng paaralan ang mga guro upang magpresinta ng mga aralin sa pamamahala ng stress at pangangalaga ng sarili, lumikha ng mga online na "lunch bunch" na aktibidad upang magbigay ng lubos na kinakailangang panlipunang koneksiyon, at nag-ayos ng mga virtual na oras ng kapihan kasama ang mga magulang upang magbigay rin ng suporta sa mga magulang. Nakipagtuwang ang mga tagapayo ng paaralan sa buong distrito upang lumikha ng mga video na aralin sa pangangalaga ng sarili, mga akademikong estratehiya para sa pag-aaral sa tahanan, at paghahanda sa kolehiyo. Nakipagtulungan ang mga tagapayo ng paaralan sa mga senior para sa pagkumpleto ng mga kinakailangan sa pinansiyal na tulong at pagpasok sa kolehiyo at paghahanda para sa paglipat sa kolehiyo.

Nakipagtulungan ang mga tagapayo ng paaralan sa mga pangkat na paaralan upang lumikha ng mga virtual na seremonya para kilalanin at ipagdiwang ang Pagtatapos at Graduation sa Kinder, ika-8 baitang, at Mataas na Paaralan sa panahon ng pagtatapos ng taong pampaaralan 2019-2020 at magpapatuloy sa estratehikong pagpapalano ng pagbibigay ng mga kaganapan sa pakikipagkapwa para sa kapakanan ng mga mag-aaral sa taong pampaaralan 2020-2021.

Pakikibahagi at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral

[Isang paglalarawan ng pakikibahagi at pakikipag-ugnayan ng mag-aaral, kabilang ang mga pamamaraan para sa mga nakahanay na estratehiya sa muling pakikibahagi para sa mga mag-aaral na lumiliban sa malayuang pag-aaral at kung paano makikipag-ugnayan ang LEA sa mga mag-aaral at kanilang mga magulang o tagapag-alaga, kabilang ang sa mga wika bukod sa Ingles, kapag hindi natutugunan ng mga mag-aaral ang mga inaatas na kinakailangan sa edukasyon o kung natukoy ng LEA na hindi nakikibahagi ang mag-aaral sa pagtuturo at nanganganib na mawala ang kaalaman.]

Estratehikong pinagsasama ng pakikibahagi at pakikipag-ugnayan sa mag-aaral ng SUSD ang mga rekomendasyon at gabay mula sa Mga Tanggapan ng Pamublikong Kalusugan at Edukasyon mula sa pederal na pamahalaan, estado, at county kasabay ng Panukalang-batas ng Kapulungan 98 at Panukalang-batas ng Estado 98. Nakatuon ang mga hakbang sa pakikibahagi at pakikipag-ugnayan sa mag-aaral sa pagtugon sa mga personalisado at magkakaiba-ibang pangangailangan ng mga kabataan sa bahay-alagaan, pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, may mababang kita, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan sa pamamagitan ng pamamaraan na nakatuon sa solusyon at makatarungan sa pagbuo ng pakikipagtuwang sa mga mag-aaral at pamilya na ipinagtibay na nais at kailangan natin na pumasok at makilahok ang mga mag-aaral sa mga oportunidad sa pag-aaral sa araw-araw. Sentralisadong ipinagbigay-alam ang mga inaasahan ng sentral na pamunuan ng SUSD at pamunuan ng lugar ng paaralan sa mga mag-aaral at pamilya ang pang-araw-araw na pagdalo at pakikibahagi kung saan inuulat ang pagdalo para sa pakikibahagi ng mag-aaral sa parehong mga karanasan sa magkakasabay at di-magkakasabay na pag-aaral. Itinatala ng mga guro ang mga pang-araw-araw na pagdalo at pakikibahagi sa bawat araw ng pagpasok sa paaralan para sa bawat nakaiskedyul na oras na pagtuturo sa loob ng lahat ng modelo ng pagtuturo na inaalok sa buong taong pampaaralan 2020-2021. Kung hindi dumalo ang isang mag-aaral sa isang karanasan sa pag-aaral, dalawang awtomatikong tawag sa telepono ang ipinapadala sa mga numero ng telepono na naka-record para sa mag-aaral na iyon, isa sa umaga at isa pa sa hapon, na nagbibigay-alam sa magulang o tagapag-alaga na wala sa klase ang mag-aaral at nakikipag-ugnayan rin ang isang miyembro ng kawani mula sa paaralan sa pamilya upang tukuyin ang dahilan ng pagliban at kung makakapagbigay ang paaralan ng anumang suporta sa pamilya para matiyak na dumadalo ang mag-aaral nang tuloy-tuloy sa araw-araw. Binuo ang isang gabay na aklat sa Malayuang Pag-aaral at mababasa ito ng mga pamilya sa iba't ibang wika. Tinitingnan ang pakikibahagi at pakikipag-ugnayan sa mag-aaral bilang isang kolektibong responsibilidad dahil ang bawat nakatalang mag-aaral ng SUSD ay itinuturing na pinapahalagahang batang mag-aaral sa loob ng ating sistema ng edukasyon. Nakikipag-ugnayan ang guro sa silid-aralan, kawani ng lugar ng paaralan, tagapangasiwa ng lugar, at kawani sa buong distrito sa mga pamilya upang matiyak ang pakikilahok ng mag-aaral sa mga inaalok na pang-araw-araw na pag-aaral at mga estratehiya para matugunan ang mga hamon sa pag-aaral, na nakatuon sa pakikibahagi ng lahat ng mag-aaral sa loob ng mga makatarungang kapaligiran ng pag-aaral at ibinibigay ang komunikasyon ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang wika. Naglalaan sa mga mag-aaral na nawalan ng koneksiyon o hindi maabot ng mga estratehikong nakahanay na suporta sa pamamagitan ng mga pagbisita sa bahay, mas pinataas na pakikipag-ugnayan, mga nakapalibot na serbisyo, at mga pagtugon na suporta na may kaalaman sa trauma upang magbigay sa parehong mag-aaral at mga miyembro ng pamilya ng pangkalahatang suportang kinakailangan para matiyak na dumadalo ang mag-aaral sa paaralan araw-araw at natutugunan ang kanilang kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyon sa proseso. Ipinapatupad ang mga estratehiya sa Mga Kaukulang Aksiyon at Suporta sa Positibong Pag-uugali (PBIS) na nakatuon sa pagbuo ng mga positibo at nagsasamang kultura ng paaralan, tumatanggap at makatarungang kapaligiran ng pag-aaral, nakakaengganyong kalagayan ng paaralan, at mga karanasan sa pag-aaral na tumutugon sa kultura at wika. Nagkakaroon ng tuloy-tuloy na komunikasyon sa pagitan ng paaralan at mga pamilya gamit ang mga pagtawag sa telepono, email, pakikipag-ugnayan sa social media, awtomatikong pagpapadala ng mail, pagsasanay at workshop, pagpupulong, at suportang ibinibigay ng mga tanggapan ng Kapakanan at Pagdalo ng Bata, Pampamilyang Pakikibahagi at Edukasyon at Pagpapaunlad ng Wika.

Nangangailangan ang malayuang pag-aaral ng koneksiyon sa internet pati na ng device para ma-access ang pagtuturo. Upang makatulong sa pagtiyak na mayroong access ang lahat ng mag-aaral sa device, tumulong ang mga tagapayo ng paaralan sa kanilang mga lugar na mamahagi ng mga Chromebook at nagtaguyod para sa mga hot spot ng WiFi sa lahat ng pamilyang walang access sa internet. Tinugunan din ng mga tagapayo ng paaralan ang di-mabilang na kahilingan ng mga magulang para sa suporta sa paggamit ng teknolohiya. Sa tagsibol, gumamit ang mga tagapayo ng paaralan ng mga virtual na tool (kabilang ang mga survey sa Google) para isangguni ng mga guro ang mga mag-aaral na hindi nakibahagi sa malayuang pag-aaral o huminto sa pakikibahagi sa anumang punto ng panahon. Gumawa ang mga tagapayo ng bawat pagsisikap upang makipag-ugnayan sa mga pamilya ng mga mag-aaral na hindi nakikilahok para tumulong na suportahan sila at tukuyin ang kanilang mga pangangailangan at nakikipagtulungan sa mga tagapagsalin/interpreter upang suportahan ang komunikasyon sa mga pamilya sa kanilang wika sa tahanan (iyon ay ang maayos na gumaganang device, koneksiyon sa internet, kawalan ng kakayahang kumonekta sa Google Classroom, atbp.). Gumamit ang mga tagapayo ng paaralan ng iba't ibang estratehiya sa pakikibahagi upang makipag-ugnayan at kumonekta sa mga mag-aaral. Ang mga tagapayo ng paaralan ay nagpapadala ng mga lingguhang email at video, nag-oorganisa ng mga virtual na lunch bunch (pagsasama tuwing tanghalian) upang panatilihin ang mga koneksiyon at ugnayan, at gumawa ng mga karagdagang pagsisikap upang makipag-ugnayan sa mga mag-aaral na hindi dumadalo/nakikilahok, tulad ng pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng social media at suporta ng kasama bilang dagdag sa pakikipag-ugnayan sa pamilya. Nagsama ang mga tagapayo ng paaralan at ang mga Espesyalista sa Programa ng Tagapayo ng Paaralan ng ilang akademikong mapagkukunan sa mga website ng paaralan at distrito upang mag-alok ng karagdagang suporta sa mga mag-aaral sa matematika, pagbabasa, at marami pang ibang bahagi ng asignatura.

Nagtutuon ang programang Mga Kasamahang Lider na Pinagkakaisa ang mga Mag-aaral (PLUS) sa pagiging konektado sa paaralan bilang mahalagang pamprotektang salik hindi lamang sa kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyon, kundi nagtataguyod rin ito ng positibong pakikibahagi at pagdalo. Upang suportahan ang mas pinataas na pagiging konektado ng mag-aaral, nagsimula noong nakaraang taon ang mga pangkat ng PLUS ng pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kasama sa pamamagitan ng mga account sa social media, virtual na pagpupulong sa antas ng baitang, at email na nagdedetalye ng mga mapagkukunan na available sa kanila. Ipinagpapatuloy ng mga pangkat ng PLUS ang mga pagsisikap na ito sa 2020-2021 at tinatanggap din nila ang hamon na maunawaan kung bakit pinipili ng kanilang mga kasama na hindi buksan ang kanilang video sa oras ng mga klase. Nauunawaan nila na ipinapahiwatig ng mga pinakamainam na gawi na may kaalaman sa trauma na maraming panlipunan/pandamdaming kadahilanan upang hindi buksan ang kanilang mga video, at nagsimulang gumawa ang mga lider ng PLUS ng mga paraan upang maramdaman ng mga mag-aaral na ligtas na buksan ang kanilang video sa virtual na silid-aralan. Pinagsikapan nila ang mga kampanya para lumikha ng mga virtual na background, bitmoji, at iba pang nakatutuwang paraan upang makibahagi, nakabukas man o hindi ang video. Ang mga kaganapan ng Youth Speak at mga kaganapan ng talakayan ng PLUS ay ang iba pang paraan na nakikibahagi ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga positibong koneksiyon sa paaralan. Ang pag-aalok ng mga makabuluhang aktibidad bago, habang, at pagkatapos ng klase ay ang isa pang paraan kung paano nakikipag-ugnayan ang PLUS para makibahagi ang mga mag-aaral sa paaralan. Nag-oorganisa rin ang PLUS ng ilang virtual na panggabing kaganapan para sa pamilya/magulang kung saan maaari ding makilahok ang mga magulang sa mga makabuluhang aktibidad na nagtataguyod ng pagiging konektado ng tahanan sa paaralan at mga forum na talakayan ng mag-aaral kung saan nagbibigay ng mga serbisyo sa pagsasalin sa iba't ibang wika.

Bumuo rin ang Mga Serbisyo ng Suporta sa Mag-aaral ng komprehensibong programa sa pagpapayo ng paaralan sa buong distrito. Nakipagtulungan ang Direktor at ang Mga Espesyalista ng Programa na Tagapayo ng Paaralan sa isang kinikilala sa buong bansa na tagapayo at sa kaniyang pangkat upang magbigay ng pagsasanay, estruktura, at suporta para mapabuti ang bisa ng ating programa para humanay sa mga pamantayan sa pagpapayo ng bansa at estado. Upang patakbuhin ang ating mga komprehensibong programa sa pagpapayo ng paaralan, ginamit namin ang mga datos at ang mga kahusayan at pamantayan ng Amerikanong Asosasyon ng Tagapayo ng Paaralan (American School Counselor Association, ASCA) upang humanay sa mga layunin, misyon, at bisyon ng distrito para masuri ang mga pangangailangan ng mag-aaral para makabuo ng mga estratehiya na makapagbibigay ng mga karagdagan at kinakailangang serbisyo at suporta para sa ating mga priyoridad na populasyon. Nakatanggap ang lahat ng tagapayo ng paaralan ng pagsasanay sa Mga Gawing Nagpapanumbalik (Restorative Practices) at Positibong Kalagayan ng Paaralan (Positive School Climate). Marami ding tumanggap ng pagsasanay sa Mga Gawi na may Kaalaman sa Trauma. Kasalukuyang tinutukoy ang pagsasanay sa hinaharap dahil sa mga pagsasara ng paaralan ngunit paplanuhin ang mga ito sa sandaling nabuo na ang pamantayan sa paghahatid ng mga tagabuo nito. Upang matiyak na nakatanggap ang ating mga mag-aaral ng mga makatarungang serbisyo, ipinatupad namin ang Mga Sistema ng Suporta na may Iba't Ibang Domain at Tier (Multi-tiered Multi-Domain Systems of Support, MTDSS) para maabot ang lahat ng mag-aaral. Sa katunayan, ang modelo ng Amerikanong Asosasyon ng Tagapayo ng Paaralan (ASCA) ay matibay na nakabatay sa mga gawing nagpapanumbalik na may kaalaman sa trauma at sa komprehensibong modelo na nakakaabot sa lahat ng ating mag-aaral at pamilya. Ipinag-uugnay ng mga tagapayo ng paaralan ang programa ng SAP na may iba't ibang tier upang maagap na tukuyin ang mga mag-aaral na nahihirapang dumalo sa paaralan sa araw-araw at matugunan ang mga inaasahan at disenyo sa antas ng baitang, magbigay, subaybayan, at sukatin ang epekto ng mga kaukulang aksiyon at serbisyo at upang matiyak ang makatarungang paglalaan ng suporta.

Responsable ang bawat tagapayo ng paaralan sa pagbibigay ng propesyonal na pagpapaunlad sa kanilang mga tauhan na sumasaklaw sa mga paksa na may kinalaman sa mga pangangailangan sa pakikipagkapwa at emosyon, akademiko, at kolehiyo at karera ng ating mga mag-aaral tulad ng sariling pamamahala: pagtuon sa mga layunin sa kabila ng mga balakid, pag-iwas sa mga nakakagambala pati mga proseso at taktika para makatulong sa kognitibong gawain ng pag-iisip, pag-alala o pagkatuto, at pagtuon sa mga kasanayan na nagpapabuti sa mga interaksyon sa pakikipagkapwa, at pagbibigay ng prioridad sa mga mas mataas na hangarin sa buhay. Nagbibigay ang mga tagapayo ng paaralan ng konsultasyon at propesyonal na pagpapaunlad sa mga pangkat ng guro at paaralan sa mga estratehiya para sa pagsuporta sa kabuuan ng bata, kabilang ang mga estratehiya na may kaalaman sa trauma, pagpapaunlad ng bata, panlipunan-pandamdaming pagkatuto, estratehiyang tumutugon sa kultura at wika, pagbuo ng komunidad at mga ugnayan, at mga gawing nagpapanumbalik. Kumonsulta ang mga tagapayo ng paaralan sa mga guro ukol sa kanilang mga mag-aaral sa Bahay-Alagaan/Pamilyang dumaraan sa Pagbabago ng Sitwasyon/mag-aaral ng Ingles/Espesyal na Edukasyon sa pagtukoy ng mga pangangailangan at pagbibigay ng mga estratehiya at suporta; nagbibigay rin ang mga tagapayo ng paaralan ng nakahanay na suporta sa mga guro sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga estratehiya para makibahagi at makipagtuwang sa mga pamilya.

Nutrisyon sa Paaralan

[Isang paglalarawan ng kung paano nagbibigay ang LEA ng mga pagkain na may sapat na nutrisyon sa lahat ng mag-aaral, kabilang ang mga mag-aaral na kwalipikado para sa libre o mas murang pagkain, kapag nakikilahok ang mga mag-aaral sa parehong pagtuturo sa personal at malayuang pag-aaral, kung nalalapat.]

Nagpatuloy ang departamento ng Mga Serbisyo sa Nutrisyon ng Bata at Pagkain na maghatid at mamahagi ng mga pagkain sa mga mag-aaral at pamilya mula sa sandaling isara ng SUSD ang mga gusali ng paaralan dahil sa pandemya ng COVID-19. Sa mga buwan ng tagsibol at tag-araw, nakapagbigay ang Distrito ng mga pagkain sa sinumang bata na wala pang 18, nakatala man sila o hindi bilang mag-aaral ng SUSD. Para sa taong pag-aaral na 2020-2021 ang Distrito ay magpapatuloy na magbigay ng pagkain sa lahat ng mga bata na wala pang 18 taong gulang bilang isang waiver na ibinigay na nagpapahintulot sa naturang serbisyo na magpatuloy.. Namamahagi ng mga pagkain tatlong beses sa isang linggo, dalawang araw na halaga ng almusal, tanghalian, at hapunan ang ibinibigay sa bawat araw ng distribusyon, Lunes, Miyerkules, at Biyernes, sa dalawampu't walong lugar ng paaralan na matatagpuan sa mga hangganan ng pagdalo ng SUSD. Ang mga lugar ng day camp para sa bata na nagbibigay ng mga pang-araw-araw na pangangasiwa sa bata para sa mga esensiyal na manggagawa ng SUSD ay inilagay sa mga lugar ng pamamahagi ng pagkain upang mabigyan ang mga batang nakikibahagi mga day camp para sa bata ng almusal, tanghalian, hapunan, at meryenda habang nakikibahagi sa day camp para sa bata.

Nag-organisa ng pagkolekta ng mga solusyong pandisimpekta, guwantes, at mask upang matiyak na magiging available ang angkop na personal na pamprotektang kagamitan (personal protection equipment, PPE) para sa lahat ng kawani na kasama sa pamamahagi ng pagkain; sa oras ng paghahanda ng pagkain, nagpanatili ang mga empleyado ng social distancing sa pamamagitan ng pagtatrabaho nang may hindi bababa sa anim na talampakan na layo sa isa't isa, nagsuot ang mga kawani ng mga guwantes at mask sa buong oras, at hinihikayat ang mga empleyado na maghugas ng kanilang mga kamay at regular na palitan ang kanilang mga guwantes. Mayroong mga tagapangasiwa ng lugar at mga kawani ng Mga Serbisyo sa Kalusugan sa bawat lokasyon ng paghahatid ng pamamahagi ng pagkain na nagsusubaybay sa social distancing at nagbibigay ng mga paalala at gabay kung kinakailangan. Lumikha ng komunikasyon sa pamamagitan ng telepono, email, at liham sa lugar na tinitirhan ng mga mag-aaral, at isang web page para sa impormasyon upang malinaw na magbigay ng impormasyon sa mga mag-aaral at pamilya kung saan maaaring makuha ang mga pagkain, protokol sa kaligtasan kapag kinukuha ang mga pagkain, at ang numero na dapat tawagan kung sa anumang kadahilanan ay hindi magagawa ng mga pamilya na maisaayos ang transportasyon para makapunta sa mga lugar ng paaralan na nagbibigay ng mga pagkain para makipag-ugnayan ang mga kawani ng distrito sa mga pamilyang ito at maisaayos na maibigay sa mga pamilya ang mga pagkain. Naglagay ng mga sumusunod na pamamaraan sa pamamahagi ng pagkain: tatanungin ng miyembro ng mga kawani ang bilang ng mga bata na kukuhanan ng pagkain ng matanda, pagkatapos ay isa-scan ng kawani ang bar code sa postcard ng pagkain ng mag-aaral na hawak ng matanda, ililagay ng kawani ang mga pagkain sa dulo ng mesa o card, pagkatapos makalipat ng kawani sa kabilang dulo ng mesa o cart, maaari nang lapitan ng magulang/tagapag-alaga ang mesa o cart para makuha ang mga pagkain. Pinapayo na huwag hawakan ng mga magulang at tagapag-alaga ang mesa.

Ang lahat ng kawani na nagbibigay ng pagkain ay binigyan at pinayuhang magsuot ng PPE at ibinahagi ang komunikasyon sa mga pamilya alinsunod sa gabay sa mga ahensiya ng kalusugan na parehong inaasahan at pinapahalagahan ang mga magulang/tagapag-alaga na magsusuot ng mga mask sa mukha o pantakip sa ilong at bibig kapag kumukuha ng mga pagkain habang sumusunod sa mga panuntunan sa anim na talampakang social distancing ng Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Center for Disease Control and Prevention, CDC). Nakipagtulungan ang mga prinsipal sa lugar ng paaralan sa isa't isa bilang suporta sa proseso ng pamamahagi ng pagkain at pagtiyak, sa pakikipagtulungan sa departamento ng Mga Serbisyo sa Nutrisyon ng Bata at Pagkain, na mayroong sapat na saklaw na kawani ang mga lugar ng pamamahagi ng pagkain para makasunod sa mga inaasahang social distancing at magbigay ng mahusay na suporta sa proseso ng pamamahagi ng pagkain. Ang mga departamento ng Pampublikong Ugnayan, Pampamilyang Edukasyon at Pakikibahagi, Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Wika, at Kapakanan at Pagdalo ng Bata ay nagbahagi ng komunikasyon at nagbigay sa mga pamilya ng suporta sa pag-access ng mga karagdagang benepisyo sa pagkain na tinatawag ng Pandemic EBT o P-EBT na tumulong sa mga pamilya sa California na bumili ng pagkain habang nakasara ang mga gusali ng paaralan dahil sa emergency ng COVID-19.

Mga Karagdagang Aksiyon para Ipatupad ang Plano sa Pagpapatuloy ng Pag-aaral [maaaring magdagdag ng mga karagdagang hilera at aksiyon kung kinakailangan]

Seksiyon	Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
Programa sa Malayuang Pag-aaral (Pagpapatuloy ng Pagtuturo)	Mga inaalok na day camp para sa bata para sa mga kawani ng distrito na nagkakaroon ng hamon sa paghihirap na kaugnay ng pandemya ng COVID-19. (AA-1)	\$1,050,000	Hindi
Nutrisyon sa Paaralan	Mga kagamitan at materyales ng Mga Serbisyo sa Nutrisyon ng Bata at Pagkain na kinakailangan para magbigay ng mga pagkain sa panahon ng mga pagsasara ng gusali ng paaralan habang ipinagpapatuloy ang mga serbisyo kapag pinapahintulutan na ang mga inaalok na personal na pagtuturo, habang sinusunod ang mga panuntunan sa pampublikong kalusugan (nag-i-scan ang mag-aaral ng mga post card, mga pop-up na tent para sa lilim, Personal na Pamprotektang Kagamitan, kagamitan sa paglilinis, kagamitan sa pagdisimpekta, mga karagdagang kagamitan at supply para sa serbisyo sa pagkain, at iba pang kagamitan na kinakailangan para matugunan ang mga serbisyo sa pagkain sa pandemya ng COVID-19) (AA-2)	\$32,000	Hindi

Seksiyon	Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
Kalusugan ng Pag-iisip at Kapakanan sa Pakikipagkapwa at Emosyon	Nagbibigay ang mga clinician sa kalusugan ng pag-iisip ng direktang suporta sa bawat lugar ng paaralan sa pagtugon sa mga epekto ng trauma at pagkabalisa na may kinalaman sa mga karanasan sa matagal na pagkakabukod, nawalang buhay sa pamilya, at pinahabang pananatili sa tirahan na nauugnay sa epekto ng COVID-19. Nagbigay ng mga workshop, pagsasanay, mga sesyon ng terapiya para sa indibidwal, grupo, at pamilya na nakatuon sa mga gawing may kaalaman sa trauma, pangangailangan sa pakikipagkapwa at emosyon at kapakanan, at mga serbisyo sa pagkakaroon ng kamalayan, kasama ang marami pang ibang nagpapatuloy na serye ng mga mapagkukunan at serbisyo na ibinibigay ng departamento ng kalusugan ng pag-iisip at gawi ng mag-aaral. (AA-3)	\$4,620,000	Oo
Kalusugan ng Pag-iisip at Kapakanan sa Pakikipagkapwa at Emosyon	Nagbibigay ang mga tagapayo ng direktang suporta sa bawat lugar ng paaralan sa pagtugon sa akademikong gabay at suporta sa panlipunan-pandamdaming pagkatuto sa pagtugon sa mga epekto ng trauma at pagkabalisa na may kinalaman sa mga karanasan sa matagal na pagkakabukod, nawalang buhay sa pamilya, at pinahabang pananatili sa tirahan na nauugnay sa epekto ng COVID-19 at iba pang salik na may kontribusyon sa pakikipagkapwa at emosyon ng mag-aaral. (AA-4)	\$10,198,220	Oo
Pakikibahagi at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral	Pangangalagang may kaalaman sa trauma at tumutugong pagsasanay sa paaralan para sa mga kawani ng SUSL sa pagtugon sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral, kawani, at pamilya na may kaugnayan sa resulta ng pagtugon sa mga epekto ng trauma at pagkabalisa na may kinalaman sa mga karanasan sa matagal na pagkakabukod, nawalang buhay sa pamilya, at pinahabang pananatili sa tirahan na nauugnay sa epekto ng COVID-19 at iba pang mga may kontribusyong salik na nakahanay sa pangangailangan para sa mga gawing may kaalaman sa trauma. (AA-5)	\$150,000	Oo
Pakikibahagi at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral	Pampanumbalik na pang-ensayong pagsasanay at materyales upang tugunan ang iba't ibang pangangailangan sa pag-uugali at kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyon na nauugnay sa mga mag-aaral na pumapasok sa paaralan sa loob ng parehong kapaligiran ng malayuang pag-aaral at sa personal sa loob ng taong pampaaralan sa panahon ng pandemya sa buong mundo. (AA-6)	\$150,000	Oo

Seksiyon	Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
Pakikibahagi at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral	Pagbibigay sa mga magulang, tagapag-alaga, at pamilya ng mga mapagkukunan at impormasyon na kinakailangan para mapahusay ang mga pakikipagtuwang sa loob ng modelo ng pagtuturo sa malayuang pag-aaral at kapag lumilipat na sa mga inaalok na personal na pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng direktang suporta at mga serbisyo gamit ang access ng mag-aaral, pamilya, at kawani sa mga tagapag-ugnay ng magulang, tagapamahala ng kaso sa panlipunang serbisyo, at tagapag-ugnay at mapagkukunan ng mga kabataang walang tirahan at magulang at mga kabataan sa bahay-alagaan. (AA-7)	\$1,624,705	Oo
Pakikibahagi at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral	Patuloy na nakikipag-ugnayan at nakikipag-usap sa mga pamilya ang mga kawani para sa pagdalo ng mag-aaral at pananagutan na binubuo ng mga tagatulong sa tanggapan, tagapag-ugnay sa Kapakanan ng Bata at Pagliban sa Pagdalo, at mga tekniko sa pagdalo upang patibayin ang kahalagahan ng pang-araw-araw na pagdalo ng mag-aaral at bumuo ng mga ugnayan sa pagitan ng mga pamilya at SUSL. (AA-8)	\$2,312,745	Oo
Programang Malayuang Pag-aaral (Mga Suporta para sa Mga Mag-aaral na May Mga Natatanging Pangangailangan)	Pagkuha ng mga kawani na Mga Espesyalista sa Pagsasama (Inclusion Specialists) upang suportahan ang ganap ng pagsasama ng mga mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan sa loob ng mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal habang nagbibigay rin ng pagsasanay/mga workshop sa Mga Tagapangasiwa, Guro sa Pangkalahatang Edukasyon, at kawani ng suporta hinggil sa mga mag-aaral na may Autism at Mga Gawi na Batay sa Katibayan upang suportahan ang paglipat ng kanilang mag-aaral sa ganap na malayuang pag-aaral, mga inaalok na pagtuturo sa personal, at pangkalahatang edukasyon. (AA-9)	\$345,427	Oo
Pakikibahagi at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral	Pagpapanatili ng mga mapagkukunan para sa kolehiyo at kahandaan sa karera, programa, access ng mag-aaral sa programang software para sa paghahanap ng karera, at mga pang-trimestreng ulat ng akademikong pagsulong para sa mga mag-aaral sa mataas na paaralan na ibinibigay ng tagapayo sa bawat nakatalang mag-aaral sa mataas na paaralan, ginagamit para sa mga pag-uusap sa akademikong gabay, at ibinabahagi ang impormasyon sa mga pamilya tungkol sa mga nakuhang credit sa mataas na paaralan, ang gawain sa kurso ng A-G na kinakailangan pa, kasalukuyang katayuan ng marka ng mag-aaral kumpara sa iba na may mga gawain ng kurso at akademikong datos para sa pagtanggap sa University of California (UC) at/o	\$319,868	Oo

Seksiyon	Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
	mga paaralan ng California State University (CSU), at mga landas ng karera na nauugnay sa gawain sa kurso na kinukuha ng mga mag-aaral at ang datos ng personal na interes na sinuri mula sa software para sa paghahanap ng karera. (AA-10)		
Kalusugan ng Pag-iisip at Kapakanan sa Pakikipagkapwa at Emosyon	Nakatuon ang pagpapaunlad ng pangkat para sa kaukulang aksiyon sa pag-uugali at mga direktang serbisyo na ibinibigay sa mga kawani, lugar ng paaralan, at pamilya na nakatuon sa mga serbisyo sa pag-uugali at estratehikong pagkolekta ng mga datos bilang suporta sa mga kabataan sa bahay-alagaan, pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, mag-aaral ng Ingles, may mababang kita, at mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan sa pag-access ng pag-aaral at direktang pagtuturo ng guro sa pamamagitan ng mga sistema sa pagpapatupad ng pamamahala ng pag-uugali na idinisenyo para matugunan ang mga pangangailangan sa pakikipagkapwa at emosyon ng mga mag-aaral katuwang ang mga kawani ng pagtuturo at pamilya sa loob ng mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal. (AA-11)	\$2,462,742	Oo
Pakikibahagi at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral	Sa pag-uugnay ng Direktor ng Katarungan (Director of Equity), nakatuon ang pambuong Distrito na pagsasanay ng mga kawani nakatuon sa implicit bias (hindi namamalayang pagkikiling/pagtatangi), pagkakaiba-iba at pagsasama, at mga estratehiyang tumutugon sa kultura at wika bilang suporta sa pagpapaunlad at pagpapanatili ng mga makatarungang kapaligiran ng pag-aaral. (AA-12)	\$479,499	Oo
Pakikibahagi at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral	Panatilihin ang mga tagapag-ugnay ng magulang, espesyalista sa pakikibahagi, workshop, pagsasanay, at kurso sa English as a Second Language (ESL, Ingles bilang Pangalawang Wika) upang ipagpatuloy ang pagsuporta sa mga pangangailangan ng mga pamilya at pagbibigay ng mga oportunidad para sa pagbubuo ng kakayahan ng mga pamilya bilang mga katuwang sa pag-aaral ng mag-aaral sa loob ng parehong mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal na pangunahing nakatuon sa pagpapataas ng mga pang-araw-araw na rate ng pagdalo ng mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, may mababang kita, pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, at mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan. (AA-13)	\$809,767	Oo

Seksiyon	Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
Pakikibahagi at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral	Panatilihin, pataasin, at ibagay ang mga oportunidad sa pakikibahagi at pamumuno ng pag-aaral para sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, may mababang kita, at mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan upang lumahok sa mga organisasyon, aktibidad sa isports at akademya, programa, at karanasan sa pamumuno sa loob ng mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal. (AA-14)	\$2,264,242	Oo
Pakikibahagi at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral	Nakatuon ang mga insentibo sa pakikibahagi ng mag-aaral na ibinibigay sa mga paaralan sa pagpapataas sa pakikilahok ng mag-aaral sa mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal at pagtatakda ng mga layunin para sa mga mag-aaral na may nakahanay na pamamaraang nakatuon sa pagpapataas ng pagdalo at pakikibahagi para sa mga kabataan sa bahay-alagaan, pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, mag-aaral ng Ingles, mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan, at iba pang grupo ng mag-aaral na sinusupportahan ng mga datos sa pangangailangan para sa mas pinataas at mas pinabuting suporta sa mas pinataas na pakikibahagi sa mga pang-araw-araw na oportunidad sa pag-aaral. (AA-15)	\$400,000	Oo
Programang sa Malayuang Pag-aaral (Mga Suporta para sa Mga Mag-aaral na May Mga Natatanging Pangangailangan)	Upang suportahan at palakasin ang ating mga pangako sa mga mamamayan, magbibigay ang GreatSchools sa mga magulang ng SUSD ng pahayagan para sa bawat baitang upang subaybayan ang pakikibahagi gamit ang nilalaman na batay sa baitang at sukatin ang epekto sa mga saloobin at pag-uugali ng magulang. Mababasa ang mga pahayagan sa wikang Ingles at Espanyol. Naging mabisa ang mga resulta ng pahayagan para sa bawat baitang, lalo na para sa mga magulang na may mababang kita at nag-aaral ng Ingles. Ipinapakita ng mga ulat na naimpluwensiyahan o maiimpluwensiyahan ng pahayagan ang kanilang mga opinyon at pag-uugali at 85% ng mga magulang ang nagsagawa na ng aksiyon ukol sa impormasyon. (AA-16)	\$23,000	Hindi
Pakikibahagi at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral	Panatilihin ang pagkuha ng mga kawani ng mga lisensiyadong bokasyonal na nars, tagatulong sa pangangalaga sa kalusugan, tagapag-ugnay sa malusog na pagsisimula, tagapag-ugnay ng programa para sa mapagkukunan sa komunidad, at pampamilyang praktisyoner na nars, at pagkuha ng mga kawani para sa mga sentro ng wellness upang matiyak ang mga serbisyong pangkalusugan at patuloy na ibinibigay ang pamamahala ng pagtugon sa bahagyang malubhang kalusugan sa mga mag-aaral at pamilya sa panahon ng	\$2,826,619	Oo

Seksiyon	Paglalarawan	Kabuuang Pondo	May Kontribusyon
	mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan sa kalusugan at kagalingan. (AA-17)		
Pakikibahagi at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral	Nagbibigay ng mga oportunidad at mapagkukunan sa pagsasanay sa mga kawani ng tanggapan ng mga kabataan sa bahay-alagaan upang tugunan ang mga pangangailangan ng pakikibahagi at pakikipag-ugnayan ng kabataan sa bahay-alagaan sa panahon ng mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga kagamitan sa pagtuturo, mas pinaraming serbisyo sa pagsasalin, access ng kawani sa pagsasanay ukol sa kabataan sa bahay-alagaan, at iba pang mapagkukunan ayon sa kinakailangan sa pagpapataas ng pakikibahagi ng kabataan sa bahay-alagaan sa mga karanasan sa pag-aaral at pagpapabuti ng mga anyo ng pakikipag-ugnayan sa mga kabataan sa bahay-alagaan at sa mga magulang, tagapag-alaga, at pamilya na nagbibigay ng suporta sa mga kabataan sa bahay-alagaan. (AA-18)	\$14,300	Oo

Mas Pinataas o Mas Pinabuting Mga Serbisyo para sa Mga Kabataan sa Bahay-Alagaan, Mag-aaral ng Ingles, at Mag-aaral na May Mababang Kita

Porsiyento para Mapataas o Mapabuti ang mga Serbisyo	Mas Pinataas na Pagbabahagi batay sa Pagpapatala ng Mga Kabataan sa Bahay-Alagaan, Mag-aaral ng Ingles, at Mag-aaral na May Mababang Kita
29.35%	\$82,814,898

Mga Kinakailangang Paglalarawan

[Para sa mga aksiyong ibinibigay sa isang buong paaralan, o sa buong distrito ng paaralan o tanggapan ng edukasyon ng county (county office of education, COE), isang paliwanag ng

- (1) paano isinaalang-alang muna ang mga pangangailangan ng kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita, at
- (2) paanong mabisa ang mga aksiyong ito sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na ito.]

Sama-samang nagtulungan ang mga kawani ng distrito sa pagpapalano ng isang proseso ng pagbabagi at estratehikong pagtukoy ng bilang ng mga laptop, charger, at hot spot ng WiFi na kailangan ng ating mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita upang matiyak na naibigay ang access at konektibidad sa mga pamilya. Ang lahat ng mag-aaral na kailangan ng laptop ay binigyan nito at sa loob ng taong pampaaralan 2020-2021, binigyan ang lahat ng mag-aaral ng hot spot ng WiFi. Ipinag-ugnay ang naka-target na pakikipag-ugnayan at suporta sa teknolohiya sa tanggapan ng Families in Transition (Mga Pamilyang Dumaraan sa Pagbabago ng Sitwasyon) at Foster Youth (Kabataan sa Bahay-Alagaan), departamento ng Mga Serbisyo sa Suporta ng Mag-aaral, at departamento ng Mga Serbisyo sa Edukasyon. Para sa mga mag-aaral na walang konektibidad dahil hinihintay pa na dumating sa distrito ang mga ipinadalang hot spot ng WiFi, sama-samang nagtulungan ang mga kawani ng lugar ng pagtuturo sa paaralan sa mga pamilya ng kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita upang bumuo ng lingguhang hiwalay na programa ng pag-aaral na may mga nakalaang materyales para sa pag-aaral, may suporta at gabay ng guro at tagapayo, upang matiyak ang access sa nilalaman ng pag-aaral para sa antas ng baitang. Mabisa ang mga hakbang na ito sa pagtugon sa mga pangangailangan sa access at konektibidad sa loob ng mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal. Ginamit ang NetOps upang magbigay sa mga guro ng kakayahang subaybayan ang mga aktibidad ng mag-aaral sa mga aparato ng Chromebook at Windows upang matiyak ang angkop na paggamit at napapanahong tugon sa mga mag-aaral sa oras ng pagtuturo, at nagkaroon din at nagbigay ng pagsubaybay ng pag-usad ng mga proyekto ng mag-aaral. Nagbigay ang software ng access at mga opsiyon sa pagtuturo para sa mga guro upang ibahagi ang kanilang screen sa mga device ng mag-aaral, ibahagi ang screen ng isang mag-aaral sa lahat ng mga mag-aaral gamit ang projector, i-lock ang mga device para sa direktang pagtuturo, at estratehikong limitahan ang mga app at website na maa-access ng mga mag-aaral sa oras ng klase upang mapataas ang pag-uugali sa gawain sa loob ng mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal.

Nagbigay ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Stockton sa mga guro sa K-12 ng de-kalidad na propesyonal na pagpapaunlad at pagsasanay upang parehong matutuhan at mabuo ang kanilang kaalaman at mga kasanayan para epektibong suportahan ang mga mag-aaral ng Ingles (English learner, EL) na nakikibahagi sa pinagsama at nakatalagang pagtuturo sa oras ng virtual na pag-aaral. Binuo at ipinatupad ang mga sesyon ng propesyonal na pagpapaunlad upang maghandog sa mga guro ng oportunidad upang magtamo ng kaalaman sa agham ng pagtuturo, maliwanag na mga rekomendasyon na may kinalaman sa mga pinakamahusay na gawi na batay sa pananaliksik, at kung paano isinasama ang teknolohiya sa loob ng malayuang pag-aaral. Kasabay nito, naghandog din ng pagsasanay sa pagtuturo bilang mga oportunidad upang mag-isip nang malalim at magnilay tungkol sa kanilang mga karanasan bilang isang paraan para bumuti sa kanilang gawain at makapagbigay ng makabuluhang pagtuturo. Bukod pa rito, naghandog sa mga guro ng suporta at mga mapagkukunan sa kurikulum na sumuporta sa virtual na pag-aaral para sa mga EL. Nagbigay sa mga magulang ng mga EL ng mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon bilang paraan upang matiyak ang makabuluhang komunikasyon at magkaroon ng makatarungang access sa impormasyong may kinalaman sa paaralan na kailangan nila upang gumawa ng mga desisyong batay sa impormasyon tungkol sa edukasyon ng kanilang mga anak at maging nakatutulong na kalahok dito.

Nakipag-ugnayan ang mga tagapamahala ng kaso sa panlipunang serbisyo at mga tagapag-ugnay ng mga walang tirahan ng distrito sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtawag, pagpapadala ng mga email, at pakikipagkita sa mga pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon sa kanilang kinikilalang lugar ng tirahan at pagkamusta sa mga mag-aaral at pamilya habang pinapanatili ang mga protokol sa social distancing bilang suporta sa mga pamilyang nangangailangan ng tulong sa pag-access ng mga mapagkukunan at mga mag-aaral sa pag-unawa sa kung paano makibahagi at lumutas ng mga hadlang na nagpapakita sa kanila kahanay ng mga oportunidad sa malayuang pag-aaral. Nakipagtulungan ang mga kawani ng distrito sa mga social worker, lokal na non-profit na organisasyon, mag-aaral, at magulang/tagapag-alaga upang matiyak na ang mga kabataan sa bahay-alagaan ay may access sa mga patuloy na ugnayan sa mga guro, tagapayo, at/o clinician sa kalusugan ng pag-iisip bilang suporta sa mga oportunidad sa panlipunan-pandamdaming pagkatuto, laptop at hot spot ng WiFi para sa koneksiyon sa internet, at nakikibahagi sa mga karanasan sa malayuang pag-aaral na ibinibigay ng Distrito.

Nagbigay ng pagsasanay sa pangangalagang may kaalaman sa trauma, mga pampanumbalik na gawi at Mga Kaukulang Aksiyon at Suporta para sa Positibong Pag-uugali (PBIS) na nakatuon sa pagtugon sa magkakapatong na epekto ng pandemya ng COVID-19 sa kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita. Nakatuon ang mga oportunidad sa propesyonal na pagtuturo sa pagbibigay ng de-kalidad na malayuang pag-aaral, pag-access ng mga online na tampok ng kurikulum na pinagtibay ng lupon ng SUSD at alinsunod sa mga pamantayan, pagbibigay ng suporta sa panlipunan-pandamdaming pagkatuto para sa mga mag-aaral, paggamit ng mga virtual na platform para magturo at makipag-ugnayan sa iba sa mga makatarungang paraan, at nagbigay ng iba pang paksa sa malayuang pag-aaral sa mga kawani ng pagtuturo at distrito sa

pamamagitan ng mga online na video na platform nang lingguhan. Nag-alok at nagbigay ng mga online na tutorial at workshop sa mga magulang at tagapag-alaga na nakatuon sa pagsuporta ng mas mataas na pag-unawa ng kung paano gamitin at mag-navigate sa mga platform ng malayuang pag-aaral, online na mapagkukunan sa kurikulum, at software para sa pagpupulong sa video na ginagamit para sa direktang pagtuturo at pag-aaral na alinsunod sa mga pamantayan.

Nagtalaga ng hindi bababa sa isang tagapayo upang suportahan ang bawat lugar ng paaralan para sa TK hanggang ika-8 baitang limang araw sa isang linggo at bahagi ang maraming tagapayo ng mga kawani sa mataas na paaralan upang tugunan ang mga akademikong gabay ng mag-aaral at mga pangangailangan sa pakikipagkapwa at emosyon. Bumuo ang mga tagapayo ng mga aralin sa pakikipagkapwa at emosyon upang isama sa mga karanasan sa malayuang pag-aaral na tumutugon sa mga epekto ng trauma at pagbubukod na may kinalaman sa pandemya ng COVID-19 sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita. Binuo ang mga pagtitipon para sa pagpapanumbalik at estratehiya sa pagkikita sa silid-aralan upang ipatupad sa loob ng malayuang pag-aaral para magbigay ng mga oportunidad na maibahagi ng mga mag-aaral ang kanilang mga damdamin at maramdaman nilang konektado sila sa kanilang mga kasama sa loob ng platform ng malayuang pag-aaral. Sinuportahan ng mga tagapayo sa mataas na paaralan ang mga guro, kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita sa pagtatakda ng mga sistema sa pamamahala ng oras bilang suporta sa tagumpay sa loob ng parehong mga inaalok na pagtuturo mula sa malayo at sa personal. Tumutulong ang mga tagapayo na pagtibayin at itakda ang mga sistema para sa mga mag-aaral upang magtakda ng mga layunin nang tama, gawing prioridad ang mga lingguhang gawain, magtakda ng panahon kung kailan kukumpletuhin ang mga gawain, magtakda ng mga oras ng pahinga para sa kapakanan sa buong araw, mga estratehiya sa pagsasaayos ng espasyo ng trabaho, pagpapalano nang maaga upang tugunan ang anumang hamon na maaaring lumabas.

Nagbibigay ang mga clinician sa kalusugan ng pag-iisip at miyembro ng pangkat ng kaukulang aksiyon sa pag-uugali ng mga suporta sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali sa bawat lugar ng paaralan sa buong SUSD. Nagtataguyod ang mga clinician ng kalusugan ng pag-iisip at kawani ng pangkat sa kaukulang aksiyon sa pag-uugali ng pagpapaunlad ng malusog na pakikipagkapwa at emosyon ng lahat ng mag-aaral at pangunahing tinutugunan ang mga pangangailangan na may kaalaman sa trauma at mga hadlang na may kinalaman sa kalusugan ng pag-iisip na nararanasan ng maraming kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita sa loob ng kanilang pag-aaral. Nagbibigay ng triage at mga serbisyo sa konsultasyon ang mga miyembro ng kawani upang tugunan ang mga pangangailangan ng kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita habang nagbibigay ng mga sesyon ng terapiya para sa indibidwal, grupo, at pamilya. Sa panahon ng malayuang pag-aaral, isang buwanang serye ng video na nagbabahagi ng mga estratehiya sa kakayahan ng pag-iisip para sa mga mag-aaral, pamilya, at kawani, na tinatawag na Mindful Mondays, ay binuo at inilaan sa iba't ibang wika. Naghandog ang departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip at Gawi (Mental Health and Conduct Services) ng mga mapagkukunan ng magulang, tagapag-alaga, pamilya, at kawani para sa malayuang pag-aaral na may kasamang mga insta-coffee talk (mga naunang inirekord na pagsasanay sa iba't ibang paksa), mga estratehiya sa pamamahala ng pag-uugali sa loob ng malayuang pag-aaral, atensiyon na may kaalaman sa pinsala, edukasyon at mabilis na payo, Mga Kaukulang Aksiyon at Suporta sa Positibong Pag-uugali sa loob ng mga kapaligiran ng pag-aaral mula sa malayo at sa bahay, at mga estratehiya sa edukasyon na may kaalaman sa trauma. Kabilang sa mga paksa ng workshop na ibinigay sa mga pamilya at kawani ang: pagtugon sa mga takot at pagkabalisa tungkol sa pagbabalik sa paaralan, pagbuo ng mga ugnayan at pagtugon sa mga alalahanin ng mag-aaral, pamamahala ng stress para sa mga kawani ng paaralan, pagsalubong sa mga mag-aaral, paglikha ng espasyo ng trabaho, kung paano magbigay ng motibasyon sa pag-aaral, mga estratehiya para sa pamamahala ng mapanghamong pag-uugali, at pagtatakda ng mga iskedyul. Epektibo ang mga clinician sa kalusugan ng pag-uugali at kawani ng pamamahala ng pag-uugali sa pagtugon ng mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapataas sa loob ng malayuang pag-aaral ng pagsasama ng mga gawi na may kaalaman sa trauma at PBIS sa mga kultura ng silid-aralan upang tumulong sa pagbuo ng malugod, ligtas, at malusog na karanasan sa malayuang pag-aaral para sa mga mag-aaral at kawani.

Nagbigay sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita ng mga kagamitan sa pagtuturo upang suportahan ang kanilang pakikilahok sa mga malayuang pag-aaral. Nagbigay ang mga lugar ng paaralan at tanggapan ng Families in Transition at Foster Youth ng mga lapis, highlighter, krayola, kuwaderno, at iba pang kagamitan para magamit ng mga mag-aaral sa loob ng kanilang lugar na tinitirhan sa panahon ng mga karanasan sa malayuang pag-aaral. Nag-order ang SUSD ng mga indibidwal na kagamitan sa pagtuturo para ibigay sa lahat ng kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita kapag pinapahintulutan na ang mga inaalok na pagtuturo sa personal. Epektibo ang mga aksiyon at serbisyo na ito sa pagtugon sa aktibong pakikibahagi ng mag-aaral at pinataas na access sa mga kagamitan upang magkaroon ang mga mag-aaral ng mga mapagkukunang kinakailangan nila sa parehong loob ng lugar na kanilang tinitirhan at loob ng pisikal na silid-aralan para direktang makibahagi sa proseso ng pag-aaral.

Nakikipag-ugnayan ang mga Tagapayo ng Paaralan sa mga kabataan sa bahay-alagaan at mga mag-aaral na dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon upang tiyaking napapanatili nila ang pakikilahok sa malayuang pag-aaral at nagagawa nilang matugunan ang kanilang mga batayang pangangailangan. Nakikipagtuwang ang mga tagapayo ng paaralan sa mga pamilya upang palakasin ang ugnayan ng tahanan at paaralan. Tinuruan ang mga Kabataan sa Bahay-Alagaan/Pamilyang Dumaraan sa Pagbabago ng Sitwasyon/Mag-aaral ng Ingles ng mga kasanayan sa pagkatuto/pag-aaral at panlipunan-pandamdaming pagkatuto sa pamamagitan ng mga aralin sa klase (kabilang ang Second Step na kurikulum) ng mga tagapayo ng paaralan na nagbibigay rin ng mga personal na pangangamusta at suporta sa grupo. Nakikipagtulungan ang mga tagapayo ng paaralan sa Departamento ng Pagpapaunlad

ng Wika, partikular na sa mga guro ng mag-aaral ng Ingles upang matiyak na nakakatanggap ang mga mag-aaral ng Ingles ng suporta sa pakikipagkapwa at emosyon at akademikong suporta sa kanilang mga klase. Nakikipagtulungan ang mga tagapayo ng paaralan sa ating departamento ng Espesyal na Edukasyon upang tulungang suportahan ang mga mag-aaral sa programa ng Espesyal na Edukasyon upang tugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pakikipagkapwa at emosyon. Nakikipagtulungan ang mga tagapayo ng paaralan sa mga guro ng espesyal na edukasyon, tagapamahala ng kaso, espesyalista sa programa, psychologist ng paaralan, at pathologist ng pananalita at wika upang subaybayan ang pagsulong ng mga mag-aaral at kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyon. Upang higit na suportahan ang ating mga grupo ng mag-aaral (mga kabataan sa bahay-alagaan at walang tirahan, EL, espesyal na edukasyon), ang mga tagapayo ng paaralan ang mga makikipag-ugnayan para sa suporta sa kanilang mga kaukulang lugar at nakikipagtulungan sa mga pangkat ng Families in Transition, Espesyal na Edukasyon, at EL upang matiyak na nakakatanggap ang ating mga mag-aaral ng mga akademiko, pangkarera, at panlipunan-pandamdaming suporta at mapagkukunan.

Sa panahon ng taong pampaaralan, magbibigay ang Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Wika (Language Development Office, LDO) ng tuloy-tuloy na pagsasanay at mga workshop. Magbibigay ang Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Wika (LDO) ng mga oportunidad at oras para sa lahat ng mga guro at bilingguwal na paraprosesyon (katuwang sa pagtuturo) upang makalahok sa mga Pasanayan ng Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (ELD) at patuloy na workshop. Magbibigay ang LDO ng serye ng pagsasanay sa Pinagsama at Nakatalagang propesyon na pag-aaral at makikipagtulungan sa mga tagapaglathala sa pagsasama ng ELD na nakatuon sa pagsasanay sa kurikulum ng tagapaglathala. Magbibigay sa mga bagong guro ng kurso sa pinagsama at nakatalagang propesyon na pag-aaral sa ELD na gaganapin pagkatapos ng klase. Magbibigay ang Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Wika (LDO) ng suporta sa pagtuturo sa lugar at nakatuong pagsasanay at workshop upang matiyak na nagbibigay ang ating mga guro ng masinsinang pangunahing kurikulum at natutugunan ang mga pangangailangan ng ating mga mag-aaral ng Ingles sa loob ng mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal. Nagsasagawa ang distrito ng quarterly na mga pagpupulong ng mga tagapag-ugnay ng mag-aaral ng Ingles sa lugar kung saan bumubuo ang Mga Tagapag-ugnay sa Lugar ng Programa sa Mag-aaral ng Ingles (English Learner Program, ELP) ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo na batay sa pananaliksik upang matiyak na naidadala pabalik ng mga tagapag-ugnay sa lugar ng EL ang mga estratehiya ng pagtuturo sa kanilang mga lugar para ipagpatuloy ang pagpapabuti ng pag-aaral na nagaganap sa panahon ng nakatalaga at pinagsamang Pagpapaunlad ng Wikang Ingles at sa buong mga bahagi ng nilalaman para sa mga mag-aaral ng Ingles. Nagbibigay ng pagsasanay sa panahon ng mga pagpupulong ng Tagapayong Komite para sa Magulang ng Mag-aaral ng Ingles ng Distrito (District English Learner Parent Advisory Committee) at bilang suporta sa pagbuo ng kakayahan ng mga Tagapayong Komite para sa Mag-aaral ng Ingles (English Learner Advisory Committees, ELAC) sa antas ng lugar upang makibahagi at makilahok sa mga pangangailangan ng mag-aaral, programa, at badyet sa antas ng lugar. Nagbibigay ng mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon sa mga kawani, pamilya, at miyembro ng komunidad sa mga lugar ng paaralan, pagpupulong ng pamilya, pagsasanay, workshop, at pagpupulong sa antas ng distrito. Nag-alok ng mga nakasulat at pasalitang pagsasalin upang suportahan ang mga pagpupulong ng pamilya, dokumento, presentasyon, pagpupulong para sa Personalisadong Programa ng Edukasyon (IEP), at pakikipag-ugnayan ng komunikasyon ng distrito.

Sa buong distrito, naglaan sa bawat lugar ng trabaho ng 1.5 oras kada dalawang linggo para sa oras sa pagtutulong ng guro na nakatuon sa pagbuo ng de-kalidad na unang pagtuturo na tumutugon sa mga akademikong pangangailangan at pangangailangan sa pakikipagkapwa at emosyon ng lahat ng mag-aaral sa loob ng parehong inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal, na pangunahing nakadirekta sa estratehikong pagtuon sa mga epektibong gawi sa pagtuturo na batay sa pananaliksik upang mapataas ang akademikong tagumpay ng mga mag-aaral na may mababang kita, kabataan sa bahay-alagaan, at mag-aaral ng Ingles sa pamamagitan ng estratehikong pagpapalano at pinag-iba-ibang karanasan sa pag-aaral. Samasamang bumuo ang mga lugar ng paaralan ng mga iskedyul ng taunang pagtutulong at nakikipagtulungan ang pamunuan ng lugar sa kanilang mga Komunidad ng Propesyon na Pag-aaral (Professional Learning Communities, PCL) upang tukuyin ang mga lugar na nangangailangan ng propesyon na pag-aaral at pagpapaunlad ng kawani. Nagbibigay ang mga guro ng oportunidad para sa mga pamilya ng bawat isa sa kanilang mga mag-aaral na makibahagi sa mga akademikong kumperensiya ng guro, magulang/tagapag-alaga/pamilya, at mag-aaral. Nag-organisa ng mga aktibidad sa pakikibahagi ng pamilya at naganap sa lahat ng mga lugar ng paaralan sa iba't ibang petsa sa buong taong pampaalaran.

Nagbibigay sa mga mag-aaral ng mataas na paaralan ng mga oportunidad na makibahagi sa mga Programa ng Pagbawi sa Credit at Pag-dropout (Credit and Dropout Recovery Program) sa lahat ng mataas na paaralan. Nagbibigay ang mga guro ng mas mataas na suporta sa mga oportunidad bago, sa panahon ng, at pagkatapos ng klase upang ma-access ang mga programa sa pagbawi sa credit tulad ng APEX at Cyber High para suportahan ang mga mag-aaral na nananatili sa landas ng pagtatapos sa mataas na paaralan. Hanggang nitong Tagsibol 2020, nakumpleto ang 1,503 kurso sa APEX at nakumpleto ang 120 kurso sa Cyber High para sa pagbawi sa credit. Nagbibigay sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita ng access sa mga programa ng pagbawi sa credit at tulung na ginagabayan ng guro sa pagsagot sa mga tanong ng mag-aaral at pagbibigay ng isa pang hanay ng suporta sa pagtuturo sa loob ng mga inaalok na malayuang pag-aaral at sa personal bilang suporta sa matagumpay na pagkumpleto ng mga opsyon sa pagbawi sa credit na nagbibigay ng mas pinabuting access sa mga A-G na kurso para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng pagbawi sa credit. Magbibigay ang mga tagapayo ng paaralan at tekniko ng gabay ng akademikong gabay at mga pagpupulong

sa pagpapalano ng pagtatakda ng layunin sa credit sa kurso kasama ang mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita sa buong taon bilang suporta sa mga mag-aaral na nasa landas na makatapos mula sa mataas na paaralan.

Sinusuportahan ng mga Espesyalista sa Pagsasama ang mga mag-aaral na may kapansanan, pangunahin ang mga mag-aaral na may Autism, sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo sa konsultasyon sa mga guro, tagapangasiwa, at kawani ng suporta sa mga Gawi na Batay sa Katibayan. Nagsilbi ang espesyalista sa pagsasama bilang isang tagapayo sa mga gawi sa pagsasama upang suportahan ang mga guro sa pangkalahatang edukasyon, guro sa espesyal na edukasyon, at kawani ng suporta sa pagtiyak na binigyan ang mga mag-aaral na may kapansanan ng mga oportunidad sa pagsasama sa loob ng mga pangunahing silid-aralan para sa pangkalahatang edukasyon sa loob ng parehong mga kapaligiran ng inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal. Sinusuportahan nila ang paglipat ng mga mag-aaral ng Preschool hanggang ika-8 baitang habang lumilipat sila sa pangkalahatang edukasyon sa pamamagitan ng pagbibigay sa pangkalahatang edukasyon ng mga gawi at kaalaman na humahantong sa maayos na proseso ng paglipat para sa mag-aaral patungo sa kapaligiran na may mas kaunting restriksiyon at nasa loob ng saklaw ng taon na ito at tumutulong sa mga pamilya at kawani na matagumpay na mailipat ang mga mag-aaral sa mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal habang tumutulong na magtakda ng mga estratehikong iskedyul, pahinga, at sistema ng pamamahala ng pag-uugali upang mabawasan ang pagkabalisa at pagkabigo ng mag-aaral. Nagbigay ng mga suporta sa mga bahagi ng mga kasanayan sa ehekutibong gawain, pagtuturo ng mga gawi na batay sa katibayan, pagtataguyod ng higit na pamamaraan ng Pag-aaral gamit ang Pag-unawa ayon sa Disenyo (Understanding By Design Learning, UDL), pagbabago ng pag-uugali, pakikilahok sa mga pagpupulong ng IEP, at nanguna sa mga paglibot ng mga mataas na paaralan para sa mga mag-aaral at pamilya habang sinusuportahan ang mga kasanayan sa paglipat mula sa ika-8 tungo sa ika-9 na baitang. Sinusuportahan ng mga Espesyalista sa Pagsasama ang mga magulang sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsasanay ukol sa paglipat sa pangunahing kapaligiran ng silid-aralan, mga rutina at gawi sa edukasyon para maisama sa kapaligiran ng tirahan, pati ang mga Gawi na Batay sa Katibayan upang mapataas ang akademikong tagumpay at pagpapaunlad ng panlipunang komunikasyon. Bukod pa rito, nagbigay ang mga Espesyalista sa Pagsasama ng pagsasanay/mga workshop sa mga Tagapangasiwa, Guro ng Pangkalahatang Edukasyon, at kawani ng suporta hinggil sa mga mag-aaral na may Autism at mga Gawi na Batay sa Katibayan upang suportahan ang kanilang paglipat sa kapaligiran ng pangkalahatang edukasyon sa loob ng mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal.

Sinuportahan ng mga tagapagsanay sa pagtuturo ang mga guro sa pagpapatupad ng bagong kurikulum at pag-iiba-iba ng mga gawi sa pagtuturo upang tugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mag-aaral sa lahat ng baitang. Ginamit ng mga tagapagsanay sa pagtuturo ang mga modelo ng kognitibong pagsasanay upang magtuon sa pagbibigay ng mga guro ng de-kalidad na unang pagtuturo sa mga mag-aaral na may iba't ibang kultura at wika at iba-ibang antas ng mga kasalukuyang akademikong kakayahan. Nagbigay sa mga tagapagsanay ng tuloy-tuloy na pagsasanay na batay sa kurikulum ng mga tagapaglathala at pagsasanay sa pag-aaral at pagtuturo ayon sa kultura at wika. Sinuportahan ang lahat ng lugar ng paaralan ng mga tagapagsanay sa pagtuturo at tagapagsanay na nakatuon sa mga estratehiya para suportahan ang pagbuo ng mga guro ng kakayahan sa pagtuturo upang mapag-iba-iba ang mga aralin para matiyak ang access at pag-unawa sa mga aralin na batay sa mga pamantayan para sa lahat ng mag-aaral sa loob ng mga kapaligiran ng inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal. Nagbigay ng suporta na nakatuon sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral ng Ingles gamit ang mga pag-aaral ng nakatalaga at pinagsamang Pagpapaunlad ng Wikang Ingles (ELD) na aralin. Tiniyak ng mga siklo ng pagsasanay sa pagtuturo sa silid-aralan ang pagpapatupad ng direktang interaktibong pagtuturo, mga mataas na uri ng tanong, pakikibahagi ng mag-aaral, katibayan ng paggamit ng mga pagsusuri upang masubaybayan ang pagsulong ng pagiging epektibo ng pagtuturo, pagbuo at pagsuri ng mga karaniwang pormatibong pagtatasa, estratehikong pagpapalano ng aralin upang matiyak na naitatakda ang mga masusukat na layunin at napag-iiba-iba ang mga aralin para matugunan ang mga partikular na pangangailangan sa pag-aaral para sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita. Nakibahagi ang mga tagapagsanay sa pagtuturo sa mga patuloy na karanasan sa propesyonal na pag-aaral sa 2019-2020 at pagkakaroon ng status na tagapagsanay ng mga tagapagsanay ng isinasagawang pagpapatupad ng kurikulum sa taong pampaaralan 2020-2021.

Nakatanggap ang lahat ng paaralan ng paglalaan ng pondo batay sa kanilang numero ng mag-aaral sa Sistema ng Datos sa Batayang Edukasyon (Basic Educational Data System, CBED) at porsiyento ng mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita upang matugunan ang pangangailangan para sa mga mas pinataas o pinabuting serbisyo na inihahandog sa mga lugar ng paaralan; habang isinasagawa ang mga pagpupulong para sa estratehikong pagpapalano kasama ang lugar ng paaralan at pamunuan sa antas ng distrito na nakatuon sa mga desisyon sa paggastos batay sa mga datos at pagsusuri ng pinakaugat na sanhi. Pinahintulutan ng prosesong ito ang paggawa ng desisyon sa antas ng paaralan nang may konsultasyon at mga rekomendasyon ng Mga Konseho ng Lugar ng Paaralan at Tagapayong Komite para sa Mag-aaral ng Ingles na nakahanay sa mga layunin ng Lokal na Plano ng Kontrol at Pananagutan (Local Control and Accountability Plan, LCAP) at Plano ng Paaralan para sa Tagumpay ng Mag-aaral (School Plan For Student Achievement, SPSA) ng distrito, na pangunahing nakadirekta tungkol sa pagpapataas at pagpapabuti ng mga serbisyon ibinibigay sa mga grupo ng mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, mag-aaral na may mga kapansanan, at mag-aaral na may mababang kita sa panahon ng malayuang pag-aaral at mga inaalok na pagtuturo sa personal.

Ginamit ng mga lugar ng paaralan ang nakalaang pondo para sa mas pinataas na suporta ng tagapayo, mga tagatulong sa media ng library, karagdagang mapagkukunan sa pagtuturo, pinataas na suporta ng bilingguwal na tagatulong, suporta ng tagatulong sa pagtuturo, tagapag-ugnay ng magulang, tagatulong sa komunidad, karagdagang tagatulong na prinsipal, espesyalista sa programa, field trip, insentibo sa pagdalo at akademikong insentibo, pag-tutor pagkatapos ng klase, kaganapan para sa pakikibahagi ng pamilya, at iba pang mapagkukunan na batay sa katibayan upang mapataas at mapabuti ang akademikong paglago at pag-unlad ng pakikipagkapwa at emosyon para sa mga pinagtutuunang grupo ng mag-aaral kung saan patuloy na ipinapakita ng mga datos na kinakailangang maglaan ng mas pinataas na serbisyo at suporta para matiyak ang akademikong paglago at pag-unlad ng pakikipagkapwa at emosyon na sumusuporta para maging handa ang mga mag-aaral na nagtatapos mula sa mataas na paaralan para sa kahandaan sa kolehiyo, karera, at komunidad. Nakatuon sa pagtugon sa mga pangangailangan ng inaalagaang kabataan, mga nag-aaral ng Ingles, at mga mag-aaral na may mababang kita na may mga IEP sa high school, isang programa sa interbensyon sa pagbabasa ang ibinigay upang mapataas at mapabuti ang kakayahan ng mag-aaral na ma-access ang suporta sa interbensyon sa pagbabasa na batay sa pananaliksik at madaling ma-access sa pamamagitan ng pag-aaral ng distansya. Ang programa sa interbensyon sa pagbabasa ay sinusupportahan ng isang guro at ang mga ulat sa data ng pag-unlad ay ibinigay sa mag-aaral at pamilya. Ang interbensyon sa pagbabasa ay suportang suporta at pangunahing nakatuon sa pagtugon sa mga pangangailangan sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral na may mga IEP na inaalagaang kabataan, mga nag-aaral ng Ingles, o mga mag-aaral na may mababang kita.

[Isang paglalarawan ng kung paano pinapataas o pinapabuti ang mga serbisyo para sa kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita, ayon sa porsiyentong kinakailangan.]

Nagbigay ang paglipat sa malayuang pag-aaral ng natatanging oportunidad upang matugunan ang puwang sa teknolohiya at konektibidad na direktang nakaapekto sa pinataas at pinabuting access sa pakikibahagi ng stakeholder, pagkatuto, kalusugan ng pag-iisip, at kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyon bago ang at sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Lumikha ang mga pangangailangang nakahanay sa malayuang pag-aaral ng bagong diwa ng agarang pagkilos na nagpakita ng oportunidad upang matiyak na ang lahat ng kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita ay mayroong access sa laptop at konektibidad sa internet sa loob ng kanilang lugar na tinitirhan. Sa pamamagitan ng muling pagsisiyasat ng mga serbisyo, mapagkukunan, at balangkas para sa mga mag-aaral, nagkaroon ng bagong perspektibo sa access at mga mapagkukunang video, at sa paggawa nito, isang pinalawak na diwa ng mga paraan kung saan maaaring ihandog ang mas pinataas at pinabuting serbisyo sa panahon ng magkakasabay at di-magkakasabay na anyo ng pagbibigay ng mga serbisyo sa pag-aaral at kalusugan at kagalingan sa mga mag-aaral, pamilya, at kawani. Bumili at namahagi ang SUSD ng mga laptop at hot spot ng WiFi sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita upang mapataas at mapabuti ang kanilang access sa pag-aaral, mga akademikong mapagkukunan at mapagkukunan sa pakikipagkapwa at emosyon, at device sa loob ng paaralan at sa bahay na sumusuporta sa pagpapataas ng mga kasanayan sa teknolohiya na magagamit at kinakailangan para makatapos mula sa mataas na paaralan at para sa kahandaan sa kolehiyo, karera, at komunidad. Para sa marami sa ating mga may mababang kita, mag-aaral ng Ingles, at kabataan sa bahay-alagaan na mag-aaral na nag-a-access ng internet sa computer na ibinigay sa kanila, isa itong bago at kalugod-lugod na karanasan sa loob ng kanilang lugar na tinitirhan. Kapag pinapahintulutan na ng mga panuntunan sa pampublikong kalusugan at kaligtasan na ganapin ang mga inaalok na pagtuturo sa personal, ang mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita ay patuloy na magkakaroon ng access sa laptop at konektibidad sa internet sa loob ng kanilang mga lugar na tinitirhan.

Nagbibigay sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita ng access sa limang araw na halaga ng almusal, tanghalian, at hapunan. Mayroong access ang mga mag-aaral sa isang tagapayo upang matugunan ang anumang pangangailangan sa pakikipagkapwa at emosyon at suportahan ang mga pangangailangan sa akademikong gabay at pagtatakda ng layunin. Sa lahat ng mga lugar ng paaralan, inihahandog ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa mga anyo ng mga sesyon ng terapiya para sa indibidwal, grupo, at pamilya upang magbigay ng mga nakahanay na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Nagbigay sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita ng mga materyales sa pagtuturo upang suportahan ang pakikibahagi ng mag-aaral sa panahon ng malayuang pag-aaral at bibigyan sila ng kanilang sariling set ng mga kagamitan sa pag-aaral sa sandaling pinapahintulutan na ang mga handog na pagtuturo sa personal. Isinalin ang gabay na aklat sa Malayuang Pag-aaral sa iba't ibang wika upang mapataas ang pagkakaroon ng access para sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles at pamilyang may mababang kita sa pagtamo ng mas malalim na pag-unawa ng mga umiiral na inaasahan at mapagkukunan sa panahon ng malayuang pag-aaral. Nagbigay ng mga programa sa pagbawi sa credit sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita na may direktang suporta ng guro na tinutulungan ang mga mag-aaral sa pakikibahagi sa mga

karanasan sa pagbawi sa credit sa loob ng malayuang pag-aaral. Bumili ng mga recharging cord para sa external na baterya na maaaring gamitin upang i-recharge ang mga laptop para sa mga kabataan sa bahay-alagaan, pamilyang dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, at kabataang walang tumatayong magulang upang mapabuti ang kanilang kakayahan na mapanatiling naka-charge ang kanilang mga device at ma-access ang malayuang pag-aaral at mga online na mapagkukunan. Tatanggap ang mga kabataan sa bahay-alagaan at mga pamilya na dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon ng mas mataas na pagsasanay ngayong taon bilang suporta sa pagpapabuti ng mga serbisyo at suporta na ibinibigay namin sa mga kabataan sa bahay-alagaan sa buong SUSD.

Para sa mga mag-aaral ng Ingles, naganap ang pag-unlad at pagtamo ng wika sa mga pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan at inaasahan sa komunikasyon na nagaganap sa loob ng tradisyonal na personal na kapaligiran ng araw ng pagpasok sa paaralan. Sa loob ng malayuang pag-aaral, ang oportunidad na makasali sa mga pag-uusap at makibahagi sa mga kasama sa mga oras sa pagitan ng mga klase, Pisikal na Edukasyon, pahinga, tanghalian at iba pang karanasan sa loob ng silid-aralan at sa palibot ng kampus ng paaralan ay hindi gaanong naa-access ng mga mag-aaral ng Ingles. Lumilikha ang Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Wika at mga lugar ng paaralan ng mga virtual na grupo para sa tanghalian, oportunidad sa pagpapaunlad ng mag-aaral, pagtitipon ng mga mag-aaral na may parehong interes sa loob ng mga malayuang platform upang magbigay ng ligtas at positibong virtual na espasyo para magkaroon ng mga online na karanasan sa interaksyon at pakikipagkapwa sa pagitan ng mga mag-aaral at kawani. Bago ang malayuang pag-aaral, ang iba't ibang hadlang tulad ng transportasyon, isports, mga iskedyul sa paaralan ng magkakapatid ay pumigil sa access para sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita mula sa pakikibahagi sa mga organisasyon, gawain sa pagpapaunlad bago at pagkatapos ng klase, at mga inaalok na akademikong suporta. Ngayong binibigyan ng laptop ang lahat ng mag-aaral at bumibili ang SUSD ng hot spot ng WiFi para sa bawat mag-aaral, ang mas mataas na access para sa mga mag-aaral para makibahagi sa mga organisasyon, gawain sa pagpapaunlad, sesyon ng pag-tutor, at tulong sa takdang-aralin ay parehong napataas at napabuti sa pamamagitan ng pagbibigay ng konektibidad para sa mga mag-aaral. Ngayon, maaari nang magsama-sama ang mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita upang makibahagi sa akademikong suporta, mga sesyon sa kalusugan ng pag-iisip, mga oportunidad sa kapakanan sa pakikipagkapwa at emosyo, at mga nakatutuwang karanasan sa pakikipagkapwa. Nakatuon ang Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Wika (LDO) sa pagsisilbi sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral ng Ingles (English learner, EL) at nagbibigay ito ng mga patuloy na suporta sa loob ng mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal upang matiyak na may access ang mga mag-aaral ng Ingles sa de-kalidad na unang pagtuturo at mga karanasan sa edukasyon na idinisenyo para suportahan ang mga EL na magkamit ng kahusayan sa Ingles, ang mga akademikong kasanayan at bokabularyo, upang matugunan o mahigitan ang mga pamantayan sa antas ng baitang para sa akademikong tagumpay. Nagbibigay ng karagdagang pakikipag-ugnayan, komunikasyon, at suporta ang mga kawani ng LDO nang may pagtutulongan sa iba pang departamento ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Stockton (SUSD) at mga ahensiya sa labas nito upang matiyak na ibinibigay ang mga nakapalibot na serbisyo para sa pagtugon sa mga hadlang at balakid na kinakaharap ng mga mag-aaral at pamilya sa pamamagitan ng ganap na pamamaraan sa pangangalaga ng bata na may kaalaman sa trauma.

Bilang pagtugon sa mga magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral na may mababang kita, patuloy na pinapataas at pinapabuti ang mga serbisyo sa mga bahagi ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, mga gawi sa katarungang nagpapanumbalik, access sa pag-aalaga, mga serbisyo sa ibinibigay sa mga sentro ng wellness, mga gawing nagpapanumbalik at mga gawi na may kaalaman sa trauma, propesyonal na pagpapaunlad para sa mga kawani, mga workshop sa panlipunan-pandamdaming pagkatuto at kapakanan na nakatuon sa mga estratehiya para maisama ng mga kawani sa mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal, mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, mga akademikong mapagkukunan at suporta, at suporta sa pamamahala ng pag-uugali para sa mga mag-aaral, pamilya, at kawani. Ang mga serbisyo ng Teknikal na Edukasyon sa Karera (Career Technical Education, CTE) at Biswal at Pantanghalang Sining (Visual and Performing Arts, VAPA) at mga programa sa landas ng mataas na paaralan ay pangunahing nakadirekta tungo sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na may mababang kita, kabataan sa bahay-alagaan, at mag-aaral ng Ingles dahil nag-aalok ang mga ito ng mga pamamaraan sa pag-aaral na batay sa mga kasanayan sa kolehiyo at karera, pinabilis, at naibabagay na inaalok sa loob ng platform ng malayuang pag-aaral at mga inaalok na pagtuturo sa personal na tumutulong na mapanatili ang mga mag-aaral na may kinakaharap na magkakaibang panlipunan at akademikong hamon na nakikibahagi at nasa landas ng tagumpay sa loob ng kolehiyo, pag-unlad ng karera, at mga kinakailangang kasanayan para umunlad ang mga mag-aaral sa buhay bilang mga lider sa loob ng kanilang komunidad. Ang serye ng propesyonal na nakatuon sa pagpapaunlad sa implicit bias (hindi namamalayang pagkiling/pagtatangi), pagkakaiba-iba at pagsasama, at pagtuturo at pag-aaral na tumutugon sa kultura at wika, katarungan, at pagbibigay ng de-kalidad na unang pagtuturo ay magpapatuloy sa panahon ng malayuang pag-aaral at kapag pinapahintulutan na ang paglipat sa mga inaalok na pagtuturo sa personal. Patuloy na susuportahan ang mga mag-aaral at pamilya na dumaraan sa pagbabago ng sitwasyon, mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, mag-aaral na may mga natatanging pangangailangan, at mag-aaral na may mababang kita ng Tanggapan ng Pampamilyang Edukasyon at Pakikibahagi (Family Education and Engagement Office), Tanggapan ng Families In Transition at Foster Youth, Tanggapan ng Pagpapaunlad ng Wika, at kawani ng Kapakanan at Pagdalo ng Bata upang matiyak na natatanggap ng mga mag-aaral ang de-kalidad na mga karanasan sa edukasyon sa loob ng malayuang pag-aaral, mayroon silang konektibidad na kinakailangan para ma-access ang malayuang pag-aaral, nababati nila at sinusuportahan sila sa pag-access ng mga mapagkukunang inaalok sa loob ng Distrito at ang mas malawak na lungsod, at patuloy na magbibigay ng mga mapagkukunan tulad ng mga workshop at pagsasanay para sa kahandaan sa trabaho, mga serbisyo para sa well-being ng klinika sa kalusugan, mga token para sa bus, pagkain, mga kagamitan sa pag-aaral para sa pagtuturo, suporta sa pag-access ng pang-emergency na pabahay, mga serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon, at iba pang kinakailangang serbisyo sa loob ng pag-aaral mula sa mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal.

Ang isa pang pagpapabuti na kahanay ng konektibidad at pamamahagi ng teknolohiya sa loob ng lugar na tinitirhan ng mga nakatalang mag-aaral ay para magkaroon ng access ang ating mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mga pamilya ng mag-aaral na may mababang kita sa mga virtual na platform para sa mga pagpupulong ng paaralan, workshop ng distrito, at kaganapan na nagpapahintulot sa mas malawak na pakikilahok ng mga pamilya na hindi nagagawang makadalo sa mga kaganapan at inaalok na personal na aktibidad sa distrito dahil sa isang hadlang o iba pang dahilan. Lumikha rin ang SUSD ng maaaring ma-access na site ng mapagkukunan ng pamilya, sa pamamagitan ng pag-click sa icon ng kamay na makikita sa mga web page, makikita sa homepage ng SUSD at lahat ng mga web page ng lugar ng paaralan, na nagbibigay ng library o koleksiyon ng mga mapagkukunan at impormasyon para magamit ng mga pamilya. Bilang pangunahing pagtugon sa mga pangangailangan ng mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at pamilyang may mababang kita, lumikha ang SUSD ng mga library ng video ng mga inaalok na workshop, pagsasanay, at propesyonal na pagpapaunlad sa iba't ibang wika upang ma-access ng mga pamilya, mag-aaral, at kawani ang mga mapagkukunan at mabalikan ang impormasyong ibinahagi sa mga oras na naaayon sa kanilang mga iskedyul. Mayroon nang kakayahan ang mga magulang at tagapagalaga na sumali sa mga pagpupulong mula sa lokasyong maginhawa para sa kanila at tumataas ang kanilang pakikilahok sa pagdagdag ng kanilang boses sa mga proseso ng pagpapalano ng paaralan at mga pangangailangang kahanay ng kanilang mga anak. Ang mga virtual na silid para sa pag-tutor, tulong sa takdang-aralin, at isang virtual na espasyo para sa paghinahon ay ang ilan sa mga virtual na inaalok na ibinibigay sa mga mag-aaral, pamilya, at kawani na nagpapakita ng mas pinataas at pinabuting serbisyo na nagpapataas ng access sa akademikong paglago at mga serbisyo sa pagpapaunlad ng pakikipagkapwa at emosyon. Nagkakaroon din ng virtual na oras ng operasyon ng lugar ng paaralan sa gabi upang magbigay ng oportunidad para sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at pamilyang may mababang kita na magtanong, tumanggap ng suporta, at mabigyan ng impormasyon tungkol sa kung paano i-access ang mga mapagkukunang ibinibigay mula sa mga miyembro ng kawani at pangasiwaan ng lugar sa mga lugar ng paaralan sa buong distrito na nakatuon sa katarungan at access.

Nagkaroon ng mga insentibo sa pagdalo at mga intensiyonal na pang-araw-araw, lingguhan, at buwanang sistema ng pakikipag-ugnayan sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita bilang suporta sa pagpapalakas ng kahalagahan ng pagdalo ng mga mag-aaral sa malayuang pag-aaral at pakikibahagi sa magkakasabay at hindi magkakasabay na pag-aaral araw-araw. Estratehikong makikipag-ugnayan ang mga kawani sa mga pamilya upang matiyak na nakikibahagi ang mga mag-aaral sa mga inaalok na malayuang pag-aaral at pagtuturo sa personal, at magpapanatili ang kawani sa pagtuturo ng lingguhang talaan ng pakikibahagi para sa bawat mag-aaral na nagtatala ng magkakasabay at hindi magkakasabay na pagtuturo para sa buo o bahagi ng araw ng malayuang pag-aaral, nagpapatunay sa pang-araw-araw na pakikilahok, at sumusubaybay sa mga takdang-aralin. Tutulong ang prosesong ito sa pagsuporta sa pagsubaybay sa pagsulong ng mga pinagtutuunang grupo ng mag-aaral at nagbibigay ng pagsasama ng mga nakahanay na suporta upang matugunan ang anumang hadlang sa pagdalo ng mag-aaral sa pang-araw-araw na pagtuturo at pag-access sa mga karanasan sa pag-aaral. Nagbibigay ang mga serbisyo sa pagpapayo at gabay sa mga kabataan sa bahay-alagaan, mag-aaral ng Ingles, at mag-aaral na may mababang kita ng suporta sa pakikipagkapwa at emosyon na nakatuon sa pagsuporta sa mga mag-aaral at pagtugon sa mga hamon para sa tuloy-tuloy na pang-araw-araw na pagdalo sa pamamagitan ng paglikha ng mga nakapalibot na mga serbisyo sa mag-aaral gamit ang pagbuo ng mga ugnayang makatarungan, may kaalaman sa trauma, at may pagtitiwala habang tinitiyak na natutugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa loob at sa labas ng kapaligiran ng silid-aralan; ang gawain ng pagtugon sa mga pangangailangan ng pinagtutuunang grupo ng mag-aaral ay malawak ang saklaw at nagbibigay ng tulong sa pagsuporta sa tagumpay ng mag-aaral sa pagdalo ng mag-aaral, mga positibong direksiyon ng pag-uugali, pagtakda at paglago ng akademikong layunin, at pagtatapos.